
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2011

# Liahona



## Pagsunod sa Panawagan ng Propeta na Magligtas, mga pahina 14, 20, 32

**Paano Tutulungan ang mga Bata na Madamang Ligtas Sila, p. 16**

**Dinadala Ka Ba ng mga Kaibigan Mo kay Cristo? p. 52**

**Paglilingkod na tulad ni Ammon, mga pahina 70, 72**



REGALO NG AVALON FOUNDATION, SA KAGANDAHANG-LOOB NG BOARD OF TRUSTEES, NATIONAL GALLERY OF ART WASHINGTON, D.C., USA

*Ang Pagbabalik ng Alibughang Anak,* ni Bartolomé Esteban Murillo

*Nang matanto ng alibughang anak na siya ay nagkasala, mapagpakumbaba siyang bumalik sa kanyang ama at sinabi, "Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo" (Lucas 15:21). Ngunit tinanggap siya ng kanyang ama at nagagalak nitong sinabi, "Sapagka't patay na ang anak kong ito, at muling nabuhay; siya'y nawala, at nasumpungan" (talata 24). Gayundin, may galak sa langit kapag tayo ay nagsisisi.*

# Liahona, Pebrero 2011



## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Anong Laki ng Inyong Kagalakan**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagpapanumbalik ng Lahat ng Bagay**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


14 **Siya na Naligtas ay Naging Tagaligtas**
Ni Betsy Doane
*Puno ng pasakit at adiksyon ang buhay ko hanggang sa makilala ko ang isang taong nagtanong sa akin kung narinig ko na ang tungkol sa mga Mormon.*

24 **Matutong Pakinggan at Unawain ang Espiritu**
Ni David M. McConkie
*Paano makinig kapag nangusap ang Espiritu.*

28 **Paghahayag: Paisa-isang Patak**
*Nakatulong ang paghahayag para makarating ang patotoo ng isang binatilyo mula rito hanggang langit.*

30 **Paghahayag: Bumubuhos Mula sa Langit**
*Mabilis na bumubuhos ang kaalaman kapag handa tayo.*

32 **Mga Talinghaga ng mga Naligaw at Natagpuan**
*Ano ang pagliligtas? Ito ay pagpapatawad, pagtulong, at pagtanggap sa bumalik.*


## MGA BAHAGI


8 **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

11 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Ang Kanyang Biyaya ay Sapat**
Ni Kimberlee B. Garrett

12 **Ang Ating Paniniwala: Ginagawang Posible ng Pagbabayad-sala ang Pagsisisi**

16 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagtulong sa mga Bata na Madamang Ligtas Sila**
Ni Shawn Evans


20 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Pagpapalakas sa Di-Gaanong Aktibo**
Ni Pangulong Boyd K. Packer

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Isang Upuan sa Piging ng Kasintahang Lalaki**
Ni Melissa Merrill

**SA PABALAT**
Harap: *Alibughang Anak,* ni Liz Lemon Swindle, Foundation Arts, hindi maaaring kopyahin. Likod: *Nawawalang Piraso ng Pilak,* ni J. Kirk Richards.

## MGA YOUNG ADULT





**42 Mga Young Adult at Family Home Evening**
*Ipinaliwanag ng ilang young adult ang mga pagpapala na agad na dumarating at darating sa pakikibahagi sa family home evening.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Tumigil.***




## MGA KABATAAN


**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*"Pakiramdam ko ay nag-iisa ako sa simbahan. Paano ko madaramang kabilang ako?"*

**48 Paano Ko Nalaman: Masarap ang Mensahe**
Ni Anthony X. Diaz


**51 Tapat na Pagbabayad ng Ikapu, Isang Malaking Pagpapala**
Ni Oscar Alfredo Benavides
*Nagtatrabaho ako at nag-iipon para sa aking misyon, ngunit hindi sasapat ang maliit kong sahod.*

**52 Saan Kayo Dadalhin ng *Inyong* mga Kaibigan?**
Ni John Bytheway
*Inaakay tayo ng mabubuting kaibigan kay Jesucristo.*

**54 Ang Ebanghelyo ay para sa Lahat**
Ni Elder Carlos A. Godoy
*Maaantig ng Espiritu ang sinuman; walang ideyal na katangian para sa isang maaaring maging miyembro ng Simbahan.*

**57 Poster: Pag-isipan ang Kawalang-Hanggan**

**58 Nang Ako ay Parang Hindi Nakikita**
Hindi ibinigay ang pangalan


## MGA BATA





**60 Dapat Magtulungan ang Magkapatid**
Ni Adam C. Olson
*Ibinabahagi ng dalawang magkapatid sa Peru ang mga bagay na pinakamahalaga.*

**62 Bubuhatin Ka Namin**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
*Kapag malubha ang sakit ni Jami para maglakad, ano ang magagawa ng kanyang mga kaibigan?*

**64 Oras ng Pagbabahagi: Itinuturo ng mga Banal na Kasulatan ang Plano ng Ama sa Langit**
Nina Ana Marie Coburn at Cristina Franco

**66 Ang Ating Pahina**

**68 Ang Gagamba at ang Marahan at Banayad na Tinig**
Ni Joshua W. Hawkins
*Kaharap ang isang gagamba, nagpasalamat si Britton sa tinig na nagbabala.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**PEBRERO 2011 TOMO 14 BLG. 2**
**LIAHONA 09682 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Julie Wardell
**Senior na Sekretarya:** Laurel Teuscher

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Staff sa Disenyo at Produksyon:** Cali R. Arroyo, Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Thomas S. Child, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Eric P. Johnsen, Denise Kirby, Scott M. Mooy, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)


© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
February 2011 Vol. 14 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Impormasyon Online
Liahona.lds.org




## PARA SA MATATANDA


Bago siya sumapi sa Simbahan, si Betsy Doane ay lulong sa droga at alak. Ngayon bilang service missionary ng Simbahan, tinutulungan niyang masunod ng iba ang 12 hakbang ng **programa ng Simbahan sa paggaling mula sa adiksyon** (tingnan sa pahina 14). Ang workbook ng programa ay makukuha sa maraming wika sa www.recoveryworkbook.lds.org.

## PARA SA MGA KABATAAN



May maituturo sa atin ang **mga kuweba at talon sa Honduras** tungkol sa pagtanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa mga pahina 28, 30). Para makita ang iba pang mga retrato mula sa Honduras, bisitahin ang www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA BATA



**Tingnan kung gaano karaming tupa ng hari ang mahahanap ninyo** sa pahina 72. Pagkatapos ay maglaro ng katulad na laro sa www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA

Ang Liahona at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Biyaya,*** *11*
***Espiritu Santo,*** *24*
***Family home evening,*** *42, 79*
***Gawaing misyonero,*** *4, 14*
***Home teaching,*** *40*
***Ikapu,*** *41, 51*
***Jesucristo,*** *11, 12, 73*
***Kamatayan,*** *58*
***Kapatawaran,*** *12, 39*
***Mga bata,*** *16*
***Musika,*** *8, 9*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *64, 80*
***Pagbabalik-loob,*** *14, 48, 54*
***Paghahayag,*** *24, 28, 30, 40, 68*
***Paghihirap,*** *16*
***Pagiging magulang,*** *16*
***Pagkakaibigan,*** *46, 52, 58*
***Paglikha,*** *73*
***Paglilingkod,*** *62, 70*
***Pagpapaaktibo,*** *20, 32, 40*
***Pagsisisi,*** *11, 12, 14, 48*
***Pagsunod,*** *24, 80*
***Pakikisalamuha,*** *46*
***Pamilya,*** *16, 60*
***Pamumuno,*** *20*
***Panalangin,*** *30, 38, 60*
***Pangkapakanan,*** *10*
***Plano ng kaligtasan,*** *64*
***Relief Society,*** *7*
***Visiting teaching,*** *7, 32, 38*
***Word of Wisdom,*** *14*

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# ANONG LAKI NG INYONG Kagalakan

May ilang kagalakan sa buhay na mas matamis at mas nagtatagal kaysa pagkaalam na nakatulong kayo sa iba na itanim sa puso nila ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagkakaroon ng kagalakang iyon ay pagkakataon ng bawat miyembro ng Simbahan. Nang tayo ay binyagan, nangako tayong "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang [tayo] ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang [tayo] ay magkaroon ng buhay na walang hanggan"(Mosias 18:9).

Tinatanggap ng lahat ng miyembro ang bahagi nila sa utos na ibinigay sa Simbahan na dalhin ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mundo, saanman sila nakatira at habang sila ay nabubuhay. Malinaw na sinabi ng Panginoon: "Masdan, isinugo ko kayo upang magpatotoo at balaan ang mga tao, at nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa" (D at T 88:81). Ang mga full-time missionary ay dapat magkaroon ng kakayahang turuan ang mga hindi pa miyembro ng Simbahan. Ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat magkaroon ng kakayahang hanapin ang mga taong inihanda ng Panginoon para turuan ng mga misyonero.

Kailangan nating sumampalataya na inihanda na ng Panginoon ang mga tao sa paligid natin para turuan. Kilala Niya kung sino sila at kailan sila handa, at maaakay Niya tayo sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo at ituturo ang ating sasabihin para maanyayahan silang magpaturo. Ang pangako ng Panginoon sa isang misyonero noong 1832 ay pangako rin Niya sa atin sa utos na maghanap tayo ng mga taong handa para maturuan ng mga misyonero: "Aking ipadadala sa kanya ang Mang-aaliw, na magtuturo sa kanya ng katotohanan at ng daan saan man siya magtutungo; at habang siya ay matapat, siya ay aking muling puputungan ng mga bigkis" (D at T 79:2–3).

At ang pangakong malaking kagalakan para sa matapat na misyonero ay atin din bilang matatapat na miyembrong nagbigay ng ating puso sa gawaing misyonero:

"At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!

"Masdan, nasa inyo ang aking ebanghelyo, at ang aking bato, at ang aking pagliligtas.

"Humingi sa Ama sa aking pangalan, nang may pananampalataya na naniniwalang kayo ay makatatanggap, at mapapasainyo ang Espiritu Santo, na nagpapahayag ng lahat ng bagay na kinakailangan ng mga anak ng tao" (D at T 18:16–18).

Bukod pa sa Espiritu Santo na tumutulong sa atin na makilala at maanyayahan ang mga taong handang maturuan, tumawag at nagsanay ang Panginoon ng mga lider na papatnubay sa atin. Sa isang liham na may petsang Pebrero 28, 2002, dinagdagan ng Unang Panguluhan ang responsibilidad ng mga bishop at ward sa gawaing misyonero.[1] Sa tulong ng ward o branch council, gumagawa ng plano ang priesthood executive committee tungkol sa gawaing misyonero para sa ward o branch. Nasa planong iyan ang mga mungkahi kung paano makahahanap ang mga miyembro ng mga taong handang magpaturo sa mga misyonero. May isang taong tinawag bilang ward o branch mission leader. Ang mission leader ay nakikipag-ugnayang





mabuti sa mga full-time missionary at sa kanilang mga investigator.

Napakaraming paraan para mas matugunan ninyo ang inyong personal na obligasyon na tumulong sa paghahanap ng mga taong tuturuan ng mga misyonero. Ang pinakasimpleng paraan ang pinakamainam.

Ipanalangin na mapatnubayan ng Espiritu Santo. Kausapin ang mga lider at misyonero sa inyong lugar, at hingan sila ng mga mungkahi at mangakong tutulong kayo. Hikayatin ang mga kasama ninyo sa gawaing ito. At patotohanan sa lahat ng oras sa inyong salita at gawa na si Jesus ang Cristo at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin.

Pinatototohanan ko na aakayin kayo ng Espiritu Santo sa mga taong naghahanap ng katotohanan kapag nanalangin at nagsikap kayo para sa patnubay na iyan. At alam ko mula sa sarili kong karanasan na magiging walang hanggan ang inyong kagalakan sa mga taong piniling tanggapin ang ebanghelyo sa kanilang puso at nagtiis nang may pananampalataya. ■

**TALA**

1. Tingnan sa "Mga Balita sa Simbahan: Gawaing Misyonero sa Ward at Branch Binigyang-diin," *Liahona,* Ago. 2002, 4.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

- Tinagubilinan tayo sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* na hikayatin ang mga tinuturuan natin na magtakda ng mga mithiing makatutulong sa kanila na ipamuhay ang mga alituntuning kanilang natutuhan (tingnan sa pahina 211–212). Kasama ang pamilya, pag-isipang tukuyin ang mga pagpapala ng gawaing misyonero na binanggit ni Pangulong Eyring at, kung nakadama ng pahiwatig, anyayahan ang pamilya na magtakda ng mga mithiin sa pagbabahagi ng ebanghelyo.
- Pag-isipang magpalitan ng mga ideya sa pamilya tungkol sa mga paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo, na inaalala ang payo ni Pangulong Eyring na "ang pinakasimpleng paraan ang pinakamainam." Para higit na matuto tungkol sa pagpapalitan ng mga ideya, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* pahina 212–213.

PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

# MGA KABATAAN



## Ang Maraming Misyonero sa Buhay Ko

Ni Elizabeth S. Stiles

Sa unang Linggo ng pagsisimba ko kasama ang mga misyonero, nakilala ko ang mga kababata ko at kakilala ko sa komunidad. Nakita ko ang isa sa mga pinakamatalik kong kaibigan sa eskuwelahan, ang mga secretary noong elementary at high school, ang batang babaeng hindi ko pinakitunguhan nang maganda noong araw, pati na ang binatilyo na dati kong crush.

Bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng habambuhay na epekto sa akin. Ang matalik kong kaibigan ay isang dalagitang may matatag na integridad, at dahil sa kanya pinili kong patuloy na siyasatin ang Simbahan. Tinulungan ako ng mga secretary na nakaalala na naging kaeskuwela nila ako na malaman ko na ako ay mahalaga. Nalaman ko ang tungkol sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa mula sa dalagitang tumanggap sa akin kahit hindi ko siya pinakitaan ng mabuti noong araw. Nagpakita ng napakagandang halimbawa ang dati kong crush, kaya nakita ko ang kanyang liwanag at ninais kong makasama siya.

Ang mga karanasang ito ay nakatulong sa akin para malaman, bago ko pa man nakausap ang mga misyonero, na inihanda ako ng Ama sa Langit na tanggapin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga taong inilagay Niya sa paligid ko. Mula sa kanila ay nalaman kong malaki ang epekto ng maliliit na bagay na ginagawa natin. Higit sa lahat, nalaman ko na ang gawaing misyonero ay sa akin nagsisimula.

# MGA BATA

## Ang Ebanghelyo—Isang Kaloob na Maibabahagi

Ang ibig sabihin ng salitang *ebanghelyo* ay lahat ng mga turo at ordenansang ibinigay sa atin ni Jesucristo at ng Kanyang mga propeta. Ang ebanghelyo ay tulad ng isang basket na puno ng mga kaloob mula sa Ama sa Langit. Makatutulong kayo sa pagbibigay ng mga kaloob na ito sa ibang tao. Kanino ninyo maaaring ibahagi ang kaloob na ebanghelyo?

Pagtugmain ang mga talata ng banal na kasulatan at mga larawan ng ilan sa mga kaloob na kabilang sa ebanghelyo. Isulat sa bawat larawan ang bilang ng katugma nitong banal na kasulatan.

1. Santiago 5:14–15
2. Mosias 16:6–7
3. 3 Nephi 18:1–10
4. D at T 20:72–73
5. D at T 33:16
6. D at T 89:4, 18–21
7. D at T 132:46
8. D at T 137:10
9. D at T 138:32–34



DULONG KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP; KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

# Pagpapanumbalik ng Lahat ng Bagay

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Itinatag ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society bilang mahalagang bahagi ng Simbahan. Bilang panguluhan, umaasa kami na matutulungan namin kayong maunawaan kung bakit ninyo kailangan ang Relief Society sa inyong buhay.

Alam natin na ang mga babae sa LumangTipan ay nagpakita ng pananampalataya kay Jesucristo at nakibahagi sa Kanyang gawain. Sa Lucas 10:39 ikinuwento roon na si Maria ay "naupo . . . sa mga paanan [ni Jesus], at [pinakinggan] ang kaniyang salita." Sa Juan 11:27 ay nagpatotoo si Marta tungkol kay Cristo: "Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan." Ikinuwento sa Mga Gawa 9:36, 39 ang "isang alagad . . . na nagngangalang Tabita . . . puspos ng mabubuting gawa. . . . At siya'y niligid ng lahat ng mga babaing bao . . . ipinakikita ang mga tunika at ang mga damit na ginawa [niya]." Si Febe sa Mga Taga Roma 16:1–2, ay "lingkod sa iglesia" at "katulong ng marami."

Ang mga huwarang ito ng pananampalataya, patotoo, at paglilingkod ay nagpatuloy sa Simbahan sa mga huling araw at naging pamantayan nang itatag ang Relief Society. Itinuro ni Julie B. Beck, Relief Society general president: "Tulad ng pag-anyaya ng Tagapagligtas kina Maria at Marta sa Bagong Tipan na lumahok sa Kanyang gawain, ang kababaihan ng dispensasyong ito ay inaatasang lumahok sa gawain ng Panginoon. . . . Ang organisasyon ng Relief Society noong 1842 ang nagpakilos sa sama-samang lakas ng kababaihan at sa partikular nilang mga atas sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon."[1]

Naisasakatuparan natin ang ating gawain kapag nagtuon tayo sa mga layunin ng Relief Society: pag-ibayuhin ang pananampalataya at sariling kabutihan, palakasin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan.

Pinatototohanan ko na ang Relief Society ay inorganisa ng langit upang makatulong sa gawain ng kaligtasan. Bawat miyembro ng Relief Society ay may mahalagang papel na gagampanan sa pagsasakatuparan ng sagradong gawaing ito.

***Silvia H. Allred, unang tagapayo sa Relief Society general presidency.***

## *Ano ang Maaari Kong Gawin?*

**1.** Anong tulong ang maibibigay ko sa aking mga kapatid sa buwang ito na nagpapakita ng pananampalataya ng mga babaeng disipulo ni Jesucristo?

**2.** Anong turo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ang pag-aaralan ko upang mapalakas ang aking patotoo sa buwang ito?

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.reliefsociety.lds.org.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Itinuro ni Sister Beck na "nalaman natin mula kay Propetang Joseph Smith na ang Relief Society ay isang pormal na bahagi ng Panunumbalik."[2] Ang panunumbalik ay nagsimula sa Unang Pangitain noong 1820 at nagpatuloy nang "taludtod sa talutod, utos sa utos" (D at T 98:12). Nang pormal na itatag ang Relief Society noong Marso 17, 1842, itinuro ng Propeta sa kababaihan ang kanilang mahalagang papel sa ipinanumbalik na Simbahan. Sabi niya, "Nang maorganisa ang kababaihan ay noon lamang ganap na nabuo ang organisasyon ng Simbahan."[3]

**MGA TALA**

1. Julie B. Beck, "Pagsasakatuparan ng Layunin ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2008, 108.
2. Julie B. Beck, "Pagsasakatuparan ng Layunin ng Relief Society," 108.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 528.

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Joel 2:28–29; Lucas 10:38–42; Mga Taga Efeso 1:10



SI JESUS SA TAHANAN NINA MARIA AT MARTA, NI MINERVA K. TEICHERT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY MUSEUM OF ART

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

**ANG KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG PANIG NG DAIGDIG**

## Brazil

Nang mandayuhan sa Brazil si Max Richard Zapf mula sa Germany noong 1913, limang taon na siyang miyembro at siya ang nakilalang unang miyembro ng Simbahan sa Brazil. Matapos humiling ng mga materyal ang isang pamilyang Brazilian mula sa headquarters ng Simbahan, bumisita ang mission president ng South American Mission sa Brazil noong 1927 at nagpadala ng mga misyonero noong 1928. Ang unang misyon ay nilikha sa São Paulo noong 1935, at pagsapit ng 1939 nailathala na ang Aklat ni Mormon sa wikang Portuges.

Ang unang templo sa South America ay inilaan sa São Paulo noong 1978, noong katatapos lamang ipahayag ang tungkol sa pagkakaloob ng priesthood sa lahat ng mga lalaking karapat-dapat. Ang ikalawang pinakamalaking missionary training center ng Simbahan, na nasa São Paulo, ay inilaan noong 1997.

Ang Brazil ang ikatlong bansa (kasunod ng Estados Unidos at Mexico) na umabot sa isang milyon ang mga miyembro.

| ANG SIMBAHAN SA BRAZIL | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 1,102,428 |
| Mga Mission | 27 |
| Mga Stake | 230 |
| Mga Ward at Branch | 1,884 |
| Mga Templo | 7, kabilang na ang Manaus at Fortaleza Brazil Temple, na ibinalita o kasalukuyang itinatayo |



## Bakit Kailangang Kumanta?

Ang pagkanta ng mga himno ay makapag-aanyaya sa Espiritu sa mga miting natin sa Simbahan, sa ating tahanan, at sa ating pang-araw-araw na buhay. Itinuro ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961) ng Unang Panguluhan na, "Napapalapit tayo sa Panginoon sa pamamagitan ng musika kaysa marahil sa alinmang bagay maliban sa panalangin."[1]

Ang Simbahan ay naglaan ng Web site para ma-access ang mga himno (makukuha sa wikang Ingles, Pranses, Portuges, at Espanyol). Ang music.lds.org ay kinabibilangan ng mga tagubilin sa pagkumpas ng musika at pagtugtog ng mga himno gamit ang mga keyboard at mga mungkahi rin sa pagpili ng angkop na mga himno para sa sacrament meeting.

Ang musika at mga titik ay maaaring basahin, i-download, o patugtugin nang direkta sa Web site, na lalong makatutulong sa mga miyembrong walang piano o keyboard.

Ang musika ay magagamit sa tahanan gayundin sa simbahan. Ipinayo ng Unang Panguluhan: "Turuan ninyo ang inyong mga anak na mahalin ang mga himno. Awitin ang mga ito tuwing Sabbath, sa [family home evening], tuwing nag-aaral ng banal na kasulatan, tuwing oras ng panalangin. Umawit habang kayo'y nagtatrabaho, habang kayo'y naglalaro, at habang kayo'y sama-samang naglalakbay."[2] Ang mga himno ay makapaghahatid ng diwa ng pagmamahal at pagkakaisa sa tahanan.

**MGA TALA**

1. J. Reuben Clark Jr., sa Conference Report, Okt. 1936, 111.
2. *Mga Himno,* viii.

LARAWAN NG SÃO PAULO BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI MATTHEW REIER; *ANG MABUTING SAMARITANO,* NI JOSEPH BRICKEY

# Napalakas ng Isang Himno



Nagpasiya akong lumaban kasama ang mga katrabaho ko sa isang marathon sa Western Cape, South Africa. Nagpraktis ako at nagpagod nang husto sa paghahanda para sa paligsahan.

Sa araw ng paligsahan, gumising ako, binasa ang aking mga banal na kasulatan, at nagdasal. Kinakabahan ako noon, ngunit nadama ko rin na kailangan kong magtiwala sa Panginoon. Alam ko na kung magtitiwala ako, bibigyan Niya ako ng lakas at suporta.

Pinaglakad o pinatakbo kami nang 40 kilometro (25 milya). Nagsimula kami nang alas-8:00 n.u. Malamig ang panahon at medyo maulan noon, kaya't sa simula ay nasiyahan akong maglakad at walang naging problema. Ngunit nang mga 10 kilometro na lang ang layo sa finish line, naging napakahirap ng paligsahan para sa akin. Nabanat ang kalamnan sa isa kong binti, at nagpaltos ang paa ko. Gusto ko nang sumuko. Pagkatapos ay sinimulan kong kumanta ng isang himno:

*Ako'y kapiling, kung kaya't*
*h'wag mangamba,*
*Ako'y inyong Diyos na tutulong*
*sa t'wina.*
*Itataguyod at lakas ay*
*iaalay, . . .*
*Kamay ko ang s'yang sa inyo'y*
*maggagabay.*
("Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47)


Paulit-ulit na pumasok sa isipan ko ang mga titik ng himno at iniangat ang aking mga paa at natapos ko ang paligsahan sa bisa ng himno ng Panginoon.

Itinuro sa akin ng karanasang ito na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay tungkol sa pagtitiis. Ito ay tulad ng paglakad o pagtakbo sa isang paligsahan. Kung minsan ay napapagod tayo, nagpapahinga, at muling naglalakad. Hindi tayo pinababayaan ng Ama sa Langit kahit ilang beses tayong madapa; ang mahalaga sa Kanya ay kung ilang beses tayo tumayo at muling naglakad. Ang Kanyang ebanghelyo ay tungkol sa pagtapos sa paligsahan.

**Khetiwe Ratsoma, South Africa**

SA MGA SALITA NG MGA LIDER NG SIMBAHAN

# Pangalagaan ang mga Maralita





"Sa buong kasaysayan, hinatulan ng Panginoon ang mga lipunan at mamamayan ayon sa pangangalaga nila sa mga maralita. Sinabi niya:

"'Sapagkat ang lupa ay sagana, at may sapat at matitira; oo, aking inihanda ang lahat ng bagay, at ibinigay sa mga anak ng tao na maging mga kinatawan ng kanilang sarili.

"'Samakatwid, kung sinuman ang kukuha sa kasaganaan na aking ginawa, at hindi nagkakaloob ng kanyang bahagi, alinsunod sa batas ng aking ebanghelyo, sa mga maralita at nangangailangan, siya, kasama ng masasama, ay magtataas ng kanyang mga mata sa impiyerno, dahil sa paghihirap' (D at T 104:17–18; tingnan din sa D at T 56:16–17).

"Bukod dito, ipinahayag Niya, 'Sa inyong mga temporal na bagay kayo ay magiging pantay-pantay, at ito ay hindi nang laban sa kalooban, kung hindi ang kasaganaan ng mga pagpapatunay ng Espiritu ay ipagkakait' (D at T 70:14; tingnan din sa D at T 49:20; 78:5–7).

"Kontrolado natin ang paggamit ng ating pera at kabuhayan, ngunit mananagot tayo sa Diyos sa pangangasiwang ito sa mga bagay sa daigdig. Nakasisiyang makita ang inyong pagiging bukas-palad sa mga handog-ayuno at proyektong pangkawanggawa. Sa paglipas ng mga taon, napagaan ang pagdurusa ng milyun-milyong katao, at di-mabilang ang iba pa na natulungan ang kanilang sarili dahil sa pagiging bukas-palad ng mga Banal. Gayunman, sa pagsusulong ng kapakanan ng Sion, dapat nating pag-isipan nang may panalangin kung ginagawa natin ang nararapat at lahat ng ipinagagawa ng Panginoon sa atin para sa mga maralita at nangangailangan."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa Sion ay Magsitungo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2008, 39.**

Sinisikap ng programang tulong-pantao ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na paunlarin ang buhay ng mga nangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, malinis na tubig, pangangalaga sa mata o paningin, mga wheelchair, bakuna, at pagtugon sa emergency. Mula sa mga simpleng simulain, lumaganap ang programa sa paglipas ng mga taon upang tulungan ang milyun-milyong katao sa buong mundo.



**Huling bahagi ng 1920s:** Nagtatag ng mga welfare farm. Inimbak ang mga ani sa mga storehouse.



**1932:** Itinayo ang unang planta ng mga pagkaing de-lata.


**1936:** Nabuo ang General Church Welfare Committee. Labing-apat na welfare region ang nilikha upang pamahalaan ang mga aktibidad na pangkawanggawa sa buong mundo.

**1936:** Itinatag ang unang opisyal na employment center.

**1936–1940:** Nagsimula ang mga proyekto sa produksyon, kabilang na ang isang sawmill, tannery, planta ng pasta, pagde-de-lata ng salmon, pagde-de-lata ng peanut butter, paggawa ng sabon, at pagbobote ng gatas.



**1937:** Ang unang regional storehouse ay itinayo sa Salt Lake City.



**1938:** Ang pagtatayo ay nagsimula sa Welfare Square, kabilang na ang isang mataas na gusaling imbakan ng mga butil at isang central storehouse.

**1938:** Ang unang Deseret Industries thrift store ay nagbukas sa Salt Lake City.

**1940:** Natapos ang pagtatayo sa Welfare Square.

**1945:** Nagpadala ang Simbahan ng napakaraming pagkain, damit, at iba pang mga suplay sa naghihirap na mga miyembro sa Europa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**1960:** Natapos ang bagong planta ng de-latang pagkain at plantang nagpoproseso ng gatas sa Welfare Square.

**1970s:** Pinalawak ng Simbahan ang mga proyektong pangkawanggawa at produksyon sa Mexico, England, at Pacific islands.

**1973:** Ang LDS Social Services (ngayon ay LDS Family Services) ay nilikha bilang isang opisyal na korporasyon ng Simbahan.

**1976:** Sinimulang palakihin ng Simbahan ang mga storehouse sa lahat ng dako ng Canada at Estados Unidos. Ibinalita rin na palalawakin ang mga planta ng mga pagkaing de-lata at pasilidad para sa produksyon.



**1982:** Binisita ng pangulo ng Estados Unidos na si Ronald Reagan ang Welfare Square.



**1985:** Sinimulan ng Simbahan na maglaan ng malinis na balon ng tubig sa Africa, na nagpasimula sa malaganap na pagtulong ng Simbahan sa mga tao sa buong mundo.

**1990s:** Ang Latter-day Saint Humanitarian Center ay itinayo upang magbukud-bukod at mag-impake ng mga sobrang damit at iba pang mga suplay, kabilang na ang mga suplay pangmedikal, para ipadala sa iba't ibang dako ng mundo sa pagtugon sa kahirapan at mga kalamidad.



**2002:** Sinimulan ng LDS Charities ang mga inisyatibo sa wheelchair, malinis na tubig, at neonatal resuscitation.

**2003:** Nakiisa ang LDS Charities sa pandaigdigang inisyatibo sa paglaban sa tigdas at nangakong magbibigay ng isang milyong U.S. dollars bawat taon bilang suporta sa kampanya. Nagsimula rin ang pandaigdigang inisyatibo sa panggagamot ng mata o paningin.

**2010:** Pinasimulan ng LDS Charities ang inisyatibong pag-ibayuhin ang produksyon ng pagkain at nutrisyon sa ilan sa mga pinakamahirap na bansa sa mundo. Naganap ang groundbreaking para sa bagong 600,000-talampakang-kuwadrado (56,000 m$^2$) na Bishop's Central Storehouse sa Salt Lake City.

DULONG KALIWA (MULA ITAAS): TATLONG LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH WELFARE DEPARTMENT; LARAWANG KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN; KALIWA (MULA ITAAS): LARAWANG KUHA NI GERRY AVANT, *DESERET NEWS*; LARAWANG KUHA NI HOWARD M. COLLETT; LARAWAN © ROSA PENA

# ANG KANYANG BIYAYA AY SAPAT

**Ni Kimberlee B. Garrett**


Tulad ng maraming tao, halos buong buhay ko ay hirap akong kilalanin ang kabuluhan ko. Maraming taon ko nang pinoproblema ang mabigat kong timbang, na nakadagdag sa hindi maganda kong nararamdaman. Kahit nabawasan na ang timbang ko at pinangangalagaan na ang aking kalusugan, paminsan-minsan ay hirap pa rin akong labanan ang mga hindi magandang naiisip at damdaming iyon.

Isang umaga lungkot na lungkot ako at inisip ko kung paano ko mapagaganda ang sitwasyon. Sinimulan kong magdasal at humingi ng tulong sa Ama sa Langit na mapaglabanan ko ang nadarama kong kakulangan. Habang nagdarasal, naisip ko ang banal na kasulatang ito: "Kung kayo ay walang pag-asa kayo ay talagang nasa kabiguan; at ang kabiguan ay dumarating dahil sa kasamaan" (Moroni 10:22).

Ang *kasamaan* ay tila napakabigat na salita, kaya nga noong una ay inalis ko iyon sa aking isipan dahil wala akong maisip na ginawa kong maling-mali. Gayunman, hindi pa rin iyon matanggal sa isip ko, kaya nagdasal ako, tulad ng bilin ni Moroni, na ipakita sa akin ng Ama sa Langit ang aking kahinaan para mapalakas ito (tingnan sa Eter 12:27).

Naalala ko ang tatlong pangyayari dalawang araw bago iyon nang mawalan ako ng pasensya sa mga anak ko. Inuna ko ang sarili kong damdamin at pangangailangan kaysa kanila at hindi ako naging sensitibo sa kanilang damdamin. Hindi maganda ang naging pakiramdam ko at nagpasiyang gagawin ko ang mas nararapat. Humingi ako ng paumahin sa aking mga anak at ipinagdasal ko na mapatawad ako. Pagkatapos kong magdasal, nawala ang nadama kong kakulangan at nakadama ako ng kapayapaang mailap sa akin noon.

Parang may ilaw na nagsindi sa aking isipan, sa wakas ay naunawaan ko ang simpleng konsepto na masasabing hindi ko naisip noon pa man. Kapag may kasalanan akong hindi naiwaksi sa buhay ko, kahit maliit lang, binibigyan ko ng kapangyarihan si Satanas na impluwensyahan ako. Alam niya ang aking mga kahinaan, at kung anong mga salita ang "pupukaw sa akin" at "magdadala sa akin tungo sa pagkawasak" (tingnan sa D at T 10:22). Ang totoo, hindi ko kinamumuhian ang sarili ko, ngunit kinamumuhian ako ni Satanas at gagamitin niya ang lahat ng paraan para ilayo ako sa liwanag.



*Tulad ni Apostol Pablo, gagawin ko ang lahat para magsisi at masunod ang mga utos upang "manahan sa akin ang kapangyarihan ni Cristo."*

Gayunman, kapag nagsisisi ako, umaasa ako sa kapangyarihan ni Jesucristo. Dahil lubos Niyang alam kung paano ako tulungan sa aking kahinaan (tingnan sa Alma 7:11–12), pinalalakas ako ng Kanyang kapangyarihan at pinatatatag ako sa mga paraang hindi ko magagawa nang mag-isa.

Kahit ang Apostol Pablo, na napakagiting sa pagpapahayag ng ebanghelyo, ay nagkaroon ng kahinaan at nahirapan sa mga epekto nito sa kanya. Magkagayunman, nang ipagdasal niyang maalis ang kahinaan, sumagot ang Panginoon, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." Nagpatuloy si Pablo sa pagbulalas, "Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo" (II Mga Taga Corinto 12:9).

Gayundin, gagawin ko ang lahat para magsisi at masunod ang mga utos upang "manahan sa akin ang kapangyarihan ni Cristo" at mapuspos ako ng kapayapaan at pag-ibig. ■

MGA PAGLALARAWAN NI DILEEN MARSH

# GINAGAWANG POSIBLE NG PAGBABAYAD-SALA ANG Pagsisisi

Pumarito tayo sa lupa upang lumago at umunlad. Bumabagal ang ating pag-unlad kapag nagkakasala tayo. Maliban kay Jesucristo, na naging sakdal ang buhay, bawat taong nabubuhay sa mundo ay nagkakasala (tingnan sa Eclesiates 7:20; Mga Taga Roma 3:23; I Juan 1:8).

Ang magkasala ay ang suwayin ang mga utos ng Diyos. Kung minsan nagkakasala tayo sa paggawa ng isang bagay na alam nating mali, ngunit kung minsan ay nagkakasala tayo sa hindi paggawa ng alam nating tama (tingnan sa Santiago 4:17).


Bawat utos ng Diyos ay nagpapala sa atin kung susundin natin ito (tingnan sa D at T 130:20–21). Gayunman, kung susuwayin natin ito, may kaakibat itong parusa (tingnan sa Alma 42:22). Ang paglalapat ng pagpapala o parusa ay tinatawag na katarungan.

Dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit, ginawa Niyang posible na makapagsisi tayo: na ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan at sa gayon ay mapaglabanan natin ang mga epekto nito. Isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo upang magdusa para sa ating mga kasalanan. Ibig sabihin, binayaran ni Jesus ang kaparusahang hinihingi ng katarungan dahil sa pagsuway natin sa mga utos ng Diyos. Dahil nagdusa ang Tagapagligtas para sa ating mga kasalanan, hindi na natin kailangang pagdusahan ang buong kaparusahan sa mga ito kung magsisisi tayo (tingnan sa D at T 19:16). Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay "[tinugon] ang mga hinihingi ng katarungan" (Mosias 15:9), at tinulutan ang Ama sa Langit na buong awa tayong patawarin at pigilin ang kaparusahan.

Ang pagsisisi ay kaloob ng Diyos sa atin. Kailangan ito para sa ating kaligayahan sa buhay na ito. Sa pamamagitan ng pagsisisi nagiging malinis tayong muli, kaya makakabalik tayo sa ating Ama sa Langit (tingnan sa Moises 6:57).

"Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito.

"Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:42–43).




**Kabilang sa proseso ng pagsisisi ang sumusunod:**

*Sumampalataya sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo (tingnan sa Alma 34:17).*



*Aminin ang ating mga kasalanan at makadama ng kalumbayan (tingnan sa Lucas 16:15; Alma 42:29–30).*



*Ipagtapat ang ating mga kasalanan sa Ama sa Langit at, kung kailangan, sa ating bishop o branch president (tingnan sa D at T 61:2).*



*Talikuran ang ating mga kasalanan (tingnan sa D at T 58:43).*



*Isauli ang ninakaw kapag maaari (tingnan sa Ezekiel 33:15–16).*





*Patawarin ang ibang nagkasala sa atin (tingnan sa D at T 64:9; 3 Nephi 13:14–15).*



*Mamuhay nang matwid (tingnan sa D at T 1:32).* ■



MGA PAGLALARAWAN NI STEVE BUNDERSON

*Si Jesucristo ay nagdusa para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani at sa krus. Ganito ang sabi Niya tungkol sa Kanyang pagdurusa, "[Ito ay naging] dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu" (D at T 19:18).*

**Para sa karagdagang impormasyon,** tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), "Pagsisisi," 125 –32; at *Tapat sa Pananampalataya* (2004), "Pagbabayad-sala ni Jesucristo," 111–118; "Katarungan," 72; "Awa," 62–7; "Pagsisisi," 153–158; at "Kasalanan," 70–71.



# SIYA NA Nailigtas AY NAGING Tagaligtas

*Pasama nang pasama ang buhay ko noon hanggang sa makilala ko ang isang lalaking nagsabi na may solusyon siya sa mga problema ko.*

**Ni Betsy Doane**

Isang gabi noong 1978, nasa Logan Airport ako sa Boston, Massachusetts, USA, at naghihintay sa pagdating ng ilang kaibigan. May isang lalaking nakipag-usap sa akin, at nagkuwentuhan kami nang kaunti tungkol sa aming mga buhay. Sinabi ko sa kanya na tatlong buwan na akong nakabalik mula sa Central America.

Umalis ako para takasan ang mapapait na pangyayari sa buhay ko, sabi ko sa kanya. Siyam na taon bago iyon namatay ang kapatid kong lalaki. Nang sumunod na taon namatay ang mga magulang ko sa isang aksidente sa kotse. Isang taon makalipas iyon, namatay ang lola ko. Sa loob ng maikling panahon, nawala ang ilan sa pinakamahahalagang tao sa buhay ko. Lumung-lumo ako.

Malaki ang minana kong pera nang mamatay ang mga magulang ko, at ginamit ko ito upang subukang takasan ang aking pagdadalamhati. Ginasta ko ito sa mga mamahaling damit, kotse, droga, at pagliliwaliw sa malalayong lugar.

Sa pinakahuli kong biyahe inakyat ko ang isang pyramid sa Tikal, Guatemala. Doon, kahit nasa mataas na lugar ako, naaalala ko na nadama ko ang pinakamatinding kalungkutan. Hindi ko na maibalik ang dati kong buhay. "Diyos ko," sabi ko, "kung nariyan Kayo, kailangan ko Kayo para baguhin ang buhay ko." Tumayo ako roon nang ilang minuto, at tahimik na humingi ng tulong mula sa isang nilalang na hindi ko tiyak kung totoo. Pagbaba ko ng pyramid, nakadama ako ng kapayapaan. Walang nabago sa buhay ko, ngunit kahit paano nadama kong magiging maayos ang lahat.

At makalipas nga ang tatlong buwan natagpuan ko ang sarili ko na ikinukuwento ang lahat ng ito sa lalaki sa airport. Matiyaga siyang nakinig at pagkatapos ay nagtanong kung alam ko na nagpakita si Jesucristo sa mga lupain ng Amerika.

Noong panahong iyon hindi ko pa rin gaanong naiisip ang Diyos. Anong klaseng Diyos ang kukuha sa aking pamilya? Marami pa akong sinabi sa lalaking iyon, at sinabi niya na ang Diyos na pinaniniwalaan niya ay may ginawang paraan para makasama kong muli ang aking pamilya. *Ngayon* ako naman ang nakinig sa kanya.

"Ano ang ibig mong sabihin?" tanong ko.

"Narinig mo na ba ang tungkol sa mga Mormon?" Wala akong gaanong alam tungkol sa kanila, ngunit nagpatuloy ang lalaki at ipinaliwanag sa akin ang plano ng kaligtasan. At sa kabila ng hindi ko paniniwala noong una, parang totoo ang sinasabi niya.

PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS



Nagbigayan kami ng numero ng telepono ng bago kong kakilala, at nang sumunod na ilang buwan, nagkita kami paminsan-minsan. Pinag-usapan din namin ang ebanghelyo. Binigyan niya ako ng Aklat ni Mormon, at tinalakay namin ito at ang iba pang mga banal na kasulatan nang maraming oras sa telepono. Ikinuwento niya sa akin ang pagpapanumbalik ni Joseph Smith sa Simbahan ni Jesucristo. Iyon ay kamangha-manghang sandali ng pag-asa at pagbabago.

Medyo nabawasan ang pagkikita namin, ngunit pagkaraan ng ilang linggo, sinabi sa akin ng kaibigan ko na gusto niyang papuntahin ang ilang kaibigan niya para kausapin ako. Ang mga kaibigang pinapunta niya, mangyari pa, ay ang mga misyonero. Kasama ng mga full-time elder si Bruce Doane, isang stake missionary na napangasawa ko kalaunan.

Makalipas ang ilang linggong pagtuturo sa akin, tinanong ng mga misyonero kung gusto kong magpabinyag. Oo ang sagot ko. Pagkatapos ay sinabi nila sa akin na bago ako mabinyagan, kailangan kong sundin ang Word of Wisdom.

Nabawasan ang pag-inom ko ng alak o paggamit ng droga kaysa rati. Nagbabago na ang mga bagay-bagay sa buhay ko; mas nakadama ako ng pag-asa na hindi tulad ng dati—ngunit tiyak na hindi ganoon kadaling alisin ang mga bisyong iyon nang *lubusan*. Bukod pa riyan, marami na akong tinalikuran sa pagtanggap ko sa ebanghelyo—kasama na ang ilang kaibigang nag-iisip na hangal ako dahil nagpakita ako ng interes sa Simbahang Mormon. Nagpatuloy ako dahil nadama kong totoo ang ebanghelyo. Ngunit ganap ko bang matatalikuran ang matatagal ko nang adiksyon?

Nag-alok ang mga misyonero na bigyan ako ng basbas ng priesthood para matulungan ako. Pagkatapos niyon, kaagad kong itinapon ang lahat ng droga at alak na mayroon ako. At nang gabing iyon ang pagnanasang uminom o gumamit ng anumang bagay na labag sa Word of Wisdom ay nawala na sa akin. Iyon ay tunay na isang himala.

Nabinyagan ako noong Hunyo 1978. Pagkalipas ng mahigit isang taon, ikinasal kami ni Bruce sa Washington D.C. Temple.

Literal akong iniligtas ng ebanghelyo mula sa kawalang-pag-asa. Dati ay talagang naligaw ako ng landas. Wala na ang mga magulang at kapatid at lola ko, at pakiramdam ko wala na rin ako. Nang mamatay sila hindi ko na kilala kung sino ako. Ngayon natuklasan ko ang aking pagkatao. Alam kong ako ay anak ng Diyos at kilala at mahal Niya ako. Nang mabuklod ako sa aking mga magulang, lola, at kapatid, napalitan ng galak ang kalungkutan ko dahil sa katiyakan na maaari kaming magkasama-samang muli magpakailanman.

Iniligtas din ako ng ebanghelyo ni Jesucristo mula sa aking mga adiksyon. Nitong nakalipas na ilang taon naglingkod kaming mag-asawa bilang mga misyonero sa LDS Family Services addiction-recovery, na tumutulong sa mga miyembro ng aming stake na nahihirapan sa iba't ibang uri ng adiksyon. Lubos akong nagpapasalamat na makatulong sa mga kapatid na ito. Isang pagpapala sa akin ang maikuwento sa kanila ang nangyari sa akin upang maipaunawa sa kanila kung paano tayo maililigtas ng ebanghelyo. ■

# Pagtulong sa mga Bata na Madamang Ligtas Sila

**Ni Shawn Evans**
Lisensiyadong Clinical Social Worker,
LDS Family Services

Nabubuhay tayo sa panahong ang mabibigat na isyu—tulad ng diborsyo, karamdaman, kamatayan, mga aksidente, kalamidad, digmaan, pagkatanggal sa trabaho—ay nagbabanta sa kapanatagan o seguridad sa tahanan. Gayunman, maraming bagay ang magagawa ng mga magulang upang maipadama sa mga anak ang katatagan, seguridad, at kaligtasan sa kabila ng nakagagambalang mga impluwensyang ito.

## Paano ang Reaksiyon ng mga Bata

Para matulungan ang mga bata na makayanan ang hindi magagandang pangyayari, dapat muna nating maunawaan kung paano ang reaksiyon nila sa mga ito. Ang mga reaksyong ito ay naaapektuhan ng katatagan ng pamilya at ng edad ng bata at kahustuhan ng emosyon nito.

### *Mula Pagsilang Hanggang Anim na Taong Gulang*

Maipapakita ng isang sanggol ang kanyang dinaramdam sa pagiging maligalig, pag-iyak, at kagustuhang magpakarga. Kadalasan, ang kailangan lang ng mga sanggol ay kargahin o pakainin sila ng magulang. Ang mga batang musmos ay mas husto ang kaisipan kaysa mga sanggol. Gayunpaman, ang pagkagambala sa karaniwang ginagawa ng bata ay maaaring magpahina ng loob ng isang anim-na-taong gulang na bata. Halimbawa, maaari siyang makadama ng labis na pagkabalisa sa pagkawalay sa kanyang mga magulang sa panahon ng kalamidad o sa mga buwang kasunod ng diborsyo. Matutulungan ng mga magulang ang mga musmos na anak sa gayong mga sitwasyon sa pagpapanatili ng karaniwan nilang ginagawa hangga't maaari. Maaari nilang ituloy ang pagdarasal ng pamilya, pagkain nang sama-sama, at iba pang mga gawaing karaniwan nilang ginagawa bago dumating ang malaking pagbabago. Ang patuloy na paggawa ay nakatutulong sa mga bata na makadama ng kapanatagan, pagtitiwala, at katatagan.



*Sa pag-unawa sa reaksyon ng mga bata sa hindi magagandang pangyayari, matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makayanan ang mahihirap na panahong ito.*

### *Pito Hanggang Sampung Taong Gulang*

Ang nakatatandang mga bata ay maaaring makaunawa kapag ang isang bagay o isang tao ay nawala nang tuluyan, ito man ay paglisan sa tahanan o pagpanaw ng isang magulang. Bunga nito, maaari silang mabahala dahil sa nakababagabag na pangyayari. Naaapektuhan nang husto ang pagkaunawa nila sa buhay. Maaari nilang paulit-ulit na talakayin ang hindi magandang pangyayari sa pagsisikap na maunawaan kung paano haharapin ang problema. Maaari silang mangailangan ng tulong upang maunawaan ang nangyayari o maipahayag ang damdamin nila tungkol

MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD

*"Marami nang pagbabago sa buhay ko. Ang ilang bagay na hindi nagbago ay ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal ng pamilya. Mahal ko ang mga banal na kasulatan at sinisikap ko ngayong basahing mag-isa ang mga ito araw-araw. Gusto ko ang kapayapaang nadarama ko kapag binabasa ko ang mga ito."*

**Michael H., na ang mga magulang ay nagdiborsyo at muling nag-asawa ang ina kalaunan.**

sa karanasan. Alalahanin, ang kakayahan nilang mangatwiran ay hindi katulad ng sa matanda. Halimbawa, karaniwan na sa mga anak na isiping sila ang may kasalanan sa paghihiwalay ng kanilang mga magulang. Makatutulong ang mga magulang sa pamamagitan ng pag-alam kung ano ang iniisip at nadarama ng kanilang mga anak at pagkatapos ay pagwawasto sa mga maling akala ng kanilang mga anak.

### *Labing-isa Hanggang Labingwalong Taong Gulang*

Ang mga batang edad 11 hanggang 18 ay maaaring mag-alala tungkol sa mga nangyayari sa kanilang lugar, sa bayan, o sa ibang bansa. Nagsisimulang maunawaan ng nakatatandang mga tinedyer na magdaraan sila sa pagbabago mula sa pagtira sa bahay tungo sa pagharap nilang mag-isa sa magulong daigdig. Maaari silang madaig ng matinding emosyon at hindi nila alam kung paano banggitin ang mga ito.

Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na tinedyer sa paggawang kasama nila ng mga aktibidad na gusto ng kanilang mga anak, katulad ng pagluluto ng hapunan, paglalaro ng mga board game, o isports. Maaari ding talakayin ng mga magulang ang mahihirap nilang karanasan noong tinedyer pa sila. Kapag ibinahagi ng mga magulang ang kanilang mga iniisip at nadarama, magiging mas komportable ang mga anak na ibahagi ang kanilang iniisip at nadarama. Sa ganitong paraan ay nagkakalapit ang mga damdamin nila. Kahit hindi nagpapakita ng hayagang interes ang mga tinedyer, makikinig sila.

### Ano ang Magagawa ng mga Magulang

Dapat munang mapansin ng mga magulang na balisa ang kanilang mga anak.[1] Maaaring magpakita ng kakaibang pag-uugali ang mga anak tulad ng pagiging laging malungkot o bugnutin, malakas o walang ganang kumain, hindi makatulog, walang konsentrasyon, o walang ganang



LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

*"Itinuro sa akin ng nanay ko mula sa mga banal na kasulatan na mapagkakatiwalaan ko ang Ama sa Langit kahit hindi ko Siya nakikita. Pagkaraan ng lindol, nang hindi ko makita ang nanay ko, alam ko na gagabayan ako ng Diyos, at ginawa nga Niya ito. At bagama't namatay ang kapatid kong babae, alam kong makikita ko siyang muli."*

**Anny A., ilang buwan pagkaraan ng lindol na may lakas na 8.0 magnitude sa Peru noong 2007.**



*"Alam ko na nagsasalita ang matatanda tungkol sa masasamang bagay sa buhay upang balaan at tulungan akong maunawaan ang mga bagay-bagay. Ngunit makabubuting marinig ko rin ang tungkol sa magagandang bagay sa mundo at sa kanilang buhay. Nakatutulong ito upang maalala ko kung gaano kaganda ang buhay."*

**Erica M., na namatayan ng limang kapamilya at mga kaibigan sa nakalipas na 18 buwan.**




mag-aral. Ang nakatatandang mga bata ay maaaring magpakita ng mapanganib na mga pag-uugali tulad ng padalus-dalos na pagkilos, paggamit ng mga bagay na masama sa katawan, pagiging aktibo sa seks o pakikipagtalik, o paglayo sa pamilya, mga kaibigan, at mga pagtitipon.

Makatutulong kayo sa pamamagitan ng pag-alam kung paano pangangalagaan ang bawat anak ninyo. Halimbawa, matuturuan ninyo ang inyong mga anak, lalo na habang bata pa sila, ng mga salitang nagsasaad ng kanilang damdamin. Kabilang sa mga salitang ito ang *malungkot, galit, bigo, takot, nag-aalala,* at *balisa*.

Kung ang tinedyer ninyo ay padalus-dalos ang kilos matapos ang isang hindi magandang sitwasyon, pakinggang mabuti ang kanyang sinasabi *at* nadarama. Sa nakababatang mga anak, tulungan ang tinedyer ninyo na matukoy nang tama ang kanyang damdamin. At maging maunawain, batid na maaaring ang hindi magandang pangyayari ang sanhi ng padalus-dalos na pag-uugali.

Kapag kinausap na ninyo ang inyong mga anak, sikaping huwag magsermon at magalit, mamintas, o mangutya. Alamin kung ano ang pait o sakit na dinaramdam ng inyong anak at magpakita ng pag-unawa. Makapagsisimula kayo sa pagsasabing, "Alam kong malungkot ka sa pagkamatay ng kaibigan mo. Naiisip ko lang kung gaano kahirap iyan. Nag-aalala ako na baka nagsisimula kang uminom ng alak dahil sa pagdadalamhati mo." Ang pakikipag-usap gamit ang masasakit na salita ay bihirang magbunga ng maganda.



*"Nag-uukol ng oras ang tatay ko para magkasama-sama kami, kadalasan kapag naglilingkod kami sa iba. Gumugugol siya ng oras na magkuwento tungkol sa buhay-buhay. At kapag nagsalita ka, mararamdaman mo ang kapayapaan ng kalooban."*

**Ryan P., na ang ama ay halos isang taong walang trabaho.**

### *Makinig nang May Pag-unawa*

Kung minsan maaari kayong matuksong huwag kausapin ang anak na may dinaramdam. Gayunman, sa maraming pagkakataon hindi makakayanan ng isang bata ang kanyang pagkabalisa nang walang tulong. Kapag nakinig kayo nang may pag-unawa habang sinasabi ng inyong mga anak ang kanilang mga problema, madarama nilang sila ay minamahal at mapapanatag sila.

Ang isang mahusay na paraan ng pakikinig nang may pag-unawa ay sa muling pagbanggit ng damdamin ng anak upang matiyak na nauunawaan ninyo sila. Maaari ninyo silang tulungang matukoy ang tunay nilang nadarama. Maaari ninyong sabihing, "Parang malungkot ka at balisa kapag tinatanong kita tungkol sa kaibigan mo na naghiwalay ang mga magulang." Maghintay ng sagot; pagkatapos ay hayaan ang inyong anak na ituloy ang pag-uusap. Nakakapagsalita ang mga bata kapag nadama nila na kontrolado nila ang pag-uusap.

### *Tulungan ang mga Bata na Maipahayag ang Kanilang Damdamin*

Ang pagkontrol ng isang bata sa sarili ay mapalalakas kung tutulungan ang bata na maipahayag ang hindi magandang damdamin. Kadalasan, sa pakikinig ninyo nang may pag-unawa, matutukoy ninyo ng inyong anak ang sanhi ng damdaming iyon. Maaari ninyong itanong, "Sa palagay mo bakit ganito ang nadarama mo?" Maghintay ng sagot at pakinggang mabuti ang mga sagot. Maaaring hindi agad ito masabi.

Kung minsan kailangan ninyong magpalitan ng mga ideya tungkol sa mga alternatibong solusyon. Maaari ninyong itanong kung paano

maaapektuhan ang iba ng solusyong iniisip ng inyong anak. Makabubuti ba ang magiging solusyon sa inyong pamilya o mga kaibigan? Makatotohanan ba ito? Ano ang pakiramdam ng bata dito? Maaaring hindi siya kaagad makaisip ng solusyon. Tiyakin sa inyong anak na mahal ninyo siya at OK lang na wala pang solusyon sa ngayon.

***Tumugon nang may Pananampalataya***

Kapag natukoy ninyo ang kakaibang mga pag-uugali ng inyong mga anak at natulungan ninyo silang ipahayag ang nadarama nila at unawain ang kanilang mga iniisip at nadarama nang may pagmamahal, madarama ng inyong mga anak ang seguridad at kaligtasan.

Ang pinakamahalagang magagawa ninyo para mapanatili ang damdamin ng seguridad at kaligtasan sa tahanan ay ang sumalig sa mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Maaari kayong maghangad ng inspirasyon kung paano tutulungan ang inyong mga anak sa pamamagitan ng pag-aayuno, pagdarasal, pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan, at pagdalo sa templo. Maaari ninyong kausapin ang inyong mga lider sa priesthood. Maaari din ninyong isiping hingan ng tulong ang mga propesyonal, depende sa bigat ng mga problema.

Sa pagkilos ninyo nang may pananampalataya sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak, bibiyayaan kayo ng kapanatagan at suporta. Ang mga anak ay tatanggap ng dagdag na kapanatagan at katatagan kapag ipinamuhay ninyo ng inyong mga anak ang mga salita ng mga propeta at nagpatuloy kayo sa mga gawaing naghahatid ng kapayapaan sa tahanan, tulad ng pagdarasal sa pamilya at sarilinang pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsamba sa templo. ■

**TALA**

1. Tingnan sa John Gottmann at Joan DeClaire, *The Heart of Parenting: Raising an Emotionally Intelligent Child* (1997).

*"May mga nakakatakot at masasamang tao sa mundo. Ngunit tinulungan ako ni Itay na maging panatag ang pakiramdam ko. Tinatawagan niya ako sa umaga at sinasabing mahal niya ako."*

**Ally V., na ang ama ay isang pulis.**







**ANG SALIGAN NG KAPAYAPAAN**

"Paano natin dadalhin ang kapayapaang iyan sa buhay ng mga batang lumalaki sa panahon ng pagsubok at kaguluhan? . . . Ang pinakamainam at pinakamahalagang mapagkukunan ay matatagpuan sa loob ng tahanan kung saan ang matatapat na magulang at mapagmalasakit na mga kapatid ay nagmamahalan at tinuturuan ang isa't isa tungkol sa likas na kabanalan ng isa't isa."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60.**

# PAGPAPALAKAS SA DI-GAANONG AKTIBO

*Tayong lahat na namumuno sa mga ward at stake ay kailangang magbukas ng pinto para sa nawawalang tupa; magsitabi tayo upang makadaan sila.*



**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang aktibidad—ang pagkakataong maglingkod at magpatotoo—ay katulad ng gamot. Pagagalingin nito ang maysakit sa espirituwal. Palalakasin nito ang mahina sa espirituwal. Ito ang pinakamahalagang sangkap sa pagliligtas ng nawawalang tupa. Gayunman may tendensiya tayo, halos nakasanayan na, na bigyan ng mga pagkakataon sa pag-unlad ang mga taong napakarami nang aktibidad o ginagawa. Ang ganitong kalakaran, na kitang-kita sa ating mga stake at ward, ay maaaring magtaboy sa nawawalang tupa.

Kapag ang isang home teacher ay nagdala ng nawawalang tupa sa mga miting, ito pa lamang ang simula ng pagkahanap sa kanya. Anong tungkulin ang maaaring ibigay sa kanya na makatutulong sa kanyang espirituwalidad? Totoong kakaunti lang ang mga tungkulin kung saan magagamit ng isang lider ang isang taong nagsisikap na maging karapat-dapat. Nakalulungkot na tila ang ilang situwasyong iyon kung saan maaari natin silang magamit—sa pagbibigay ng panalangin, pagsagot sa klase, pagpapatotoo—ay halos nakalaan sa mga aktibo: sa stake presidency, sa high council, sa bishopric, sa patriarch, sa mga lider ng auxiliary. Sa katunayan, kung minsan ay masigasig tayo na mag-anyaya ng mga tagapagsalita at makikibahagi mula sa ibang ward—na hindi mainam para sa ating mga miyembrong nagugutom sa espirituwal.

Sa isang ward sacrament miting na dinaluhan ko kamakailan, inanyayahang kumanta ang isang sister na ang asawa ay hindi aktibo sa Simbahan. Gayunman, naroon ang lalaki sa miting. Gusto ng bishop na magkaroon ng napakaespesyal na programa sa okasyong ito. Ang unang sinabi niya ay: "Si Brother X, na aking unang tagapayo, ang magbibigay ng pambungad na panalangin." Ang kanyang pangalawang tagapayo ang nagbigay ng pangwakas na panalangin.

Naisip kong nakapanghihinayang iyon. Labis ang pag-aalala ng tatlong kalalakihan sa bishopric sa mga maysakit sa espirituwal, ngunit sila mismo ang uminom ng gamot na magpapagaling sa mga taong iyon—aktibidad, partisipasyon—at inubos nila ang mga ito sa harap ng nangangailangan!

Sasabihin ng ilan: "Kailangan nating maging maingat kapag kasama natin ang mahihina. Mas makabubuting hindi sila tawaging magdasal o magbigay ng patotoo, dahil matatakot lang sila at maaasiwa at iiwan tayo." Hindi iyan totoo! Ito ang karaniwang pinaniniwalaan, ngunit hindi pa rin ito totoo! Nagtanong na ako sa mga bishop—daan-daan sa kanila—kung totoo nga bang nangyayari ang gayon batay sa karanasan nila. Iilan lamang ang nagsabi sa akin na nangyayari nga ito—sa katunayan, sa lahat



MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

ng mga bishop na iyon, isa o dalawa lamang ang nabanggit na pagkakataon. Kaya't napakaliit ng panganib, samantalang ang gayong imbitasyon ay maaaring makapagpabalik sa isang nawawalang tupa.

Ilang taon na ang nakalipas dinalaw ko ang isang stake na pinamumunuan ng isang lalaking pambihira ang husay at kakayahan. Bawat detalye ng stake conference ay nakaiskedyul. Ginawa niya ang karaniwang ginagawa sa pagpili ng mga mananalangin. Pumili siya mula sa stake presidency, sa high council, sa mga bishop, at ang stake patriarch. Hindi naman nasabihan ang mga lalaking iyon, kaya't binago namin ito, sa halip na ipagawa ito sa mahuhusay ipinagawa namin ito sa mga taong nangangailangan—lubhang nangangailangan—ng gayong karanasan.

May detalyadong adyenda ang stake president para sa mga pangkalahatang sesyon, at nabanggit niya na may 20 minuto sa isang sesyon na walang nakaiskedyul. Sinabi ko sa kanya na maaari tayong tumawag ng ilang magsasalita na hindi pa nagkaroon ng ganitong pagkakataon sa ibang paraan at nangangailangan ng karanasang magpapalakas sa kanila. Sumagot siya at nagmungkahing sabihan niya ang ilang taong may kakayahan at kilalang mga lider na maghanda sa posibilidad na mahilingan silang magsalita. "Marami pong dadalong hindi miyembro," sabi niya. "Nakagawian na naming magdaos ng maayos at pinaghandaang kumperensya. Marami po kaming mahuhusay na tao sa

stake. Hahanga ang mga makaririnig sa mensahe nila."

Dalawang beses pa niyang binanggit sa aming miting ang iskedyul at iginiit na tawagin ang "pinakamahuhusay magsalita" sa stake. "Bakit hindi natin ibigay ang pagkakataong ito sa mga lubhang nangangailangan nito?" sabi ko. May pagkabigo sa kanyang sagot, "Kunsabagay, kayo ang General Authority."

Maagang-maaga ng Linggo ipinaalala niya sa akin na may oras pa para masabihan ang isang tao at nang sa gayon ay maganda ang kalabasan nito.

Ang sesyon sa umaga ay sinimulan ng stake president sa isang mensaheng napakaganda at nagbibigay-inspirasyon. Ang sumunod na tinawag namin ay ang kanyang pangalawang tagapayo. Halatang kinakabahan siya. . . . (Pauna naming sinabi na malamang na magsalita ang kanyang mga tagapayo sa sesyon sa hapon. Nagplano kaming doon kami mananghalian sa kanyang tahanan. Alam niyang may oras pa para repasuhin ang kanyang mga isinulat, kaya't iniwan niya ito sa bahay.)

Dahil hindi dala ang kanyang mga isinulat, nagbigay siya ng patotoo, at nagkuwento tungkol sa pagbibigay ng basbas sa isang taong maysakit nang linggong iyon. Isang lalaking wala nang pag-asang gumaling ayon sa kanyang mga doktor ang nailigtas ng kapangyarihan ng priesthood mula sa kamatayan. Hindi ko alam kung ano ang nilalaman ng isinulat niya, ngunit tiyak na hindi nito mapapantayan ang ibinigay na inspirasyon ng kanyang patotoo.

Isang matandang babae ang nakaupo sa hanay sa harapan, hawak ang kamay ng isang lalaking banat sa trabaho. Tila hindi gaanong nababagay ang suot ng matandang babae sa suot ng mga taong naroon—simpleng-simple kung ikukumpara sa suot ng iba. Para bang dapat siyang magsalita sa kumperensya, at nang bigyan namin siya ng pagkakataong magsalita, ikinuwento niya ang kanyang misyon. Limampu't dalawang taon na ang nakalilipas nang makauwi siya mula sa misyon, at magmula noon ay hindi siya kailanman naanyayahang magsalita sa simbahan. Nakaaantig ang ibinahagi niyang patotoo.

May mga iba pang tinawag upang magsalita, at nang matatapos na ang miting, iminungkahi ng pangulo na ubusin ko na ang nalalabing oras. "May natanggap ka bang inspirasyon?" tanong ko. Sinabi niyang naiisip niya ang mayor o alkalde. (Inihalal ng mga botante sa malaking lungsod na iyon ang isang miyembro ng Simbahan na maging mayor, at naroon siya nang araw na iyon.) Nang sabihin ko sa kanyang maaari naming pabatiin ang mayor, ibinulong niya na hindi ito aktibo sa Simbahan. Nang imungkahi kong tawagin pa rin niya ito, tumanggi siya at tuwirang sinabi na hindi ito karapat-dapat magsalita sa miting na iyon. Gayunman dahil sa kapipilit ko, tinawag niya ang lalaki at pinapunta sa harapan.


Ang ama ng mayor ay pioneer ng Simbahan sa lugar na iyon. Nakapaglingkod siya bilang bishop sa isa sa mga ward at hinalinhan ng isa sa kanyang mga anak na lalaki—na kakambal ng mayor, batay sa naaalala ko. Ang mayor ang naliligaw na tupa. Nagpunta siya sa pulpito at nagsalita, sa pagkagulat ko, nang may kapighatian at pagkapoot. Parang ganito ang simula ng kanyang mensahe: "Hindi ko alam kung bakit ninyo ako tinawag. Hindi ko alam kung bakit nasa simbahan ako ngayon. Hindi ako nabibilang sa simbahan. Hindi ako kailanman nababagay rito. Hindi ako sang-ayon sa pamamaraan ng Simbahan."

Inaamin ko na nagsimula akong mag-alala, ngunit tumigil siya sandali at nagbaba ng kanyang paningin. Mula sa sandaling iyon hanggang sa matapos siyang magsalita, hindi siya nagtaas ng paningin. Matapos mag-atubili, nagpatuloy siya: "Narito na rin lang ako, sasabihin ko na sa inyo. Tumigil ako sa paninigarilyo anim na linggo na ang nakararaan." Pagkatapos, habang nakataas ang kanyang kamao na ikinukumpas-kumpas sa harap ng kongregasyon, sinabi niyang, "Kung iniisip ng sinuman sa inyo na madali iyon, hindi pa ninyo natikman ang impiyernong dinanas ko nitong mga nagdaang linggo."

At pagkatapos niyon napawi ang pagmamatigas sa kanyang anyo. "Alam kong totoo ang ebanghelyo," sabi niya. "Noon pa man ay alam ko nang totoo ito. Natutuhan ko iyan sa aking ina noong ako'y bata pa.

"Alam kong may kaayusan sa Simbahan," pag-amin niya. "Ako ang wala sa ayos, at noon pa ay alam ko na rin iyan."

Pagkatapos ay nagsalita siya marahil para sa lahat ng nawawalang tupa nang magsumamo siya: "Alam kong ako ang mali, at gusto ko



*Dapat matutuhan nating huwag humarang sa daanan o pasukan. Makitid ang daang ito. Kung minsan pabigla-bigla tayo sa pagtatangkang hatakin sila papasok sa pintuan na nahaharangan natin.*

nang bumalik. Noon pa ay sinisikap ko nang bumalik, ngunit hindi ninyo ako pinayagan!"

Mangyari pa talaga namang papayagan namin siyang bumalik, ngunit hindi namin ito ipinaalam sa kanya. Pagkatapos ng miting naglapitan sa harap ang mga tao—hindi sa amin kundi sa kanya upang sabihin, "Maligayang pagbabalik!"

Habang papunta sa paliparan pagkatapos ng kumperensya, sinabi sa akin ng stake president, "May natutuhan po ako ngayon."

Upang makatiyak, sinabi kong, "Kung ginawa natin ang gusto mo, ang ama ng taong ito ang tatawagin mo, hindi ba, o baka ang kapatid niya, ang bishop?"

Tumango siya at sinabing: "Kahit sino sa kanila, kapag binigyan ng 5 minuto, ay makapagbibigay sana ng nakaaantig na 15- o 20-minutong mensahe na magugustuhan ng lahat ng dumalo. Ngunit maaaring walang napabalik na nawawalang tupa."

Tayong lahat na namumuno sa mga ward at stake ay kailangang magbukas ng pinto para sa nawawalang tupa; magsitabi tayo upang makadaan sila. Dapat matutuhan nating huwag humarang sa daanan o pasukan. Makitid ang daang ito. Kung minsan pabigla-bigla tayo sa pagtatangkang hatakin sila papasok sa pintuang nahaharangan natin. Mapapasaatin lamang ang diwang iyon na makapagpapalakas ng patotoo kapag nasa atin ang pag-uugaling tulungan sila, hikayatin sila at makitang mas lumakas sila kaysa sa atin.

Iniisip ko kung iyan nga ba ang tinutukoy ng Panginoon nang sabihin Niyang, "Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga may sakit" (Mateo 9:12).

Hindi ko sinasabing babaan ninyo ang mga pamantayan. Kabaligtaran ang sinasabi ko. Mas maraming nawawalang tupa ang mas mabilis na susunod sa matataas na pamantayan kaysa sa mabababang pamantayan. Nakagagamot ang espirituwal na pagdidisiplina.

Ang pagdidisiplina ay isang uri ng pagmamahal, isang pagpapahayag nito. Kailangan ito at napakabisa sa buhay ng tao.

Kapag ang isang batang nagsisimula pa lang lumakad ay naglalaro malapit sa daan, mahigpit tayong nakabantay sa kanya. Kaunti lamang ang titigil at titiyaking ligtas siya [at,] kung kailangan, didisiplinahin siya. Ganyan, maliban na lamang kung ito ay sariling anak o apo natin. Kung sapat ang pagmamahal natin sa kanila, gagawin natin ito. Ang hindi pagdidisiplina kapag makatutulong ito sa espirituwal na pag-unlad ay katibayan ng kakulangan ng pagmamahal at malasakit.

Ang espirituwal na pagdidisiplinang ginagawa nang may pagmamahal at pinagtibay ng patotoo ay tutulong sa pagsagip ng mga kaluluwa. ■

*Hango sa mensaheng ibinigay sa isang miting para sa mga pinuno ng priesthood noong Pebrero 19, 1969. Ang buong teksto ay matatagpuan sa Boyd K. Packer,* Let Not Your Heart Be Troubled *(1991), 12–21. Iniayon sa pamantayan ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra.*



**Ni David M. McConkie**
Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Matutong Pakinggan at Unawain ang ESPIRITU

*Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa natin ay matutong makinig at sumunod sa mga pahiwatig ng Espiritu.*

Lumaki ang aking ama sa munting bayan ng Monticello, Utah. Noong pitong taong gulang siya, isa sa pang-araw-araw na mga gawain niya ang papasukin ang mga baka ng pamilya mula sa kanilang pastulan. Ang pinakamamahal niyang gamit ay ang kanyang pocketknife, na lagi niyang dala. Isang araw habang nangangabayo para sunduin ang mga baka, isinuksok niya ang kamay sa bulsa para kunin ang pocketknife. Nanlumo siyang malaman na nawala niya ito habang daan. Lungkot na lungkot siya, ngunit naniwala siya sa itinuro ng kanyang ama't ina: Dinirinig at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin.

Pinatigil niya ang kanyang kabayo at bumaba mula rito. Lumuhod siya at hiniling sa Ama sa Langit na tulungan siyang makita ang kanyang pocket-knife. Sumakay siyang muli sa kabayo, pumihit, at binalikan ang dinaanan. Sa hindi kalayuan ay tumigil ang kanyang kabayo. Bumaba ng kabayo si Itay at kinapa ang makapal na alikabok sa daan. Doon, nakita niyang nakabaon sa alikabok ang mahal na mahal niyang pocketknife. Alam niya na dininig at sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin.

Dahil natuto na siyang makinig at kumilos ayon sa mga bulong ng Espiritu, mapalad ang aking ama na makita ang kamay ng Panginoon sa maraming pagkakataon sa kanyang buhay. Marami siyang nasaksihang himala. Subalit kapag tinitipon niya noon ang kanyang pamilya upang turuan kami ng ebanghelyo, madalas niyang banggitin ang kanyang karanasan sa maalikabok na daan sa Monticello nang dinggin at sagutin ng Panginoon ang dalangin ng isang "mapekas na pitong-taong-gulang na batang lalaki."

Nang tumanda na siya sinabi niya sa amin na may iba pa siyang nalaman sa karanasan niya noong bata pa siya. May kislap ang mga matang sinabi niya, "Nalaman ko na nakakausap ng Diyos ang mga kabayo!"

Ang karanasan ng aking ama noong bata pa siya ay nakintal sa kanyang isipan dahil doon nagsimula ang kanyang sariling espirituwal na pagkatuto. Noon niya nalaman sa kanyang sarili na dinirinig ng Diyos ang mga dalangin. Noon siya nagsimula, sabi nga ni Propetang Joseph Smith, na *matuto* tungkol sa Espiritu ng Diyos.[1]

MGA PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



## Ang Kaloob na Espiritu Santo

Nangako ang Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na paglisan Niya, matatamasa nila ang kaloob na Espiritu Santo. Sabi Niya, "Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26). Ang pangakong iyon ay natupad sa araw ng Pentecostes.

Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may karapatan sa kaloob na ito. Pagkatapos tayong mabinyagan, ginagawaran tayo ng kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng taong may awtoridad na mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo. Ang kaloob na ito ay ang karapatan, kapag tayo ay karapat-dapat dito, na laging makasama ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.

Ang pagsama ng Espiritu Santo ay isa sa mga pinakadakilang pagpapalang matatamasa natin sa buhay na ito. Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85) ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Tungkulin ng mga tao—nang higit sa lahat sa mundong ito—na hangarin ang patnubay ng Banal na Espiritu. Walang kasinghalaga ang pagsama ng Espiritu Santo. . . .

"Walang halagang napakalaki, walang gawaing napakabigat, walang pagpupunyaging napakatindi, walang sakripisyong napakahirap, kung dahil dito ay matatanggap at matatamasa natin ang kaloob na Espiritu Santo."[2]

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang Espiritu ng Diyos ay matututuhan at "sa pamamagitan ng pagkatuto tungkol sa Espiritu ng Diyos at pagunawa rito, kayo ay maaaring umunlad sa alituntunin ng paghahayag, hanggang sa maging sakdal kayo kay Cristo Jesus."[3]

Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa natin ay ang *malaman* ang tungkol sa Espiritu ng Diyos—matutong makinig at sumunod sa mga pahiwatig ng Espiritu. Kung nais natin ito at karapat-dapat tayo, tuturuan tayo ng Panginoon sa alituntunin ng paghahayag.

## Matutong Makinig at Kumilos

Upang matuto tungkol sa Espiritu ng Diyos, dapat tayong matutong makinig nang taos-puso. Sinabi ni






# TINGNAN ANG GULONG

**Ni Andrew M. Wright**

Noong 15 anyos ako, umalis kami ng aming pamilya sa bahay namin sa Arizona para magbakasyon sa gitnang Estados Unidos. Maraming estado kaming naraanan, kabilang na ang Kansas, Texas, Arkansas, Missouri, at Illinois.

Naging maganda ang bakasyon namin. Natuto kaming maging masaya sa piling ng bawat isa sa mahahabang oras na nakasakay kami sa van sa pagdaan namin sa iba't ibang lugar.

Nang huminto kami sa isang restoran isang gabi, sabik kaming lahat na makakain. Pagbaba namin sa aming van, bigla akong nagkaroon ng tahimik ngunit malakas na kutob na nagsabi sa aking tingnan ang gulong sa likuran ng aming van. Nagsimula akong maglakad papunta sa restoran, ngunit kinukutuban pa rin ako. Lumingon ako at pagkatapos ay tumigil. Pumasok sa isipan ko ang mga salitang: "Tingnan mo ang gulong sa likuran." Napakalakas niyon kaya't hindi ko iyon maipagwalang-bahala.

Nagpunta ako sa likuran ng van at nakarinig ng pagsirit ng hangin. Totoo nga, may butas ang kanang gulong namin sa likuran at malapit nang maubusan ng hangin. Tumakbo ako papunta sa tatay ko, na nakapasok na sa restoran kasama ang iba pang mga kapamilya namin.

Dinala ng tatay ko ang van sa isang istasyon ng gas bago ito tuluyang mawalan ng hangin. Dahil hindi naman nasira ang gulong, hindi mahal ang pagkumpuni at mabilis itong natapos. At ilang minuto lang ay nakumpuni na ang gulong bago nagsara ang istasyon ng gas sa gabing iyon. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari kung hindi ko pinansin ang paramdam. Ngunit alam ko na dahil tumugon ako, naipagpatuloy namin nang ligtas at maayos ang aming paglalakbay.

Mula nang mangyari iyon, lagi akong napapanatag sa kapangyarihan

---

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang Espiritu ay ang marahan at banayad na tinig—isang tinig na *nadarama* sa halip na naririnig. Ito ay isang espirituwal na tinig na pumapasok sa isipan at ipinadarama sa ating puso."[4]

Itinuro din ni Pangulong Packer: "Mas madaling dumating ang inspirasyon sa payapang kapaligiran. Ang mga salitang tulad ng *tahimik, panatag, payapa, Mang-aaliw* ay marami sa mga banal na kasulatan: 'Kayo ay *magsitigil,* at kilalanin ninyo na ako ang Dios.' (Mga Awit 46:10; idinagdag ang italics.) At ang pangakong, 'Iyong matatanggap ang aking Espiritu, ang Espiritu Santo, maging ang Mang-aaliw, na siyang magtuturo sa iyo ng mga *mapayapang* bagay ng kaharian.' (D at T 36:2; idinagdag ang italics)."

Dagdag pa ni Pangulong Packer: "Kahit maaanyayahan natin ang pakikipag-ugnayang ito, hindi ito *kailanman* mapipilit! Kung susubukan natin itong pilitin, maaari tayong malinlang."[5]

Napakahalaga sa ating pag-aaral ang ating responsibilidad na kumilos, nang walang pagkaantala, ayon sa mga espirituwal na pahiwatig na natatanggap. Ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson: "Nagmamasid tayo. Naghihintay tayo. Pinakikinggan natin ang marahan at banayad na tinig na yaon. Kapag nagsasalita ito, sumusunod ang matatalinong lalaki't babae. Hindi dapat ipagpaliban ang pagsunod sa mga inspirasyong ibinibigay ng Espiritu."[6]

Ang pagkatutong pakinggan at unawain ang Espiritu ay dahan-dahan at patuloy na proseso. Sinabi ng Tagapagligtas, "Siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24). "Sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan" (2 Nephi 28:30).

Tulad ni Cristo na "hindi . . . tinanggap ang kaganapan sa simula, subalit tumanggap nang biyaya sa biyaya" (D at T 93:12), gayundin, kapag sinunod natin ang Kanyang mga utos, tayo ay "makatatanggap nang biyaya sa biyaya" (D at T 93:20; tingnan din sa Juan 1:16) at "ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30). Ang ating pag-aaral kadalasan ay dahan-dahan tulad ng pagbaba ng mga hamog mula sa langit (tingnan sa D at T 121:45; 128:19).

Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol na "walang simpleng pormula o pamamaraang agad magtutulot sa [atin] na maging bihasa sa kakayahang magabayan [ng tinig ng Espiritu]." Sa halip, "inaasahan ng ating Ama na matututo [tayong] makamit ang tulong na iyon

LARAWAN NI BRIGHAM YOUNG NA IPININTA NI DAN WEGGELAND, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



ng Espiritu Santo at kung gaano tayo kapalad bilang mga miyembro ng Simbahan na magkaroon ng espesyal na linyang iyon ng pakikipag-ugnayan. Nagpapasalamat ako sa karanasang iyon, dahil lalalagi na iyon sa aking isipan, na habampanahong nagpapaalala sa akin na minamahal, pinangangalagaan, at binabantayan ng ating Ama sa Langit ang lahat ng Kanyang anak.

ng langit sa pagsampalataya sa Kanya at sa Kanyang Banal na Anak na si Jesucristo."

Nagpatuloy si Elder Scott: "Ang akala ninyong nakakatakot na tungkulin ay magiging mas madaling gampanan sa paglipas ng panahon kapag palagi ninyong sinisikap kilalanin at sundin ang damdaming ipinadarama ng Espiritu. Mag-iibayo rin ang tiwala ninyo sa patnubay na tinatanggap ninyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo," at "magiging mas tiyak ang tiwala ninyo sa mga nadarama ninyo kaysa sa pag-asa ninyo sa inyong nakita o narinig."[7]

Bilang bahagi ng ating pag-aaral, tutulungan tayo ng Panginoon na makita ang mga resulta, sa buhay natin at ng iba, ng ating pagkilos ayon sa mga pahiwatig na natatanggap natin mula sa Espiritu. Ang mga karanasang ito ang magpapalakas ng ating pananampalataya at magbibigay sa atin ng dagdag na lakas ng loob upang kumilos sa hinaharap.

Ang pagkatutong pakinggan at unawain ang Espiritu ay nangangailangan ng malaking pagsisikap. Ngunit nangako ang Panginoon na ang matatapat ay "makatatanggap ng paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang [kanilang] malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan" (D at T 42:61). ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 153.
2. Bruce R. McConkie, *A New Witness for the Articles of Faith* (1985), 253.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 153.
4. Boyd K. Packer, "The Cloven Tongues of Fire," *Liahona,* Hulyo 2000, 10.
5. Boyd K. Packer, "Reverence Invites Revelation," *Ensign,* Nob. 1991, 21.
6. Thomas S. Monson, "The Spirit Giveth Life," *Liahona,* Hunyo 1997, 4.
7. Richard G. Scott, "Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Liahona,* Nob. 2009, 6–7.



## ISANG PRIBILEHIYO AT TUNGKULIN

"Kung nais ninyong malaman ang isipan at kalooban ng Diyos . . . , kunin ito, pribilehiyo din ninyo ito tulad ng sinumang ibang kasapi ng Simbahan at Kaharian ng Diyos. Pribilehiyo at tungkulin ninyong mamuhay nang gayon na lamang upang malaman ninyo ang salita ng Panginoon kapag ito ay winika sa inyo at kapag ang isipan ng Panginoon ay ipinahayag sa inyo. Sinasabi ko na tungkulin ninyong mamuhay nang gayon na lamang upang inyong malaman at maunawaan ang lahat ng bagay na ito."

**Pangulong Brigham Young (1801–77), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 78–79.**



# Paghahayag
## PAISA-ISANG PATAK

Matamang nakamasid si Luis Andres Varela habang natitipon ang isang patak ng tubig sa dulo ng estalaktita sa Mga Kuweba ng Taulabe sa Honduras. Bawat patak ay nagpapalaki sa estalaktita sa pagdaragdag ng kaunti pa sa naiwan ng naunang mga patak.

Ngunit hindi lang estalaktita ang nakikita ni Luis—nakakakita siya ng aral tungkol sa kanyang sarili.

"Lumalaki ang mga estalaktita sa paisa-isang patak," sabi niya. "Lumalago rin ang ating patotoo sa ganyang paraan. Tinuturuan tayo ng Espiritu Santo nang paunti-unti. Bawat patak ay tumutulong sa atin na lumago sa kaalaman tungkol sa ebanghelyo." (Tingnan sa 2 Nephi 28:30.)

Naaalala ni Luis ang gayong pangyayari sa kanyang buhay. Isang araw habang binabasa ng kanyang pamilya ang mga banal na kasulatan, nakadama siya ng kapanatagan at katiyakan na totoo ang binabasa niya.


"Ako ay 14 anyos lamang, pero alam kong nakatanggap ako ng paghahayag dahil nadama kong sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na totoo ang Simbahan at si Joseph Smith ay isang propeta," sabi niya. "Siguro kakaunti pa lang ang natanggap ko—para lang akong isang napakaliit na estalaktita—pero kung gagawin ko ang dapat kong gawin para makatanggap ng paghahayag, patuloy na lalago ang aking kaalaman at patotoo."

Sinabi ni Luis na ang pagsisimba, pagdalo sa seminary, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pag-aayuno at pagdarasal ay maghahandang lahat sa atin na tumanggap nang "paghahayag sa paghahayag" (D at T 42:61).

"Kung gagawin ko ang mga bagay na ito," wika niya, "ang pananampalataya ko, tulad ng mga estalaktitang iyon, ay aabot mula rito hanggang langit." ■



ITAAS: LARAWAN © PHOTONONSTOP/SUPERSTOCK; KANAN: LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON



*"Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, . . . sapagkat matututo sila ng karunungan; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan" (2 Nephi 28:30).*



# Paghahayag

## BUMUBUHOS MULA SA LANGIT

Natitilamsikan ng tubig ang mga taong masyadong lalapit sa Pulhapanzak Falls sa Honduras. Ngunit hindi ito alintana ni José Santiago Castillo. Para kay José, ang bumubuhos na tubig ay sagisag ng pangakong naging makabuluhan sa kanya mula nang unang sagutin ng Ama sa Langit ang kanyang mga dalangin tungkol sa ebanghelyo.

"Kung nais natin ng karunungan, makakahingi tayo," sabi ni José (tingnan sa Santiago 1:5). "Tulad ng hindi mapipigilan ng tao ang tubig na ito, ipinangako ng Panginoon na magbubuhos Siya ng kaalaman sa mga Banal." (Tingnan sa D at T 121:33.)

Ang karanasan ni José sa Simbahan ay nagturo sa kanya na lumalakas ang patotoo nang taludtod sa taludtod, ngunit hindi ito kailangang maging mabagal. Mayroong paghahayag na dadaloy.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Hindi naghayag ng anuman ang Diyos kay Joseph, maliban sa ipapaalam Niya sa Labindalawa, at maging ang pinakaabang Banal ay malalaman ang lahat ng bagay ayon sa bilis ng kakayahan niyang unawain ito."[1]

"Bago ako nabinyagan, hiniling ko sa Ama sa Langit na pagtibayin na totoo ang inihayag Niya sa akin: ang Aklat ni Mormon, ang Word of Wisdom, ikapu," sabi ni José, na ngayon ay naglilingkod bilang elders quorum president. "Sa pagtatanong sa Kanya makakamit natin ang mga sagot." (Tingnan sa Moises 1:18.)

Gayunman, dapat nating ihanda ang ating sarili sa pagtanggap ng paghahayag. "Kung gusto nating mabasa, kailangan nating lumusong sa tubig," sabi ni José. "Kung gusto natin ng paghahayag, dapat tayong pumaroon sa pinagbubuhusan ng paghahayag. Dapat ay naroon tayo sa dapat nating kalagyan, na ginagawa ang dapat nating gawin. Maraming bagay tayong matututuhan kung masigasig tayo." (Tingnan sa 1 Nephi 15:8–11.) ■

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 313.

LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON



*“Gayundin maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan, o ibaling ang daloy nitong paitaas, upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng kaalaman mula sa langit sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw” (D at T 121:33).*

Mga Talinghaga

*Bilang mga katuwang na pastol ng Tagapagligtas, may responsibilidad tayong "tulungan[g] . . . iligtas ang mga naliligaw ng landas."*

# NG MGA NALIGAW AT NATAGPUAN

Sa kabanata 15 ng Ebanghelyo ayon kay Lucas, gumamit ang Tagapagligtas ng tatlong talinghaga upang ituro ang kahalagahan ng isang kaluluwa, na ipinapakita sa atin kung paano hanapin at *ibalik* ang nawala sa kawan ng pananampalataya at pamilya.

Sa mga talinghaga, gumala ang tupa, nawala ang isang pirasong pilak, at nilustay ng alibughang anak ang kanyang mana sa magulong pamumuhay. Ngunit ginalugad ng pastol ang ilang, winalis ng babae ang bahay, at hinintay ng mapagpatawad na ama ang pagbabalik ng kanyang anak, laging handang tanggapin siya nang malugod sa tahanan.

Ang mga talinghaga ng Tagapagligtas—at ang tatlong sumunod na maiikling lathalain ng mga lider ng Simbahan—ay nagpapaalala sa atin na bilang Kanyang mga katuwang na pastol, may responsibilidad tayong "tulungan[g] . . . iligtas ang mga naliligaw ng landas, upang wala ni isang mahalagang kaluluwang mawala."[1]

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Gampanan ang Tungkuling Itinalaga sa Iyo," *Liahona,* Mayo 2003, 57.



*PAGLILIGTAS SA NAWALANG TUPA,* NI MINERVA K. TEICHERT; MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT A. MCKAY



# Pagliligtas sa mga Nawawalang Tupa

**Ni Elder Donald J. Keyes**
Area Seventy, Utah North Area



Ilang taon na ang nakalilipas sa simula ng tagsibol, nagkaroon kaming mag-asawa ng pagkakataong magbiyahe papunta sa magandang Star Valley, Wyoming, USA. Kaaya-aya ang umagang iyon ng tagsibol, at napakaganda ng kapaligiran at tanawin.

Nang papasok na kami ni Jackie sa Star Valley, natuwa kaming makakita paminsan-minsan ng mga kawan ng tupa na may kasamang mga batang tupa. May ilang bagay na mas nakakatuwa kaysa isang batang tupa. Habang dumaraan kami sa abalang kalsada, nakita namin ang isang maliit na tupa sa labas ng bakod malapit sa tabing-daan. Hindi ito magkandatuto sa pagparoo't-parito sa tabi ng bakod, at nagpipilit makabalik sa kawan. Naisip ko na sapat ang liit ng batang tupang ito para sumiksik sa maliit na butas ng bakod palabas pero hindi na ngayon makabalik.

Sigurado ako na kung hindi kami hihinto para iligtas ang tupa, maliligaw ito kalaunan sa kalapit na kalsada at masasaktan o mapapatay. Itinigil ko ang sasakyan at sinabi ko kay Jackie at sa mga kasama namin sa likurang upuan, "Dito muna kayo; sandali lang ito."

Mangyari pa dahil sa kakulangan ko ng kaalaman sa pag-aalaga ng tupa ay inakala kong matutuwa ang takot na tupa na makita ako; tutal, mabuti naman ang intensyon ko. Naroon ako para iligtas ang buhay nito!

Ngunit nalungkot ako dahil natakot sa akin ang tupa at hindi nito ikinatuwa ang intensyon kong iligtas ito. Nang lapitan ko ang tupa, mabilis na tumakbo ang munting hayop sa tabi ng bakod palayo sa akin. Nang makita ang nangyari, lumabas ng sasakyan si Jackie para tumulong. Pero kahit magkatulong kami hindi namin mapasunod ang mabilis at maliit na tupa.

Sa puntong ito ang mag-asawang nakaupo sa likuran ng sasakyan, na tuwang-tuwang pinanonood ang habulan, ay lumabas ng sasakyan at sumali sa tangka naming pagliligtas. Sa huli ay tulung-tulong naming napagsalikupan ang nahintakutang tupa sa tabi ng bakod. Nang yumuko ako para buhatin ito suot ang malinis kong damit-pambiyahe, napansin ko kaagad na amoy kamalig ito. Noon ako nag-isip-isip, sulit ba talaga ang ginawa namin?

Nang buhatin namin ang tupa at itinawid ito sa bakod upang maging ligtas, nanlaban ito at nagsisipa nang buong lakas. Ngunit ilang sandali pa ay natagpuan nito ang kanyang ina at mahigpit at ligtas itong tinabihan ng inang tupa. Medyo marumi at lukot ang aming mga damit ngunit nasisiyahan at panatag kami na pinili naming gawin ang tama, nagpatuloy na kami.

Maraming beses kong pinag-isipan ang karanasang iyon mula noon. Iniisip ko kung gagawin natin ang gayong klaseng pagsisikap upang iligtas ang isang walang-utang-na-loob at di-gaanong aktibong miyembro. Sana nga! "Gaano pa nga ang isang tao na may halaga kay sa isang tupa?" ang tanong ng Tagapagligtas (Mateo 12:12). Sa bawat branch, ward, at stake ay may naliligaw at nanganganib na mga tupa.

Palitan ninyo ang salitang *maitutulong* ng salitang *maililigtas* sa himnong "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" Hinihikayat ko kayong gawin ito sa pagliligtas ng mga nawawalang tupa:

*Sa ngayo'y maraming maililigtas,*
*Pagkakatao'y naririyan.*
*Huwag mo nang hayaang*
*ipagpabukas pa,*
*Kumilos na at gumawa.*[1]

Ang ating mga kapwa ay maaaring tila walang-utang-na-loob, takot, o hindi interesadong mailigtas. At ang ating mga pagsisikap na iligtas sila ay maaaring mangailangan ng panahon, pagsisikap, lakas, at suporta at tulong ng iba. Ngunit ang gawaing ito ay gagantimpalaan ng mga walang hanggang pagpapala. Tulad ng ipinangako ng Panginoon, kung tayo ay magdadala ng "kahit isang kaluluwa sa [Kanya] sa kaharian ng [Kanyang] Ama, anong laki ng [ating] kagalakang kasama niya sa kaharian ng [ating] Ama" (D at T 18:15).

**TALA**

1. Tingnan sa "Ako Ba ay May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.



## HINDI NIYA AKO PINABAYAAN

**Ni Sonya Konstans**

Nang sumapi ako sa Simbahan noong 1990, kinaibigan ako ng napakababait na pamilya, binigyan ng tungkulin, at dama kong kabilang ako. Ngunit paglipas ng isang taon, matapos lumipat sa isang bagong ward, nagsimula akong lumayo [sa Simbahan]. Tumigil ako sa pagdalo sa mga miting at nagsimulang makipag-deyt sa isang lalaking hindi miyembro ng Simbahan.


Naniniwala pa rin ako noon na totoo ang Simbahan. Naisip ko lang na hindi na ako karapat-dapat pa rito. Pagkatapos ay si Kathy ang naatasang maging visiting teacher ko.

Tumatawag si Kathy bawat buwan sa unang ilang buwan na sinisikap na maiskedyul ang pagbisita niya sa akin. Dahil palagi kong iniiwasan ang kanyang mga pagbisita, sinimulan na lang niyang ipadala sa akin ang Mensahe sa Visiting Teaching. Bawat buwan ay talagang dumarating ang mensahe. Nagpatuloy ito sa loob ng apat na taon, kahit naikasal na ako sa kasintahan ko at nagkaroon kami ng dalawang anak.

# Pagpapakita ng Habag

**Ni Elder Robert D. Hales**

Ng Korum ng Labindalawang Apostol



Sa talinghaga ng nawawalang tupa, hinanap ng pastol ang tupa hanggang sa matagpuan niya ito. Pagkatapos ay bumalik siya, na nagagalak (tingnan sa Lucas 15:4–7).

Sa talinghaga ng nawawalang piraso ng pilak, nagsindi ng kandila ang babaeng balo, na nagbigay ng liwanag,

*NAWAWALANG PIRASO NG PILAK*, NI J. KIRK RICHARDS



May mga buwan na itatapon ko lang ang mensahe nang hindi ito binabasa; may mga buwan naman na babasahin ko ito at pagkatapos ay itinatapon na. Hanggang sa isang araw ay iniwan ako ng asawa ko. Nang maiwan akong mag-isa sa pagpapalaki ng dalawa kong anak, isang nagsisimula pa lang maglakad at isang sanggol pa, bigla akong nangailangan ng mga sagot. Nang muling dumating ang buwanan kong Mensahe sa Visiting Teaching, nagpasiya akong magsimba sa unang pagkakataon sa loob ng matagal na panahon.

Asiwang-asiwa ako, na para bang lahat ng mga kasalanan ko ay nakasulat sa manggas ko. Isang sister na nakilala ko sa young single adult program ang magiliw na bumati sa akin, at magkatabi kaming umupo. Biglang dumating si Kathy. Iniwasan ko siyang tingnan, nahihiya na hindi ko sinagot ang alinman sa kanyang mga liham. Ngumiti siya sa akin, nakipag-usap sandali sa katabi ko, at pagkatapos ay umupo sa tabi ng kanyang asawa.

Pag-uwi ko galing sa trabaho kinabukasan, may mensahe mula kay Kathy sa answering machine. Hindi ko siya matawagan. Ang alam ko lang ay gusto niyang sabihin sa akin na hindi na ako tutulutang magsimba pa, na napakalaki ng mga nagawa kong kasalanan. Nalungkot ako na si Kathy pa ang kailangang magsabi ng mensaheng ito sa akin. Wala na akong puwang sa mabubuti. Hindi ko siya matawagan, ngunit nang sumunod na gabi muli siyang tumawag.

"Gusto kong humingi ng paumanhin," sabi niya.

Bakit naman kailangang humingi ng paumanhin sa akin si Kathy?

"Hindi kita nakilala noong nakita kita sa simbahan noong Linggo," sabi niya. "Pagkatapos ng sacrament meeting, tinanong ko ang katabi mo sa upuan kung sino ka. Ngunit nakaalis ka na. Masaya ako na nakita kita."

Wala akong nasabi.

"Sana magkausap tayo sa susunod na magsisimba ka," dagdag ni Kathy.

"Oo, sige," sabi ko, at biglang naging napakasaya ko.

Magkatabi nga kami sa upuan nang sumunod na Linggo—at nang sumunod pang mga Linggo pagkatapos niyon. Siya ang nagsilbing inspirasyon ko sa pagiging mas mabuting ina, mas mabuting miyembro ng Simbahan, at mas mabuting visiting teacher. Palagi siyang matiyagang nakikinig, nang hindi nanghuhusga, tulad ng nadarama kong gagawin ng Tagapagligtas.


Katabi ko sa upuan si Kathy nang tanggapin ko ang aking endowment at nang araw na ikasal ako sa pangalawang asawa ko sa templo. Nanatili siyang visiting teacher ko hanggang sa lumipat kami ng ibang lugar. Pinagpala ng kanyang paglilingkod ang pamilya ko sa maraming paraan na natitiyak kong hindi niya inakala noon—lahat ng iyon dahil hindi niya ako pinabayaan.

at nagwalis sa bawat sulok upang hanapin ang pilak. Nagalak siya nang makita ito (tingnan sa Lucas 15:8–10).

Ang dalawang talinghagang ito ay mga halimbawa ng pagkilos upang maghanap, pagliwanagin ang kadiliman, at magwalis hanggang sa matagpuan ang isang itinatanging pag-aari o nawawalang kaluluwa at maibalik sa isang masayang tahanan.

Isang magandang halimbawa ng pagkahabag at paglilingkod na gumagawa ng kaibhan ay ang halimbawang ipinakita nina Don at Marian Summers. Habang naglilingkod sa England, inatasan silang iukol ang huling anim na buwan ng kanilang misyon sa Swindon Branch upang magturo at tumulong sa pagpapaaktibo ng mga miyembro. Sa loob ng 80 taon ang Swindon ay isang branch na may ilang matatapat na miyembro at maraming mabubuting miyembro na nagiging di-gaanong aktibo.

Isinulat nina Don at Marian: "Medyo nakakalungkot ang unang pagbisita namin sa Swindon Branch nang tipunin namin ang mga Banal sa malamig na inuupahang bulwagan. May 17 miyembro sa kongregasyon, kabilang na sina President at Sister Hales at 4 na misyonero. Suot pa rin ang aming mga pangginaw, pumalibot kami sa isang maliit at di-sapat ang init na heater habang nakikinig ng aralin sa Sunday School."



### MGA KALULUWANG ILILIGTAS

"Sa buhay na tinatahak natin makikita ninyong hindi lamang tayo ang naglalakbay. Marami ang nangangailangan ng inyong tulong. Mga paang patatagin, mga kamay na aabutin, mga isipang hihikayatin, mga pusong bibigyan ng inspirasyon, at mga kaluluwang ililigtas."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Saligang Kaytibay," *Liahona,* Nob. 2006, 68.**



Sabi pa sa sulat: "Isang miyembro ng branch ang kumausap sa akin isang araw: 'Elder Summers, maaari ba kitang payuhan? Huwag na huwag ninyong banggitin ang salitang *ikapu* sa mga miyembro sa Swindon; hindi talaga sila naniniwala roon, at magagalit lang sila sa iyo.'"

Sabi ni Brother Summers: "Itinuro pa rin namin ang ikapu at lahat ng iba pang alituntunin ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng halimbawa at paghikayat ng branch president, nagbago ang damdamin nila, at nagsimulang lumago ang kanilang pananampalataya at pagiging aktibo. Ganap na nai-update ang mga talaan ng mga miyembro nang bisitahin namin ang bawat tahanan ng miyembro. Nang magmalasakit na ang mga lider, nagsimulang tumalima ang mga miyembro, at nadama ang panibagong sigla sa branch. Naging interesadong muli ang mga miyembro sa ebanghelyo at sa pagtulong sa isa't isa. . . .

"Isang bata pang mag-asawa ang nahirapang makibagay dahil iba-iba ang kanilang tradisyon, gawi, at pananamit. Nasaktan sila sa mga mungkahing magbago sila. Sumulat nang dalawang beses ang mag-asawa sa bishop [dahil ward na ito noon] at ipinaalis nila ang kanilang pangalan sa mga talaan ng Simbahan. Sa huling sulat binawalan nila ang sinumang miyembro na bumisita sa kanila, kaya pumunta [kami] sa tindahan ng mga bulaklak at bumili ng magagandang chrysanthemum at ipinadala ito sa mag-asawa. Simpleng mensahe lamang iyon: *'Mahal namin kayo; hinahanap-hanap namin kayo; kailangan namin kayo. Sana bumalik na kayo.'* Mula sa Swindon Ward.

"Ang sumunod na Linggo ay pulong-ayuno at patotoo at huling Linggo namin sa Swindon. May 103 mga miyembrong dumalo, kumpara sa 17 miyembro anim na buwan bago iyon. Naroon ang mag-asawa, at nang magbahagi ng patotoo ang lalaki, pinasalamatan niya ang Swindon Ward dahil hindi nila hinayaang mawala sila."

Bawat isa sa atin ay maaaring makaranas ng ganito sa ating ward at branch sa pagtulong at pagmamahal sa mga di-gaanong aktibo. Malaking kagalakan ang magbigay ng ". . . kahabagan [na gagawa ng kaibhan]" (Judas 1:22) sa mga taong maaaring handa nang matagpuan ang kanilang sarili at nais nang bumalik.

*Mula sa "Some Have Compassion, Making a Difference,"* Ensign, *Mayo 1987, 77; pinagparepareho ang pagbabaybay.*

# Malugod na Pagtanggap sa Alibughang Anak

**Ni Elder Spencer J. Condie**

Naglingkod bilang miyembro ng Pitumpu mula 1989 hanggang 2010



Ang talinghaga ng alibughang anak ay malinaw na naglalarawan ng maraming iba't ibang disposisyon ng tao. Una, nariyan ang alibughang anak na makasarili na hindi iniisip ang sinuman o anuman kundi ang kanyang sarili. Ngunit, sa wakas, matapos ang magulong pamumuhay ay natuklasan niya sa kanyang sarili na "ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" [Alma 41:10], at siya ay "[n]akapagisip" (Lucas 15:17). Kalaunan ay natanto niya kung kaninong anak siya, at nanabik na makabalik sa piling ng kanyang ama.

Ang kanyang mayabang at makasariling disposisyon ay nauwi sa pagpapakumbaba at bagbag na puso at nagsisising espiritu nang ipagtapat niya sa kanyang ama: "Nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo" (Lucas 15:21). Lumipas na ang pagiging rebelde ng kabataan, wala na ang makasariling pag-iisip, at ang walang-tigil na paghahanap ng kasiyahan, at napalitan ito ng pagsisimula ng desisyong patuloy na gumawa ng mabuti. Ngayon, kung ganap tayong tapat sa ating sarili, aaminin ng bawat isa sa atin na tayong lahat ay may kaunting bahid ng alibughang anak.

At nariyan ang ama. Maaari siyang pintasan ng ilan na masyado siyang mapagpalayaw sa pagkakaloob ng hiling ng nakababatang anak na "ibigay mo sa akin ang bahagi ng iyong kayamanang nauukol sa akin" (Lucas 15:12). Ang ama sa talinghaga ay walang dudang sensitibo sa banal na alituntunin ng kalayaang moral at kalayaang pumili, isang alituntuning pinagtalunan sa Digmaan sa Langit bago tayo isinilang. Ayaw niyang pilitin ang kanyang anak na maging masunurin.

Ngunit ang mapagmahal na amang ito ay hindi kailanman sumuko sa kanyang anak na nalihis ng landas, at napatunayan ang kanyang walang-sawang pag-aalaga sa madamdaming kuwento na nang ang anak ay "nasa malayo pa . . . [a]ng kaniyang ama [ay] nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan"



*ANG ALIBUGHANG ANAK*, NI CLARK KELLEY PRICE © IRI



(Lucas 15:20). Hindi lamang niya hayagang ipinakita ang pagmamahal sa kanyang anak, kundi hiniling pa ng ama sa kanyang mga alila na bigyan ito ng balabal, sapin sa paa, at singsing para sa kamay at nagbilin na patayin ang pinakamatabang guya, at tuwang-tuwang sinabing, "siya'y nawala, at nasumpungan" (Lucas 15:24).


Sa paglipas ng mga taon, ang ama ay nagkaroon ng napakatinding habag, pagpapatawad, mapagmahal na disposisyon kaya wala na siyang magawa pa kundi magmahal at magpatawad. Paborito nating lahat ang talinghagang ito dahil nagbibigay ito ng pag-asa sa bawat isa sa atin na isang mapagmahal na Ama sa Langit ang nakatayo sa daan, at sabik na naghihintay sa pag-uwi ng bawat isa sa Kanyang mga anak na alibugha.

At ngayon sa mas matanda at masunuring anak na tutol sa ginawa ng kanyang mapagpatawad na ama: "Narito, maraming taon nang kita'y pinaglilingkuran, at kailan ma'y hindi ako sumuway sa iyong utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailan man ng isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking mga kaibigan:

"Datapuwa't nang dumating itong anak mong umubos ng iyong pagkabuhay sa mga patutot, ay ipinagpatay mo siya ng pinatabang guya" (Lucas 15:29–30).

Tulad ng pagkakaroon natin ng bahid ng pagiging alibughang anak, maaaring bawat isa sa atin ay may bahid din ng pag-uugali ng nakatatandang anak. Ipinaliwanag ni Apostol Pablo ang bunga ng Espiritu bilang "pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil" (Mga Taga Galacia 5:22–23). Bagaman posibleng masunurin nga ang nakatatandang anak sa kanyang ama, sa likod ng pagkamasunurin nito ay may namumuong pagmamalinis ng sarili at disposisyong manghusga, mag-imbot, at ganap na kawalan ng habag. *Hindi* nabanaag sa kanyang buhay ang bunga ng Espiritu, dahil hindi siya payapa kundi labis ang galit niya sa inakala niyang lubhang hindi pantay na pakikitungo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal sa Brigham Young University noong Pebrero 9, 2010; iniayos ang mga bantas ayon sa pamantayan. Para sa buong teksto ng mensahe sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.*



**PANGALAGAAN ANG KAWAN**

"Responsibilidad nating pangalagaan ang kawan, dahil ang mahalagang tupa, ang mahihinang korderong ito, ay nasa buong paligid—sa tahanan sa sarili nating pamilya, sa bahay ng ating mga kamag-anak, at naghihintay sa atin sa ating mga tungkulin sa Simbahan. Si Jesus ang ating Huwaran. Sabi Niya, 'Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin' (Juan 10:14). Responsibilidad nating maging pastol. Bawat isa nawa'y tumanggap ng tungkulin."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Mga Tahanang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya," *Liahona,* Hunyo 2006, 70.**

# SANA PO AY MAGPAPUNTA KAYO NG TAO

Sa panahong nahihirapan ako sa pagdadalantao sa pangalawang anak ko, kinailangan kong uminom ng gamot na pampakapit upang hindi ako makunan. Dahil sa gamot tumindi ang nadarama kong pagkahapo at pagkahilo.

Ang malala pa, nagtatrabaho ang asawa ko nang 15-oras bawat araw, upang mapangasiwaang mabuti ang nagtatagumpay niyang bagong negosyo; bagong lipat lang kami; at 400 milya (640 km) ang layo ng tirahan ng mga magulang ko. Wala akong kakilala, lagi akong nakahiga, at kailangang alagaan ang anak kong nagsisimula pa lamang maglakad. Takot ako at nag-iisa.

Sa ganitong kalagayan bumaling ako sa Nilalang na alam kong hindi magpapabaya sa akin—ang aking Ama sa Langit. Lumuhod ako sa tabi ng aking higaan at nagdasal, "Ama sa Langit, alam ko pong maraming taon na akong nangangako na babalik ako sa simbahan, at sa palagay ko handa na po ako ngayon. Ngunit wala po akong lakas ng loob na gawin itong mag-isa. Maaari po bang magpapunta Kayo ng isang taong mag-aanyaya sa akin sa simbahan."

Kinabukasan ay tumunog ang doorbell. Nakahiga ako sa sopa suot ang aking pajama sa magulong sala at nahihilo, kaya't hindi ako bumangon para buksan ang pinto. Makaraan ang ilang minuto ay naisip ko: paano kung ang pagtunog ng doorbell ang sagot sa mga dasal ko at may dumating na taong mag-aanyaya sa akin na magsimba?

Nagbalik ako sa aking silid, muling lumuhod, at nagdasal, "Ama sa Langit, patawad po talaga sa hindi ko pagbukas ng pinto. Kung nagpapunta po Kayo ng isang taong



***Nagtatrabaho ang asawa ko nang 15-oras bawat araw, at malayo ang tirahan ng mga magulang ko. Wala akong kakilala, lagi lang akong nakahiga, at kailangang alagaan ang anak kong nagsisimula pa lamang maglakad. Takot ako at nag-iisa.***

kakausap sa akin, pangako po magiging handa akong harapin sila bukas kung papupuntahin po Ninyo silang muli."

Kinabukasan nagbangon ako, naligo, nagbihis, at maghapong naglinis ng aking bahay. Pagkatapos ay buong tiyaga kong hinintay ang muling pagtunog ng doorbell. At tumunog nga. Nang buksan ko ang pinto, may dalawang babaing nakatayo sa harap ng aking pintuan.

"Kami ang mga visiting teacher mo," sabi nila. "Alam mo ba kung ano ang visiting teaching?"

"Oho, alam ko," sagot ko, natutuwa na nagbalik sila. "Halikayo, pasok kayo."

Isa sa mga visiting teacher na iyon, ang Primary president, ay pumupunta na palagi upang tiyaking maayos ako. Nag-alok pa siyang isama ang anak ko sa simbahan at magtakda ng araw para makadalaw ang mga full-time missionary. Ang mga pagdalaw ay nagpalakas sa aking patotoo at nagbigay sa akin ng lakas ng loob na magbalik sa simbahan.

Hindi ako makapaniwalang maraming taon akong namuhay nang hindi nagdarasal sa Ama sa Langit at nakatatanggap ng Kanyang pangangalaga at patnubay. Isang malaking pagpapala ang pagtulong ng Tagapagligtas na makayanan ko ang aking mga pasanin dahil sa Kanyang pagibig at habag. Mas mabuting tao ako ngayon dahil sa Kanyang pagmamahal, at lalo kong nadaramang nagbalik ako sa dating ako noong nagsisimba pa ako noong kabataan ko.

Pinatunayan sa akin ng Ama sa Langit na lahat ng bagay ay posible sa Kanya. Ang tanging hiling Niya sa atin ay magkaroon tayo ng pananampalataya sa Kanyang kakayahang sagutin ang ating mga panalangin. ■

Wendy Walkowiak, Utah, USA

# NASAKTAN NG AKING KAIBIGAN



May isa akong kaibigan sa aking branch ng Simbahan sa Russia na palagi kong kasama sa lahat ng aktibidad ng Simbahan. Magkatulad kami sa maraming bagay, natutuwa akong makasama siya, at masaya akong magkaroon ng gayon kabuting kaibigan.

Ngunit may nangyaring kakaiba. Sa hindi ko malamang dahilan, labis niya akong nasaktan. Hindi siya humingi ng tawad, at itinigil ko na ang aming pagsasamahan. Ni hindi ko siya binati tuwing Linggo. Nagpatuloy iyon sa loob ng dalawang buwan. Nasaktan ako at nalungkot, ngunit hindi siya kumibo.

Pagkatapos ay nalaman ko na lilisanin niya ang aming lungsod. Hindi ko inisip na dapat manatiling gayon ang aming samahan; naisip ko na dapat kaming magkabati. Sa sandaling iyon naalala ko ang isang talata mula sa Aklat ni Mormon: "Magtungo kayo sa inyong kapatid, at makipagkasundo muna kayo sa inyong kapatid, at pagkatapos kayo ay lumapit sa akin nang may buong layunin ng puso, at tatanggapin ko kayo" (3 Nephi 12:24).

Nahirapan akong magpakumbaba at maunang makipagbati, ngunit nagdasal ako at saka ko siya tinawagan. Hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon niya, at handa ako sa pinakamasamang mangyayari. Nagulat ako sa narinig ko.

Taos-puso siyang humingi ng tawad sa akin, at masasabi ko sa boses niya na nahirapan siya nang husto dahil sa kanyang ginawa—katulad ko. Higit sa lahat, naaalala ko ang isang pangungusap na tatlong beses niya inulit: "Natal'ya, salamat sa pagtawag!"

Napakasaya ko! Hindi nagtagal lumipat na siya ng lugar, ngunit naghiwalay kami na matalik na magkaibigan.

Ang matutuhang mahalin at patawarin ang bawat isa ay isa sa mga bagay na pinakamahirap nating gawin. Sa pagpapatawad—lalo na kapag hindi tayo ang may kasalanan—ay kailangan nating magpakumbaba at daigin ang ating kapalaluan. Natutuhan ko na kapag una tayong nagpatawad at nakipagbati, may maidudulot itong mabuti. ■

Natal'ya Fyodorovna Frolova, Netherlands

MGA PAGLALARAWAN NI MICHAEL S. PARKER

# HINDI KO KAYO GUSTONG MAKILALA!

Taglay ang taimtim na panalangin sa aking puso at katabi ang 14 na taong-gulang na kompanyon ko, kumatok ako sa pinto ni Andy. Ito ang unang pagbisita namin sa kanyang tahanan bilang mga bago niyang home teacher. Kamakailan ay tinanggap namin ang responsibilidad na bisitahin siya sa kabila ng kanyang ugali na mahirap pakitunguhan. Bumukas ang pinto, at naroon siya at nakatayo, suot ang isang Japanese kimono.

"Ano iyon?"

"Hi, ako si Irvin, at siya ang kompanyon ko. Kami ang mga home teacher ninyo at gusto namin kayong dalawin."

Nakaupo ang kanyang asawa sa mesa sa kanyang likuran, na ganoon din ang kasuotan. Kasalukuyan silang kumakain sa estilong Japanese.

"Palagay ko naman nakikita ninyong kumakain kami at wala kaming oras para sa inyo," ang sabi niya.

"Maaari siguro kaming bumalik sa ibang araw?" tanong ko.

"Bakit?"

"Para makilala namin kayo," ang sagot ko.

"Bakit gusto ninyo akong makilala?" tanong niya. "Hindi ko kayo gustong makilala!"

Iniisip ko na maaari naman kaming umayaw bilang kanilang mga home teacher nang oras na iyon, pero hindi namin ginawa. Pagbalik namin nang sumunod na buwan, pinapasok kami ni Andy. Umupo kami na nakaharap sa dingding na may hanay ng mga basyong bote ng beer na inayos sa hugis ng mga antigong kotse. Sandali lang naming nakausap si Andy, ngunit nalaman namin na siya ay retiradong air force colonel. Ang mga sumunod naming pagdalaw ay sandali lang din at walang masyadong resulta.

Isang gabi habang paalis na ako sa isang miting ng Simbahan, may narinig akong tinig na nagsasabi sa aking dalawin si Andy. "Hindi, salamat na lang," ang naisip ko. "Huwag ngayong gabi."

Nang tumigil ako sa pulang ilaw ng trapiko, muli kong nadama ang pahiwatig na dalawin si Andy. Naisip ko, "Huwag naman, wala akong ganang bisitahin si Andy ngayong gabi."

Gayunman, sa huling pagliko ko pauwi, nadama ko ulit ang pahiwatig na iyon sa ikatlong pagkakataon, kaya't natiyak ko ang kailangan kong gawin.

Nagpunta ako sa kanyang tahanan at ipinarada ang aking kotse, na nagdarasal na mapatnubayan. Pagkatapos ay lumapit ako sa kanyang pinto at kumatok. Nang papasukin ako ni Andy, nakita ko ang Aklat ni Mormon at isang aklat ng genealogy o talaangkanan sa ibabaw ng mesa. Kakaibang diwa ang nadama ko sa kanyang tahanan; may kakaiba rin kay Andy. Marahan niyang ikinuwento ang tungkol sa pagmamahal niya sa kanyang ina at kapatid na babae, na nagtipon ng talaangkanan.

Sa kauna-unahang pagkakataon, sinabi niya sa akin ang kanyang saloobin. Binanggit niya ang sakit na nararamdaman niya sa kanyang likod, at idinagdag pa na pupunta siya sa ospital sa March Air Force Base na malapit sa Riverside, California, kinabukasan. Tinanong ko siya kung gusto niya ng priesthood blessing. Walang pag-aatubiling sumagot siya sa mahinang tinig, "Sige, basbasan ninyo ako." Tinawagan ko ang aming elders quorum president, na dumating para tumulong sa pagbibigay ng basbas.


Kinabukasan sinabi ng mga doktor kay Andy na may kanser siya sa baga at hindi na ito maaaring operahan. Pagkatapos matanggap ang balita, nakipagkita siya sa bishop. Sa loob ng ilang buwan, naratay siya sa kanyang higaan.

Isang gabi pagdating ko sa kanyang tahanan para muling dumalaw, dinala ako ng kanyang asawa sa kanyang silid, kung saan siya nakaratay. Lumuhod ako sa tabi ng kanyang kama at niyakap ko siya. Bumulong ako, "Mahal kita, Andy." Sa natitira pa niyang lakas, niyakap niya ako at, pinilit na masabing mahal din niya ako. Pagkaraan ng dalawang araw siya ay pumanaw.


Inanyayahan ako ng kanyang asawa sa libing. Bukod sa apat na miyembro ng kanyang pamilya, ako lamang ang naroon.

Labis ang pasasalamat ko na pinakinggan ko ang mga pahiwatig ng Espiritu na dalawin ko si Andy. ■

Irvin Fager, Utah, USA



# HINDI NA MAKAPAGHINTAY ANG AKING IKAPU



**Nalaman ko kaagad na hindi kakayanin ng suweldo ko ang lahat ng gastusin ko at hindi ko rin mababayaran ang kulang ko sa Panginoon sa ikapu.**

Sa mga huling taon ng pagiging tinedyer ko, nang sumama ako sa mga full-time missionary, natanto ko kung gaano kahalaga ang magkaroon ng patotoo sa mga alituntunin ng ebanghelyo na hindi magtatagal ay ituturo ko bilang misyonero. Nagpasiya ako na isa sa mga alituntuning nais kong higit pang maunawaan ay ang ikapu.

Maraming tao ang nagkakaroon ng patotoo sa ikapu sa mga panahong hirap sila sa pera. Ngunit habang lumalaki ako, laging sobra ang pera ko. Kung kailanganin ko man ng pera, mga magulang ko na ang bahala roon. Pinasalamatan ko iyon, at kahit alam kong sila ang gagastos sa aking misyon, ipinasiya ko na ako mismo ang tutustos sa kalahati ng gastusin ko sa misyon mula sa kita ko bilang part-time teacher.

Halos kasabay niyon, natanto ko na hindi pa ako nakabayad ng buong 10 porsyentong ikapu ko mula sa huling suweldo ko. Nagpasiya ako na sa susunod kong suweldo, babayaran ko ang kulang para maging full-tithe payer ako.

Gayunman, nang matanggap ko ang suweldo ko sa buwang iyon, kulang ito sa inasahan kong matanggap. Hindi regular ang oras ng pagtuturo ko, kaya paiba-iba ang suweldo ko buwan-buwan. Nalaman ko kaagad na hindi kakayanin ng suweldo ko ang lahat ng gastusin ko *at* hindi ko rin mababayaran ang kulang ko sa Panginoon sa ikapu mula sa nauna kong suweldo.

Pinag-isipan ko ang maaari kong gawin at naisip ko, "Kailangan kong bayaran nang buo ang lahat ng ikapu ko sa susunod na buwan." Pero naalala ko ang isang araling itinuro sa institute of religion tungkol sa ikapu. Naalala ko lalo na ang sinabi ng Panginoon sa Lumang Tipan: "Subukin ninyo ako ngayon" (Malakias 3:10). Pagkakataon ko ito para subukin ang alituntuning iyon at magkaroon ng mas malakas na patotoo tungkol sa ituturo ko sa iba.

Nang magbayad ako ng ikapu, maganda ang pakiramdam ko na nakabayad ako. Pero ang pagkakataong "subukin" ang Panginoon ay dumating kinabukasan mismo—mas maaga at higit sa inaasahan ko—nang alukin akong maging full-time teacher sa kindergarten. Makakapagtrabaho ako hanggang sa bago ako umalis papuntang misyon, at ang kikitain ko ay sobra pang panustos sa kalahati ng gastusin ko sa misyon. Ang biyayang ito ay nagpalakas sa patotoo ko sa ikapu. Ang patotoong ito ay paulit-ulit na napalakas nang ibahagi ko ito sa mga taong pinaglingkuran ko sa Germany Munich/Austria Mission nang sumunod na dalawang taon.

Alam ko na ang alituntunin ng ikapu ay totoo at ang Panginoon ay tunay na "bubuksan [sa atin] ang mga dungawan sa langit" at magbubuhos ng pagpapalang napakarami "na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10). ■

David Erland Isaksen, Norway

# Mga Young Adult at Family Home Evening



Inilalaan ng mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo ang Lunes ng gabi para sa family home evening. Tulad ng itinuro ng mga makabagong propeta, ang family home evening ay panahon "para sa aktibidad ng mga grupo, para magsaayos, magpakita ng pagmamahal, magbahagi ng patotoo, matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo, para sa kasiyahan at libangan ng pamilya, at higit sa lahat, para sa pagkakaisa at pagkakasundo ng pamilya."[1]

Para sa sumusunod na mga young adult, dapat unahin ang family home evening. Hindi lahat sa kanila ay may mga magulang o kapatid sa bahay. Ang ilan ay nagdaraos ng family home evening kasama ang mga roommate o mga miyembro ng ward o mga kaibigan sa institute. Ang ilan naman ay naglalaan ng oras para idaos itong mag-isa. Ngunit nakikilala nilang lahat ang mga pagpapalang agad dumarating at darating pa sa kanilang buhay sa pagsunod sa payo ng mga propeta na makibahagi sa family home evening.

### Isang Pagpapala sa Lahat ng Aspeto ng Buhay

Bilang nabinyagan at tanging miyembro ng Simbahan sa aking pamilya, dumadalo ako sa family home evening sa young adult center sa aking lungsod. Ang pakikibahagi sa family home evening ay mahalaga sa akin dahil natutuhan ko kung paano magturo sa maliit na grupo, mas naunawaan ko ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa akin noong sinisiyasat ko pa ang Simbahan, at nakita ko ang pag-unlad ng iba kapag nagtuturo o nagbabahagi sila ng kanilang patotoo.

Alam ko na mahahalagang kasanayan ang mga ito para sa aking hinaharap. Kapag may sarili na akong pamilya, malalaman ko kung paano gumawa ng epektibo at masayang family home evening dahil sa magagandang halimbawang nakita ko.

Ngunit ang family home evening ay mahalagang bahagi rin ng buhay ko ngayon. Kung minsan mas madali pang lumagi sa bahay sa Lunes ng gabi, lalo na kung masama ang panahon o marami akong pag-aaralan. Pero halos tuwing ganito ang sitwasyon ko, pumupunta pa rin ako sa family home evening dahil alam ko na mahalagang makasama ko ang ibang mga young single adult para pag-usapan ang ebanghelyo at



magkatuwaan. Kahit kakaunti lang ang dumadalo, magandang karanasan pa rin ito.

Ang maganda sa family home evening sa young adult center ay iyong maaari kaming magpunta nang maaga o magpagabi para mag-aral, magpraktis ng pagtugtog ng piano, maglaro, o magrelaks lang—laging mayroong gagawin.

Alam ko na kapag masunurin ako at sinusunod ko ang payo ng propeta na makibahagi sa family home evening, pinagpapala ako. Napatunayan ko ito sa aking pag-aaral, sa aking trabaho, na binibigyan ako ng lakas para sa linggong darating, at kapag nakadarama ako ng sigla.

Lenneke Rodermond, Netherlands

### Isang Pundasyong Pagtatayuan

Lumaki ako sa isang pamilyang regular na nagdaraos ng mga family home evening. Naaalala ko noong bata pa ako, mga family home evening ang isa sa pinakamahahalagang pangyayari sa buhay ko, at masigla akong gumigising tuwing Lunes ng umaga at ipinapaalala ko sa mga magulang ko na may family home evening sa gabing iyon. Ngayong malaki na ako, kasama ko pa rin sa bahay ang mga magulang ko at patuloy kong ginugugol ang mahalagang sandaling ito sa piling ng aking pamilya bawat linggo.

Dahil laging nagdaraos ng family home evening ang pamilya ko mula pa noong bata ako, noon pa man ay nauunawaan ko nang mahalaga ito. Sa Korea, kung saan lubhang abala ang mga magulang at mga anak at bihirang magkasama ang pamilya, ang home evening ay isang





magandang oportunidad para magkasama-sama at palakasin ang isa't isa.

Ang isa pang pagpapalang nagmula sa mga pagsisikap ng mga magulang ko ay na nabigyan ako ng matatag na pundasyong pagsasaligan ko ng aking patotoo kay Jesucristo. Bagama't natutuhan ko ang ebanghelyo sa simbahan, sa mga aralin sa family home evening ko talagang naunawaan ang mga alituntunin nito. Bunga nito, nagawa kong makapagsimba at umunlad sa ebanghelyo batay sa sarili kong pananampalataya at hindi sa pananampalataya ng mga magulang ko.

Hye Ri Lee, Korea

### Isang Oportunidad na Maibahagi ang Aking Pananampalataya

Ako ay 24-anyos na binata na nagkaroon ng malakas na patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo dahil sa pagsunod sa payo ng propeta na magdaos ng family home evening. Bagamat ako lang ang miyembro ng Simbahan sa pamilya ko, matapos akong mabinyagan, naisip ko na mapapalakas kami ng family home evening, kaya't nagpasiya akong simulan ito sa bahay namin.

Alam na ng buong pamilya na espesyal ang araw ng Lunes kapag nagtitipon kami upang pag-aralan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Kung minsan nilulutas namin ang mga problema sa pamilya o pinag-uusapan ang mga pagsubok, pangangailangan, o interes ng bawat kapamilya. Natutuhan ko kung paano talaga makipag-ugnayan sa aking Ama sa Langit at mapayuhan ng aking mga kapamilya nang may pagmamahal. Dahil diyan, lalo kaming nagkaisa, na isang malaking pagpapala.

Bukod pa riyan, ang family home evening ay nagpatibay sa pundasyon ng aking pamilya sa ebanghelyo

MGA PAGLALARAWAN NI RANDALL SLY



### ANG FAMILY HOME EVENING AY PARA SA LAHAT


"Ito ay para sa mga pamilya na may mga magulang at mga anak, sa mga pamilya na iisa lang ang magulang, at sa mga magulang na walang kapiling na mga anak sa tahanan. Ito ay para sa mga grupo ng home evening ng mga dalaga't binata at ng mga mag-isang namumuhay o may mga roommate. . . . Ang regular na partisipasyon sa family home evening ay magpapaibayo ng pagpapahalaga sa sarili, pagkakaisa ng pamilya, pagmamahal sa ating kapwa, at tiwala sa ating Ama sa Langit."

**Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), Pangulong N. Eldon Tanner (1898–1982), at Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), *Family Home Evening: Happiness through Faith in Jesus Christ* (1976), 3.**

ni Jesucristo, at nagsisiyasat na sila ngayon sa Simbahan. Katunayan, sumasama sa family home evening namin ang mga full-time missionary paminsan-minsan.

Alam ko na kapag ikinasal ako, pagpapalain ang pamilya ko sa pamamagitan ng family home evening, ngunit nagpapasalamat din ako na nagawa kong mahalagang bahagi ng buhay ko ngayon ang family home evening. Alam ko na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay totoo at ang family home evening ay binigyang-inspirasyon ng Diyos.

Lebani Butawo, Zimbabwe



### Nakagawian nang Unahin

Lumaki ako sa pamilya na regular na nagdaraos ng family home evening. Para makauwi sa tamang oras tuwing Lunes, diretso na kaming umuuwi mula sa eskuwela at hindi na nagpaplanong sumama pa sa mga kaibigan. Ang mga personal na gawain tulad ng homework, ay ginagawa pagkatapos ng family home evening. Wala na talaga kaming inuunang iba pa sa espesyal na oras na ito na magkakasama ang aming pamilya.

Naimpluwensyahan kami ng family home evening sa aming paglaki hindi lang dahil inuuna namin ito kundi dahil tulung-tulong kami sa pagsasagawa nito. Salitan kami sa pagbibigay ng aralin, paghahanda ng meryenda, at pagbibigay ng pambungad at pangwakas na panalangin. Hindi lang kami nakinig sa mga aralin kundi nagkaroon din kami ng mga pagkakataong magturo. Bunga nito, pinagpala akong magkaroon ng kaalaman at patotoo sa ebanghelyo at tumibay ang ugnayan ng pamilya.

Dahil nakagawian ko na ang family home evening sa buhay ko, inaasam ko ang mga pagpapalang idudulot nito kapag may sarili na akong pamilya.

Chieko Kobe, Japan

### Isang Lunas sa Pangungulila sa Tahanan

Lumaki ako sa pamilya kung saan isang maningning na halimbawa ang aking mga magulang sa dalawang kapatid kong lalaki, kapatid na babae, at sa akin, at maraming pagpapala na ang natanggap ng aming pamilya dahil sa mga pagsisikap nila. Halimbawa, magkakasama kaming lumaki na malapit sa isa't isa, bumabaling sa bawat isa sa mga panahon ng pangangailangan o pagsubok. At bagamat hindi aktibo ang ilan sa mga kapamilya ko, sumasali pa rin sila sa family home evening.

Tumira akong minsan sa Sydney, Australia, at nangulila ako nang husto sa pagtira sa lugar na napakalayo sa Ireland. Mapalad ako't malapit ang tirahan ko sa meetinghouse ng Simbahan kung saan ako dumalo sa family home evening kasama ang iba pang mga young adult. Malaking pagpapala ito sa akin, at tuwing dadalo ako, hindi na ako nangungulila. Masayang makihalubilo sa mga kapwa miyembro sa payapang kapaligiran at kung saan nananahan ang Espiritu.

Linda Ryan, Ireland

### Isang Bagay na Hindi Ko Pinanghihinayangan

Sumapi ako sa Simbahan noong Mayo 2009. Mula noon agad

kong napahalagahan ang mga pagpapalang dulot ng palagiang pagdalo sa family home evening. Nangyari ang isang hindi malilimutang karanasan nang ang aming young single adult ward ay maglaro ng "chair soccer," isang klase ng indoor soccer, sa cultural hall ng meetinghouse doon. Ang dapat gawin ay protektahan ang silya mo habang binabato mo ng bolang goma ang silya ng iba. Kumampi ako sa dalawa pang manlalaro; sa huli kaming tatlo na lang ang natira sa laro, at agad naming binalingan ang isa't isa. Sa halip na mapikon, hindi namin napigilang magtawanan! Iyon ang pinakamasayang naranasan ko sa lahat, at alam ko na napakahirap maranasan iyan sa ibang lugar sa labas ng Simbahan. Lahat ay masaya, kahit hindi nanalo, pero hindi iyan ang dahilan kaya naging espesyal sa akin ang karanasang iyon. Ang talagang hindi ko malilimutan ay ang diwa ng pagkakaibigang nadama ko sa aktibidad.





Ang mga sandaling tulad nito ay nakakatulong upang maibsan ang hirap na nararanasan ko sa graduate school. Anuman ang nangyari sa buong linggo, alam ko na laging gaganda ang pakiramdam ko kung dadalo ako sa family home evening. Maaaring hindi ako laging natutuwa sa aktibidad at maaaring hindi ko laging gustong magpunta, pero hinding-hindi ko pinanghinayangan ang pagpunta ko.

Matt Adams, Nebraska, USA

## Isang Prayoridad para sa Ating Lahat

Maraming paraan para magamit ko ang mga Lunes ng gabi, mula sa pakikibahagi sa mga organisasyon sa unibersidad hanggang sa iba pang isports at mga libangan. Pero lahat ng nakatira sa aming student house—na lahat ay Banal sa mga Huling Araw—ay nagpasiya na mahalagang magdaos ng family home evening, at gawin namin itong prayoridad. Pinili namin ang prayoridad na ito para palakasin ang isa't isa sa panahong maituturing na mahirap ipamuhay ang ebanghelyo. Ang pagbabahagi ng mga patotoo at karanasan sa isa't isa ay lalong nagbigkis sa amin bilang mga young adult at magkakaibigan.

Ang family home evening ay isang pagkakataon sa buong linggo na maaasahan kong tumanggap ng espirituwal na kalakasan. Sa maraming pagkakataon pumupunta ako sa family home evening na may tanong sa isipan para lamang malaman ang mga sagot sa mga aralin o espirituwal na mensaheng ibinabahagi. Panahon din ito upang itakda at pag-isipan ang mga mithiing tutulong sa akin na umunlad.

Dahil nagpasiya na ako na laging magdaos ng family home evening, hindi ko ito itinuturing na sakripisyo. Alam kong iyon ang dapat kong kalagyan; iyon din ang *gusto* kong kalagyan. ■

Luc Rasmussen, Wales

**TALA**

1. Joseph Fielding Smith, Harold B. Lee, at N. Eldon Tanner, *Family Home Evenings, 1970–71* (1970), v.

# Mga Tanong at mga Sagot

## “Pakiramdam ko ay nag-iisa ako sa simbahan. Paano ko madaramang kabilang ako?”

Habang mapanalangin mong sinisikap na mahanap ang sagot sa iyong tanong, alalahanin ang turong ito mula sa mga banal na kasulatan: kapag sumapi tayo sa Simbahan, tayo ay “hindi na mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo’y mga kababayan na kasama ng mga banal” (Mga Taga Efeso 2:19). Ibig sabihin dapat tayong maging mabait sa lahat sa simbahan. Tayong lahat ay anak ng Diyos na nagsisikap na sambahin Siya nang may pagmamahal at pagkakaisa.

Narito ang dalawang paraan upang madamang kabilang ka:

**Kilalanin ang lahat ng tao anuman ang edad nila.** Sa sacrament meeting, halimbawa, maaari kayong maupo sa tabi ng isang inang nag-iisa na may maliliit na anak. Maaari niyang ikatuwa ang tulong. O maaari mong malugod na batiin at kilalanin ang mga miyembrong bago sa inyong ward o branch. Kapag dumating ang mga batang 12-taong-gulang sa Young Men o Young Women, maaari kang maupo sa tabi nila. Nakakatuwang magkaroon ng mga kaibigang kaedad mo, ngunit kung makikipagkilala ka sa iba na iba’t iba ang edad at interes, mas marami kang pagkakataong magkaroon ng mga kaibigan.

**Pumunta sa mga aktibidad ng iyong ward o branch.** Mahirap pumuntang mag-isa, pero magkakaroon ka ng mga kaibigan sa pagpunta mo. Umupo sa tabi ng isang taong mag-isang nakaupo. Bumati at itanong sa kanya ang kanyang mga interes. Maaaring pagmulan iyan ng mabuting pagkakaibigan.

### Makibahagi



Ilang buwan na ang nakalilipas nilisan ko ang aking bansa upang pumunta sa isang lugar na ang tanging kilala ko ay ang kapatid kong babae at ang kanyang kasintahan. Sa simbahan pakiramdam ko ay hindi ako kabilang. Lumipas ang dalawa o tatlong buwan, at dama ko pa rin ang gayong kalumbayan hanggang sa ipasiya kong ngumiti sa iba at magsabing, “Kumusta?” Sa paglipas ng bawat Linggo, nadaragdagan ang sinasabi nila sa akin maliban sa “Mabuti naman.” Nakatulong din ang partisipasyon sa seminary at Mutual at paggawa ng Pansariling Pag-unlad kasama ang iba pang mga dalagita. Ngayon panatag na ako sa simbahan, na para bang nasa amin ako.

*Vanessa B., edad 17, La Vega, Dominican Republic*

### Kilalanin ang Iba

Ilang taon na ang nakalilipas ganyan din ang problema ko. Kaya ipinasiya kong magsikap na makihalubilo at ipakita sa mga tao ang tunay kong pagkatao. Nang makipagkuwentuhan ako sa iba, nakipagkuwentuhan na rin sila sa akin, at dahil dito ay naging matibay ang pagkakaibigan sa buong korum namin.

*MacCoy S., edad 17, Utah, USA*

### Tulungan ang Iba



Alalahanin na lahat ng tao ay anak ng Ama sa Langit. Sikaping ngumiti at maging mabait sa lahat. Tulungan ang iba. Lapitan din ang mga taong nalulumbay. Kapag naglilingkod ako sa iba, natutuwa ako at hindi na nalulumbay. Kailangan din talagang dumalo sa seminary o institute. Nakadarama tayo roon ng pagtanggap at kabutihan. Huwag matakot na ibahagi ang iyong mga problema o alalahanin. Lahat tayo ay magkakapatid, at magkakatulad ang ating mga problema at pagsubok.

*Igor P., edad 19, Kyiv, Ukraine*

### Simulan ang Pakikipag-usap



Dalawang taon na ang nakararaan nang lumipat ng bahay ang aking pamilya. Sa unang ilang linggo ng pagsisimba ko at pagdalo sa Mutual, dama kong nag-iisa ako. Pero araw-araw kong ipinagdasal na magkaroon ako ng mga bagong kaibigan at madama kong kabilang ako sa bago kong ward. Unti-unting napamahal at naging mahalaga sa akin ang ward na ito. Kinailangan *kong* maunang makipagkaibigan. Kinailangan *kong* simulan ang pakikipag-usap. Kinailangan *kong* lubos



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

na makilahok sa mga klase at makinig sa sasabihin ng iba. Sa tulong ng Ama sa Langit, malalapit na kaibigan ko na ang mga taong hindi ko naisip kailanman na maging kaibigan ko.
*Leah V., edad 16, Colorado, USA*

### Makipagkaibigan sa mga Hindi Mo Kaedad



Mas marami akong naging kaibigang mas bata sa akin at mga lider, kaysa mga kaedad ko. Alam kong darating ang araw na magiging kaibigan mo ang mga nasa Simbahan, at kung hindi, OK lang dahil matututuhan mo pa rin ang materyal ng Simbahan.
*Susanna Z., edad 18, California, USA*

### Makipagkaibigan sa Iyong mga Lider



Dama kong nag-iisa ako sa simbahan sa loob ng maraming buwan. Nasiyahan ako sa mga miting at aktibidad, pero hindi ko talaga nadama na kasundo ko ang ibang mga dalagita. Pagkatapos ay sinimulan kong kausapin ang mga lider ko nang mas madalas kaysa dati. Nakakatuwa ang mga lider ko. Nang kausapin ko na sila, mas nadama kong kabilang ako sa programa at may mga kaibigan ako sa Mutual.
*Kimberly G., edad 14, Arizona, USA*


### Ipagdasal na Magkaroon ng Mabubuting Kaibigan

Sa mga aktibidad ng Simbahan itinatanong ko sa aking sarili, “Bakit wala akong mga kaibigan?” Nalungkot ako at nalumbay at nanalangin ako sa Diyos. Hiniling ko sa aking Ama sa Langit na padalhan ako ng mabubuting kaibigan. Hindi ito naging madali, ngunit sa paglipas ng panahon nagkaroon ako ng maraming mabubuting kaibigan. Hindi na ako takot ngayon na makipag-usap at makihalubilo sa mga grupo ng mga dalagita. Napagtanto ko na sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin at hindi ako kailanman nag-iisa.
*Daiana I., edad 16, Corrientes, Argentina*

### Maghanap ng Makakasama



Noong una akong pumasok sa Young Women, dama kong nag-iisa ako dahil naiwan ko ang mga kaibigan ko sa Valiant class. Gayunman, sinikap kong suportahan ang mga kabataang babae, at sinuportahan din nila ako, at nagkaroon ako ng mga bagong kaibigan at nakihalubilo ako sa kanila. Hindi ko na nadamang nag-iisa ako, at dahil diyan ay naging maligaya ako. Ngayon ako ang president ng mga Beehive, at kapag nakikita kong hindi komportable sa amin ang isang bagong sister, kinakausap ko siya, ipinaliliwanag ko ang ginagawa namin sa klase, at ipinadarama ko na kabilang siya sa amin.
*Gredy G., edad 14, Lima, Peru*



### MAGBIGAY SA IBA NANG MAY PAGMAMAHAL AT PAGLILINGKOD

“Ang kalumbayan sa kaharian ng Diyos kadalasan ay paglayo ng sarili.

“Umaasa kami na madarama ng bawat isa sa inyo ang pangangailangang makibahagi sa buong ward o branch at gamitin ang inyong kakaibang mga kaloob at talento upang antigin ang buhay ng lahat ng kapatid natin. Ang mga pagkakataon nating magmalasakit at makisalamuha sa ward o branch ay walang hangganan kung handa tayong ibigay ang ating sarili sa pagmamahal at paglilingkod.”

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Belonging to a Ward Family,” *Liahona,* Mar. 1999, 12.**

## SUSUNOD NA TANONG

## “Hiwalay ang mga magulang ko. Kung minsan ay pinapayuhan ako ng isa sa kanila na kontra sa payo ng isa pa. Ano ang gagawin ko?”

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Marso 15, 2011, sa:

*Liahona,* Questions & Answers 3/11
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA
O mag-e-mail sa:
**liahona@ldschurch.org**


Ang mga sagot ay maaaring i-edit para iakma ang haba o palinawin pa.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# Masarap ang Mensahe

*Hindi ko talaga hinahanap ang Diyos, ngunit nang dalawang binata ang magtanong kung maaari nila akong bahaginan ng mensahe, nagdesisyon akong makinig.*

**Ni Anthony X. Diaz**





Bagama't nabinyagan ako sa isang simbahan noong sanggol pa ako at sumimba ako at dili noong bata pa ako, hindi kailanman naging malaking bahagi ng buhay ko ang relihiyon. Habang tumatanda ako, malimit lumipat ng lugar ang pamilya ko, at tumigil kami sa pagsisimba. Naniniwala ako sa Diyos, ngunit hindi ko madalas isipin ang tungkol sa Kanya o sa relihiyon.

Nagbagong lahat iyan noong 2006, nang 14 anyos ako. Namatay si Tiyo Billy; mahigit 30 anyos lang siya noon. Natanto ko noong mamatay siya nang wala sa panahon kung gaano ko siya kamahal at naging dahilan iyon upang tanungin ko ang aking sarili. Saan siya napunta nang mamatay siya? Patuloy ba siyang nabuhay at nagkaroon ng kinabukasan? Ano ang mangyayari sa kanyang mga anak at sa iba pang mga kapamilyang naiwan niya? Ano ang naging kabuluhan ng buhay niya? Ano ang naging kabuluhan ng buhay *ko*?

Napag-isip-isip ko ang mga tanong na ito nang sumunod na ilang buwan. Isang gabi noong Setyembre 2007, palabas kami ng nanay ko at tatlong nakababatang kapatid sa isang cafeteria sa sinilangan kong bayan na Haverhill, Massachusetts, USA, at tumigil kami at naupo sa isang bangko. Nilapitan kami ng dalawang binatang nakaitim na amerikana, puting polo, at kurbata. Sabi ng isa sa kanila, "Alam ko na medyo asiwang kausapin ang dalawang taong hindi ninyo kilala, pero maaari ba namin kayong bahaginan ng mensahe?"

**Naaalala ko na nabasa ko sa Alma 32 ang tungkol sa binhi ng pananampalatayang lumalaki at sumasarap. Ang paglalarawang iyon mismo ang nadama ko sa Aklat ni Mormon.**

Pumayag kami. Alam ko na kakausapin nila kami tungkol sa relihiyon, at humanga ako na hindi lang nila kami basta inabutan ng kard o polyeto at umalis na. Sa halip, tila talagang interesado ang mga binatang ito sa amin at sabik silang ibahagi ang kanilang mensahe. Sa pagtatapos ng kanilang mensahe, itinanong nila kung maaari nilang bisitahin ang pamilya



**ANG INYONG PAGBABALIK-LOOB**

"Inyong malalaman na nasusulat sa puso ninyo ang ebanghelyo, na nagbabalik-loob kayo, habang mas sumasarap sa inyong kaluluwa ang salita ng Panginoon mula sa Kanyang mga propeta, noon at ngayon."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapag Ikaw ay Nagbalik-loob,"** ***Liahona,*** **Mayo 2004, 12.**

namin. Pumayag ang nanay ko at nagtakda siya ng oras, kaya't dapat ko siyang pasalamatan sa malaking pagbabagong idinulot nito sa buhay ko.

Sinimulan naming pag-aralan ang ebanghelyo. Hindi nagtagal ay naging abala si Inay sa iba't ibang bagay at hindi niya itinuloy ang pakikipagkita sa mga misyonero, ngunit itinuloy ko ito.

Madali kong nakapalagayan ng loob sina Elder Kelsey at Elder Hancock. Marahil ang isang dahilan ay dahil sa hindi nagkalalayo ang agwat ng aming edad. Minahal nila ako nang husto at minahal ko rin sila. Hindi nagtagal ay nadama ko ang pagmamahal ring iyon sa mga miyembro ng ward at sa iba pang mga kabataan sa aking stake.

Itinuro sa akin ng mga misyonero ang plano ng kaligtasan, na sumagot sa mga tanong ko tungkol sa aking tiyo at sa sarili kong layunin sa buhay. Ipinakilala din sa akin ng mga elder ang Aklat ni Mormon. Naaalala ko na nabasa ko sa Alma 32 ang tungkol sa binhi ng pananampalataya na lumalaki at sumasarap (tingnan sa talata 28). Ang paliwanag na iyon mismo ang nadama ko sa Aklat ni Mormon. Ang binabasa ko at itinuturo sa akin ng mga misyonero ay totoo, nadama kong tama, at masarap ito.

Tinukso ako ng nanay ko na para daw akong "ermitanyo" dahil nagkukulong ako sa kuwarto at ilang oras akong nagbabasa ng Aklat ni Mormon. Bagaman hindi ko naunawaan noon ang tungkol sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo, nadama ko na ito ang tamang landas.

Nang hilingin ng mga misyonero na magpabinyag na ako, hinikayat nilang ipagdasal ko ang desisyon ko. Nang magdasal ako para malaman kung ang pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tama kong gawin, nakatanggap ako ng direktang sagot, at ikinagulat ko ito. Maliwanag ang tagubilin: ituloy ang pagpapabinyag.

Tandang-tanda ko pa ang araw na nabinyagan ako—Disyembre 15, 2007. Habang nakatayo ako sa malamig na tubig kasama si Elder Kelsey at itinaas niya nang paparisukat ang kanyang kamay, napuspos ako ng Espiritu; tila napuspos nito ang buong katawan ko. Masasabi ko na abot-tainga ang ngiti ko, ngunit hindi kayang

PAGLALARAWAN NI ROB WILSON

ipaliwanag niyan ang nadama ko.

Matapos akong mabinyagan patuloy kong nadama ang Espiritu. *Nadama* ko na napabanal ako. *Alam* ko na natubos na ang aking mga kasalanan. Nadama ko ang pagsang-ayon ng Ama sa Langit na ito talaga ang landas na dapat kong tahakin.

Paminsan-minsan, kapag medyo nagdududa ako, binabalikan ko ang karanasang iyon at ginugunita ko ang nadama ko sa araw na iyon. Ang paggunita sa nadama ko noon ay pumapawi sa anumang pagdududa ko.

Kahit walang sinuman sa atin ang maaaring magpabinyag na muli upang muling madama ang magandang damdaming iyon, maaalala natin iyon kapag sinariwa natin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagsisisi at pakikibahagi ng sacrament. Tuwing magsisisi ako, muli kong madarama iyon—ang pagiging malinis at minamahal.

Ang madama ang pagmamahal na iyon ay nagpapaunawa sa akin sa itinuro ni Joseph Smith: "Ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan."[1] Ang mabatid ang kahalagahan ng isang kaluluwa ay nagpapasabik sa akin sa mga pagkakataong sumama sa mga misyonero sa pagtuturo sa lugar namin. Inaasam ko rin ang araw na makapaglingkod ako sa full-time mission at maibahagi kung gaano ako kaligaya dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo. ■

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 387.



*ALIBUGHANG ANAK*, NI LIZ LEMON SWINDLE, FOUNDATION ARTS, HINDI MAARING KOPYAHIN

## PATULOY NA IPAMUHAY ANG EBANGHELYO

Bagaman nagpapasalamat si Anthony sa kanyang matinding espirituwal na mga karanasan nang sumapi siya sa Simbahan, alam niya na ang liwanag ng isang mahalagang karanasan ay hindi sapat para patuloy na mabuhay. "Dapat nating patuloy na pagningasin ang ating patotoo," wika niya. "At alam natin kung paano iyan gagawin. Basahin ang mga banal na kasulatan. Magsimba. Ganyan ang gawin."

Napuna ni Anthony na nadarama niya ang kaibhan kapag palagi niyang ginagawa ang mga ito at kapag hindi niya ito ginagawa. At nakatuklas siya ng mga paraan para manatiling "sariwa" ang pamumuhay ng ebanghelyo.

"Naaalala ko na pinag-aralan ko sa klase ng Mga Alituntunin ng Ebanghelyo ang kuwento tungkol sa alibughang anak (tingnan sa Lucas 15:11–32). Nang basahin ko ang tungkol sa binatang umalis sa bahay ng kanyang ama, naisip ko, 'Maaaring ako ang anak na iyon.' Ang Espiritu ay malakas na nagpatotoo sa akin na tulad ng anak na iyon, makababalik din ako sa aking Ama. Ipinadama niyon sa akin na tila sinasabi ng Ama sa Langit na, 'Mahal kita.' Kasing tindi iyon ng naramdaman ko noong araw ng binyag ko."

Nalaman din niya na mahalagang magtanong sa kanyang pagdarasal at pag-aaral ng banal na kasulatan. "Kapag nagbabasa ako ng mga banal na kasulatan," wika niya, "naghahanap ako ng mga sagot sa mga bagay na iniisip o itinatanong ko. Itinatanong ko sa Ama sa Langit kung ano ang gusto Niyang matutuhan ko sa binabasa ko. Gayon din ang ginagawa ko kapag nagsisimba ako.

"Kapag nagtatanong ako, tungkol man ito sa isang partikular na bagay na dapat kong gawin sa buhay o sa kahulugan ng isang bagay na pinag-aaralan ko, mas madali kong madama ang patnubay ng Espiritu Santo. Alam ko na talagang nariyan ang Ama sa Langit at lagi Niya tayong sasagutin."

# TAPAT NA PAGBABAYAD NG IKAPU, **ISANG MALAKING PAGPAPALA**



**Ni Oscar Alfredo Benavides**

Noong halos 17 anyos na ako, nabinyagan ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at nakadama ako ng hangaring paglingkuran ang Panginoon sa misyon. Nang dumating ang tawag ko sa misyon makalipas ang ilang taon, tinawag akong lisanin ang Peru at ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa Salt Lake City.

Kahit naiisip ko ang malaking pagpapala ng paglilingkod sa misyon, inalala ko ang maraming bagay na kakailanganin ko: mga dokumento, pasaporte, visa, mga damit, at, siyempre, pera. Nagtatrabaho ako ngunit hindi sapat ang kinikita ko. Nawawalan na ako ng pag-asa! Sa loob ng isa't kalahating buwan bago ako umalis, kaunti pa lang ang naipon ko para sa kailangan kong pondo. Ang tanging magagawa ko ay manalangin sa Panginoon.

Dahil hindi naman malaki ang kinikita ko, kaunti lang din ang ibinabayad kong ikapu bawat buwan. Ngunit hindi nagtagal ay natanto ko na hindi mahalaga sa Panginoon kung maliit man ang halaga: ang mahalaga sa Kanya ay nagbabayad tayo ng 10 porsiyentong hinihingi Niya. Nanalig ako at nakadama ng katiyakan na kung patuloy akong magbabayad ng ikapu, ibibigay ng Panginoon ang kailangan ko.

Nagsimulang dumating ang lahat. Nagkaroon ako ng dalawa pang trabaho at nakuha ang aking mga dokumento. Maraming miyembro sa aking ward, lalo na ang mga Relief Society sister, ang tumulong sa iba pang mga kailangan ko. At nag-alok din ng tulong ang mga miyembro ng aking stake. Umalis ako papunta sa misyon na dala ang mga kailangan ko.

Bilang full-time missionary, itinuro ko ang batas ng ikapu at mga pangako nito (tingnan sa Malakias 3:10) nang may pasasalamat at patotoo. ■

Talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo" (Mateo 6:32–33).

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# SAAN KAYO DADALHIN NG *INYONG* MGA KAIBIGAN?

**Ni John Bytheway**

Nangyari na ba ito sa inyo? Nakaupo kayo sa simbahan at nakikinig sa tagapagsalita nang bigla kayong nakarinig ng ingay mula sa kisame. Sa laking gulat ninyo, bumukas ang bubong, lumantad ang maaliwalas na langit na bughaw, at nakikita ninyo ang mukha ng apat na lalaki na nakasilip sa kongregasyon. Bago ninyo namalayan, ibinababa na nila ang isa pang lalaki sa isang tiheras sa sahig ng kapilya.

Nangyari na ba ito sa inyo? Hindi siguro. Ngunit may nangyaring ganoon nang magministeryo ang Tagapagligtas.

## Isang Mahimalang Paggaling

"Dinala ng mga tao na nasa isang higaan ang isang lalaking lumpo" ang simula ng kuwento sa Lucas 5:18, "at pinagpipilitan niyang maipasok siya, at ilagay siya sa harap [ni Jesus]." Ang problema lang ay hindi nila maipasok ang maysakit nilang kaibigan dahil punung-puno ng mga tao ang lugar! Maging ang mga pintuan ay naharangan na ng mga tao, at walang paraan para makapasok.

Sa sandaling ito sumuko na sana at nagsiuwi ang magkakaibigan. Pero hindi nila ginawa ito. Para na ninyong nakita ang kanilang pag-uusap: "Ano ang dapat nating gawin?" tanong ng isa. "May naisip ako," sabi ng isa pa. "Umakyat tayo sa bubong, butasan natin ito, at ibaba natin siya sa sahig!" Para na ninyong nakita nang marinig ng maysakit sa puntong ito ang kakaibang mga planong ito at sinabing, "Ano ang gagawin ninyo?"

Nagpatuloy ang kuwento:

"Nagsiakyat sila sa bubungan ng bahay, at siya'y inihugos mula sa butas ng bubungan pati ng kaniyang higaan, sa gitna, sa harapan ni Jesus.

"At pagkakita sa kanilang pananampalataya, ay kaniyang sinabi, Lalake, ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan" (Lucas 5:19–20).

Inisip ng mga eskriba at Fariseo na kalapastanganan ito, kaya sumagot si Jesus:

"Alin baga ang lalong magaang sabihin, Ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka at lumakad ka?

"Datapuwa't upang maalaman ninyo na ang Anak ng tao ay may kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi niya sa lumpo), Sa iyo ko sinasabi, Magtindig ka, at buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa bahay mo" (Lucas 5:23–24).

Maganda ang wakas ng kuwento:

"At pagdaka'y nagtindig siya sa harap nila, at binuhat ang kaniyang hinigan, at napasa kaniyang bahay, na niluluwalhati ang Dios.



**Maging klase ng kaibigan na nagdadala ng mga tao kay Cristo.**

*ISANG LUMPO ANG IBINABA KAY JESUS MULA SA BUBONG*, NI FRANK ADAMS, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



"At nagsipanggilalas ang lahat at niluwalhati nila ang Dios; at nangapuspos sila ng takot, na nangagsasabi, Nakakita kami ngayon ng mga bagay na katakataka" (Lucas 5:25–26).

**Kung Nanghihina ang Inyong Espiritu**

Marahil ay hindi pa kayo nakasaksi ng gayong pangyayari, ngunit may ilang paraan para maiangkop ang kuwentong ito sa inyong buhay. Maaari ninyong ilagay ang sarili ninyo sa katayuan ng taong maysakit. Kunwari'y nanghihina kayo—hindi sa pisikal kundi sa espirituwal. Saan kayo dadalhin ng inyong mga kaibigan? Siguro sa isang party o sine o sa ibang aktibidad, at hindi kayo makatutol—saan nila kayo dadalhin? Napakaganda ng aral na itinuturo sa atin ng kuwentong ito: Maaaring dumating ang araw na hindi kayo kasingtatag na tulad ng nararapat. Sa pagkakataong iyan kritikal ang pagpili ninyo ng mga kaibigan. Pumili ng mga kaibigang magdadala sa inyo kay Cristo. Hindi masusukat ang pagpapalang dulot ng pagkakaroon ng mga kaibigang magdadala sa inyo sa mas mataas na lugar.

**Anong Klase Kayong Kaibigan?**

Ngunit may isa pang paraan ng pagtingin sa talatang ito. Ilagay ang sarili ninyo sa katayuan ng mga kaibigan. Anong klase kayong kaibigan? Bagaman ang Tagapagligtas ang nagpagaling at nagpatawad sa lalaki, nararapat ding banggitin ang mga kaibigan. Mahal nila ang kanilang kaibigan at gusto nila itong tulungan. Hindi sila sumuko at umuwi nang mahirapan sila. Isipin ang galak na maaaring nadama nila nang sumilip sila mula sa bubong at makitang binuhat ng kanilang kaibigan ang higaan nito at lumakad ito! Isa pang aral iyan: Maging klase ng kaibigan na nagdadala ng mga tao kay Cristo. Ang mga kaibigang ito ay may lakas ng loob, matiyaga, at maparaan pa. Sa bawat salita, sa bawat kilos, sa bawat pagpili, maaakay ninyo ang mga tao sa Tagapagligtas, na makapagpapagaling sa atin hindi lamang sa pisikal kundi maging sa espirituwal. ■



**Ni Elder Carlos A. Godoy**
Ng Pitumpu



# ANG EBANGHELYO AY PARA SA LAHAT

*Noon pa man ay madalas kong isipin kung saan nagmumula ang tunay na kaligayahan. Pagkatapos ay natagpuan ko ito sa "malaking kahon."*

Noong 16 na taong gulang ako at nakatira sa Porto Alegre, Brazil, may kaibigan ang kuya ko na palaging nagpupunta sa aming tahanan. Isang araw sinabi ng kaibigang ito sa amin na may natagpuan siyang simbahan at gusto niya ang paraan ng pamumuhay ng mga miyembro nito.

Nagkuwento siya sa amin nang kaunti tungkol sa kanyang karanasan sa pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ngunit hindi niya tiyak kung kami ng kuya ko ay "puwede sa simbahan." Naisip niya na napakataas ng mga pamantayan ng Simbahan para sa amin ng kuya ko at baka hindi namin ito tanggapin.



***Hindi tiyak ng kaibigan ng kapatid ko kung kami ng kuya ko (sa itaas) ay "puwede sa simbahan." Ngunit interesado ako.***

Gayunman, ang kapatid naming babae ay isang mabuti at mabait na babae. Dahil sa mga katangiang ito, naisip ng kaibigan namin na baka maging interesado siya sa pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw, kaya't tinanong niya ang aming ina kung maaaring sumama sa kanya ang kapatid naming babae sa aktibidad ng Simbahan.

Pumayag ang aming ina ngunit sa kondisyong sasama rin kami ng kuya ko. Mas maagap sa akin si kuya at kaagad na sinabing, "Ayoko!" Kaya't ako ang nautusang sumama sa kapatid kong babae sa aktibidad.

Ayos lang sa akin. Naging interesado ako sa Simbahan simula nang una kong makita ang malaking kuwadradong kapilya sa tapat ng aking paaralan. Madalas kong makita ang mga tao na pumapasok at lumalabas sa simbahan, at napansin kong ang kalalakihan ay nakasuot ng puting polo at kurbata. Nagtataka ako kung ano kaya ang nangyayari sa loob "ng malaking kahon," kapag naiisip ko ang gusaling iyon.

## Ang Una Kong Aktibidad

Dumating kami sa simbahan ng kapatid kong babae kasama ang aming kaibigan. Sa loob, sa gitna ng isang malaking bulwagan o cultural hall ay may maliit na grupo ng mga tao: dalawang misyonera at may anim pang iba. Naglalaro sila ng isang karaniwang laro at masaya sa pagkain ng popcorn at pag-inom ng juice. Nagtatawanan ang lahat at nagkakasayahan.

"Sino ang mga taong ito," pagtataka ko, "at bakit napakasaya nila?" Alam ko na siguradong hindi ito dahil sa nilalaro nila o sa kinaroroonan nila o sa pagkaing kanilang pinagsasaluhan. Napakasimple ng lahat ng iyon. Tila nagmumula sa kanilang kalooban ang kaligayahan.

Noon pa man ay madalas kong isipin kung saan nagmumula ang tunay na kaligayahan at ano ang magagawa ko upang matagpuan ito. Akala ko mula ito sa nakapananabik na mga aktibidad o pagbabakasyon sa kakaibang lugar o paghahangad sa lahat ng maibibigay ng daigdig.

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH; MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI ELDER CARLOS A. GODOY

At nagpunta nga ako sa meetinghouse na iyon, kung saan napakaligaya ng mga taong ito kahit wala sa kanila ang alinman sa mga bagay na iyon. Nagkaroon ito ng matinding impresyon sa akin.

Pagkatapos ng aktibidad tumayo ang mga misyonera sa labasan para kamayan ang bawat isa. Nang nasa pinto na ang kapatid kong babae, itinanong nila sa kanya kung interesado siyang alamin pa ang tungkol sa Simbahan. Sabi niya, "Hindi, salamat na lang." Ngunit talagang interesado ako. Nakadama ako ng "hangaring maniwala" (Alma 32:27), kaya't nang anyayahan nila akong alamin pa ang tungkol sa ebanghelyo, pumayag ako.

Hindi interesado ang mga magulang ko sa mga itinuturo ng mga misyonero o sa pagpapatuloy sa kanila sa aming tahanan, kaya't nagpaturo na lamang ako sa meetinghouse. Nang sumunod na buwan nalaman ko ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo—kung ano ang nagpaligaya nang lubos sa mga taong iyon na nasa cultural hall. Nalaman ko na ang kaligayahan ay nagmumula sa paggawa ng nais ipagawa sa akin ng Panginoon, na nagmumula ito sa kalooban, at na maaari akong maging maligaya kahit ano pa ang nangyayari sa paligid ko. Ang doktrina ay "masarap para sa akin" (Alma 32:28). Gusto kong magkaroon nito sa buhay ko.

Isang buwan matapos ang unang aktibidad na iyon, nagpasiya akong sumapi sa Simbahan. Nang sumunod na mga taon, sumapi rin sa Simbahan ang mga magulang ko.

### Mga Pagsubok Pagkatapos ng Binyag


Marami akong naranasang pagsubok pagkatapos ng aking binyag. Napakalaki ng mga pagbabagong kailangan kong gawin sa aking buhay. Bukod pa riyan, minsan nadarama kong wala akong mga kaibigan sa Simbahan, at nakatutuksong balikan ang mga dati kong kaibigan.





***Si Elder Godoy bilang misyonero sa Brazil, 1982.***

*Naituro ng karanasan ko sa pagbabalik-loob—sarili kong karanasan at ng iba—na maaaring maantig ng Espiritu ang kahit sino, kahit saan at walang ideyal na katangian para sa isang maaaring maging miyembro ng Simbahan. Kailangan nating lahat ang ebanghelyo ni Jesucristo.*



**PAANYAYANG IBAHAGI ANG KAGALAKAN NG EBANGHELYO**

"Sa mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood at sa inyo mga kabataang lalaki na magiging mga elder: inuulit ko ang matagal nang itinuro ng mga propeta—na lahat ng karapat-dapat, may-kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay [dapat] maghanda na magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin natin, tayo na nabiyayaan nang lubos."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona*, Nob. 2010, 5–6.**

Ngunit ang hangarin kong madama ang kagalakan—at ang pagkaunawa ko na maaari tayong maging maligaya anuman ang nangyayari sa ating paligid—ay nakatulong para patuloy akong bumalik sa simbahan. Alam kong hindi ko maaaring "isantabi ang [aking] pananampalataya" (Alma 32:36). Sa paglipas ng panahon ay nagkaroon ako ng mga kaibigan sa Simbahan na tumulong sa akin sa pagbabagong ito. At habang patuloy kong ipinamumuhay ang ebanghelyo, ang aking patotoo at kaligayahan ay lalong lumago (tingnan sa Alma 32:37).

Naituro ng karanasan ko sa pagbabalik-loob—sarili kong karanasan at ng iba—na maaaring maantig ng Espiritu ang kahit sino, kahit saan at walang ideyal na katangian para sa isang maaaring maging miyembro ng Simbahan. Kailangan nating lahat ang ebanghelyo ni Jesucristo. Tayong lahat ay nasa proseso ng pagiging higit na katulad Niya.

Ang pagkaunawang iyan ay nakatulong sa akin bilang misyonero sa São Paulo, Brazil; bilang mission president sa Belem, Brazil; at bilang miyembro ng Simbahan. Nakatulong ito sa aming mag-asawa habang inihahanda namin ang aming mga anak sa paglilingkod bilang misyonero. Dalawa sa mga anak namin ang nakapaglingkod na sa full-time mission, at bago sila umalis, ipinaalala ko sa kanila na huwag husgahan ang mga tao sa kanilang anyo o sa paraan ng kanilang pamumuhay. "Huwag ninyong basta pabayaan na lang ang isang tao dahil sa tingin ninyo ay kakaiba sila," ang sabi ko sa kanila. "Sikaping tingnan ang kanilang kalooban. Baka may isa pang Carlos doon."

Nagpapasalamat akong malaman na tayong lahat ay mga anak ng Diyos at lahat—hindi iilang tao lamang—ay maaaring tumanggap ng kagalakan na nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. ■

# PAG-ISIPAN ANG
# KAWALANG-HANGGAN



PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

Tingnan sa D at T 131:1–4; 132:1–20.

# NANG AKO AY PARANG HINDI NAKIKITA




**Hindi ibinigay ang pangalan**

Kararating lang namin sa aming silid sa motel nang tumunog ang telepono. Alam kong masamang balita iyon tungkol kay Jodi, ang kapatid kong siyam na buwang gulang. Mula noong siya ay ipanganak, comatose na siya at kailangan ng patuloy na pagsubaybay at sa tubo ipinadadaan ang kanyang pagkain. Iniwan namin pansamantala si Jodi sa isang care center upang makapagbakasyon na kailangang-kailangan ng aming pamilya.

Ako ang sumagot sa telepono. Nasa kabilang linya ang lolo ko. Matatag ang kanyang tinig: “Tawagin mo ang itay mo.”

Mabilis na natapos ang kanilang pag-uusap. Totoo nga ang pinangangambahan ko. Patay na si Jodi.



PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

Kinabukasan, pagkadating namin sa bahay, nakahinga ako nang maluwag. Ang school bus ay nasa dulo ng kalye. Paparating na ang mga kaibigan ko. Sa wakas may kaedad ako na mapagsasabihan ko ng pagdadalamhati ko.

Gayunman, habang nakatayo ako sa aming garahe at naghihintay sa mga kaibigan ko, may nangyaring kakaiba. Halos parang hindi nila ako nakikita. Minasdan ko ang pagtawid ng mga kaibigan ko sa kabilang panig ng kalye at patuloy silang nagkukwentuhan. Ni hindi nila ako tiningnan.

Kinabukasan hindi ako sinundo ng mga kaibigan ko na hindi nila dating ginagawa. "Naiintindihan ko," ang naisip ko. Marahil alam nilang hindi ako papasok sa eskuwela dahil sa pagpaplano sa libing. Ngunit hindi sila dumating nang sumunod na araw o nang mga sumunod pa. Ni hindi na nila ako hinintay pagkatapos ng klase.

Sa panahong ito nakatanggap ang aming pamilya ng maraming suporta mula sa Relief Society at iba pang mga miyembro ng ward. Gayunman, kaunti lang ang nagawa ng chicken casserole para aluin ang aking 13-taong gulang na puso. Nang magbalik ako sa Mutual, nagbigay ang adviser ko ng aralin tungkol sa kabilang-buhay. Naiyak na ako. Tumungo ang aking adviser at nagpatuloy sa pagbabasa. Ang mga kaklase ko naman ay sa harapan nakatingin. Humikbi ako. Sana may isang taong makasama ko sa pag-iyak o umakbay sa akin.

Kapag ginugunita ko ang mga pangyayaring ito, natatanto ko na hindi malupit o walang malasakit ang mga kaibigan ko. Hindi lang nila alam kung ano ang gagawin o sasabihin sa pagdadalamhati ko. Inakala nilang gusto kong mapag-isa sa aking pagdadalamhati at, dahil nga nagdadalamhati ako, ayaw kong magsaya.

Narito ang gusto kong malaman sana ng aking mga kaibigan at adviser:

**Damayan ang inyong kaibigan.** Padalhan siya ng sulat o bulaklak, ngunit higit sa lahat, puntahan siya. Akbayan siya at ipaalam sa kanya na nagmamalasakit kayo. At kahit anong mangyari, magpunta sa burol o sa libing.

**Isama ang inyong kaibigan sa mga bagay na karaniwang ginagawa ninyo.** Ang inyong kaibigan ay nag-a-adjust na sa pagkawala ng isang mahal sa buhay. Huwag hayaang magadjust pa siya sa pagkawala ng inyong pagkakaibigan. Makapagdudulot ng kaaliwan ang paggawa ng mga bagay na karaniwan nang ginagawa.

**Huwag isiping kailangang magbigay ng aralin tungkol sa kabilang-buhay.** Kapag nagbigay ng ganitong uri ng aralin, gawin ang payo ni Alma: "Makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:9). Malamang na alam ng inyong kaibigan na makikita niyang muli ang kanyang mahal sa buhay, at kung hindi, kusang mapag-uusapan ang paksang ito habang ipinapahayag niya ang kanyang mga iniisip at alalahanin. Iyan ang pagkakataon na makapagpapatotoo kayo tungkol sa plano ng kaligtasan.

Isang taon makalipas ang pagkamatay ng aking kapatid, namatay ang ina ng aking kaibigan. Matinding kalungkutan ang nadama ko. Naisip ko, "Sa susunod na makita ko siya, sasabihin ko sa kanya na nakikiramay ako." Pagkatapos, nang maalala ko ang naranasan ko, alam kong kailangan ako kaagad ng aking kaibigan. Sa paglalakad papunta sa kanyang bahay, medyo nag-atubili ako. Paano kung hindi niya ako gustong makita? Baka hindi gusto ng kanyang pamilya na naroon ako. Dapat ba akong maghintay at kausapin na lang siya kalaunan? Ngunit nang buksan niya ang pinto, masasabi kong natuwa siya sa pagdating ko. Ang kanyang ama at mas nakatatandang mga kapatid ay abala sa pagpaplano ng libing. Lumabas kami para maglakad-lakad. Hindi ko kailangang alalahanin ang sasabihin ko. Siya ang nagsalita nang nagsalita. ■

# Dapat Magtulungan ang Magkapatid

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan


Tulad ng halos lahat ng magkakapatid na 18 buwan lang ang pagitan ng edad, halos magkapareho ng gusto sina Marilia at Nicole P. ng Cuzco, Peru. Pareho nilang gusto ang *ceviche,* isang katutubong pagkaing Peruvian na gawa sa isdang ibinabad sa katas ng dayap o lemon. Pareho nilang sinabi na ang paborito nilang kuwento sa mga banal na kasulatan ay ang panaginip ni Lehi. At kung "Dakilang Diyos" lang ang himno sa himnaryo, kapwa sila magiging masayang kantahin ito nang paulit-ulit.





**Mga Paborito ni Marilia**

Paboritong pagkain: Ceviche
Paboritong banal na kasulatan: panaginip ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8)
Paboritong himno: "Dakilang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 48)
Paboritong asignatura sa paaralan: Science
Mga paboritong libangan: Kumanta, sumayaw, at magbisikleta



**Mga Paborito ni Nicole**

Paboritong pagkain: Ceviche
Paboritong banal na kasulatan: panaginip ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8)
Paboritong himno: "Dakilang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 48)
Paboritong asignatura sa paaralan: Math
Paboritong libangan: Volleyball

## Pagbabahagi ng Patotoo Tungkol sa Panalangin

Ang isa pang bagay na pareho sila ay ang malakas na patotoo na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga dalangin.

"Alam ko na ang Simbahan ay totoo dahil kapag nagdarasal ako, sinasagot Niya," sabi ni Nicole, na 10 taong gulang. "Kapag humihingi ako ng tulong sa Kanya, tinutulungan Niya ako."

Ikinuwento ni Nicole noong magkasakit nang malubha ang kanyang kaibigan at nagpasiya ang mga doktor na ilipad siya sa Lima, ang kabiserang lungsod ng Peru, dahil hindi nila alam kung paano siya gagamutin. "Ayaw ko siyang umalis dahil matalik ko siyang kaibigan," sabi ni Nicole. "Hiniling ko sa Ama sa Langit na basbasan siya. Narinig Niya ang aking dalangin, at gumaling siya."

Sabi ni Marilia, edad 11, kaya raw niya gustung-gusto ang kuwento tungkol sa panaginip ni Lehi ay dahil nang makita ni Lehi na nag-iisa siya sa kadiliman, nagdasal ito "at sumagot ang Panginoon."

"Alam ko na ang Simbahan ay totoo dahil nadarama ko ito sa puso ko kapag nagdarasal ako," wika niya. "Naririnig ako ng Diyos, at kapag may hinihiling akong isang bagay, sumasagot Siya."

Kaya rin nila gusto ang kuwentong iyan sa banal na kasulatan ay dahil masunurin sina Nephi at Sam.



MGA PAGLALARAWAN NI DENISE KIRBY; MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

**Pagbabahagi ng mga Pagkakaiba para Matulungan ang Pamilya**

Sa kabila ng lahat ng pagkakatulad nila, may ilang pagkakaiba rin ang magkapatid na ito. Sa eskuwela mahilig sa science si Marilia, samantalang mas gusto naman ni Nicole ang math. Mahilig magsayaw, kumanta, at magbisikleta si Marilia. Mahilig naman sa volleyball at mga hayop si Nicole.

Natutuwang magluto si Marilia. Gusto niyang manood ng mga palabas sa telebisyon tungkol sa pagluluto. Gumugugol ng oras si Nicole sa paglilingkod sa iba, at mabilis siyang magpatawad.

Ginagamit ng mga batang ito ang sarili nilang mga nakaugalian at talento para matulungan ang kanilang pamilya.

Sina Marilia at Nicole ay naninirahan sa Andes Mountains kasama ang kanilang nanay at tatay, dalawang nakababatang kapatid na babae, at isang nakababatang kapatid na lalaki. Pagmamahal sa kanilang pamilya ang isa sa pinakamahahalagang bagay sa magkapatid. At tulad nina Nephi at Sam na kapwa may hangaring maging masunurin at tulungan ang kanilang pamilya, umaasa sina Marilia at Nicole na ang mga pagkakatulad *at* pagkakaiba nila ay magpapala sa kanilang pamilya. ■



***Mga 11,000 talampakan (3.4 km) ang taas mula sa lebel ng dagat, ang Cuzco ay isa sa pinakamatataas na lungsod sa mundo. Ang lungsod ay mga 900 taon na ang tanda, dahilan para maging isa ito sa mga pinakalumang lungsod sa Amerika.***





Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# Bubuhatin Ka Namin!

Isang umaga habang nagmamaneho ako patungo sa opisina, may nadaanan akong isang karatula. Mababasa rito, "Paglilingkod ang Mahalaga." Ang mensahe sa karatula ay hindi nawaglit sa aking isipan. Sa katotohanan *ang* paglilingkod ang mahalaga—ang paglilingkod sa Panginoon.

Maraming taon na ang nagdaan nagkaroon ako ng pribilehiyo na basbasan ang isang magandang dalagita na edad 12, si Jami Palmer. Natuklasang may kanser siya. Nalaman niya na ang binti niya kung saan naroon ang kanser ay nangangailangan ng maraming operasyon. Ang matagal na nilang planong pagha-hiking kasama ang klase niya sa Young Women ay hindi na mangyayari, ang naisip niya.

Sinabihan ni Jami ang kanyang mga kaibigan na mag-hiking na sila kahit hindi siya kasama. Alam kong may nadama siyang kabiguan sa kanyang puso.

Subalit mariing tumugon ang ilang dalagita, "Hindi, Jami, sasama ka sa amin!"

"Pero hindi ako makalalakad," ang sagot niya.

"Kung gayon bubuhatin ka namin hanggang sa itaas!" At binuhat nga nila si Jami.

Walang sinuman sa mga dalagitang iyon ang malilimutan ang araw na iyon nang dumungaw ang mapagmahal na Ama sa Langit na may ngiti ng pagsang-ayon at lubos na nasisiyahan.

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang tungkol sa magiting na si Haring Benjamin. Pahayag niya, "At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

Ito ang paglilingkod na mahalaga, ang paglilingkod kung saan tinawag tayong lahat: ang paglilingkod ng Panginoong Jesucristo. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2006.*



## NAGLINGKOD DIN TAYO

*Tingnan kung paano nagpasiya ang mga batang ito na paglingkuran ang iba.*

### Paglilingkod sa Pamamagitan ng Pananahi



Nang marinig ni Sarah, edad 9, mula sa Oklahoma, USA, ang tungkol sa lindol sa Haiti noong nakaraang taon, naisip niya ang mga batang babae na nangawalan ng tahanan. Katatanggap lang niya ng makina na iniregalo sa kanyang kaarawan, at nagpasiya siyang gumawa ng mga simpleng palda para sa mga batang babae. Matiyagang tinatastas ni Sarah ang ilang tahi kapag nagkakamali siya at muli itong tinatahi. Ngunit hindi nagtagal ay nakagawa siya ng 18 bagong palda. Ipinadala niya ang mga ito sa Church Humanitarian Center para sa mga batang babae sa Haiti.

### Paglilingkod sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng Backpack



Pinagsama-sama nina Alex, edad 9, at Noah, edad 6, mula sa Oregon, USA, ang 15 backpack na puno ng kagamitan sa eskuwela para sa mga batang nangangailangan nito. Nangolekta sila ng mga donasyon mula sa mga kaibigan at kapamilyang gustong tumulong. "Masaya ako sa pangangalap ng mga backpack," sabi ni Alex.

### Mga Kamay na Handang Tumulong



Kailangan ng branch ni Rikki sa California, USA, ng isang tutugtog ng piano. Siyam na taong gulang lamang siya, ngunit handang tumulong si Rikki. Limang taon na siyang nag-aaral ng pagtugtog ng piano, gayunman mahirap tugtugin ang ilan sa mga himno. Ngayon bawat linggo ay pumipili siya ng mga himno at tumutugtog para sa sacrament meeting. "Kahit kinakabahan ako, alam kong mahalagang maglingkod sa branch ko," sabi niya. "Panatag ang loob ko kapag tumutugtog ako ng mga himno."

### Mga Cookies Kapalit ng Sabon




Narinig ni Eliana, edad 7, na kailangan ng kanyang stake sa Utah, USA, ng 300 piraso ng sabon para sa mga hygiene kit na ibibigay sa mga biktima ng lindol. Nagpasiya sila ng kanyang ina na gumawa ng maraming-maraming cookies at ibenta o ipagpalit ang mga ito ng sabon. Bawat kapitbahay nila ay umorder ng hindi kukulangin sa isang dosena. Gamit ang kupon, nakabili sila ng 172 piraso ng sabon. "Alam kong biniyayaan ako ng Ama sa Langit at ang pamilya ko sa kagustuhan naming gawin ang aming bahagi," sabi ni Eliana.

## PAGTUGMAIN

*Gumuhit ng isang linya sa pagitan ng bata o retrato ng mga bata at ng isang bagay sa ibaba na binanggit sa kuwento. Ang ilan sa mga kuwento ay mayroong mahigit sa isang bagay.*














**Ibahagi ang Inyong mga Ideya**
Kung may natuklasan kayong mabuting paraan upang tulungan ang isang taong nangangailangan, gusto naming marinig ang tungkol dito. Tingnan sa pahina 3 upang malaman kung paano ninyo ipadadala sa amin ang inyong ideya.

MGA PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

*Magagamit ninyo ang lesson at aktibidad na ito upang malaman pa ang tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.*

# Itinuturo ng mga Banal na Kasulatan ang Plano ng Ama sa Langit

*"Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).*

**Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco**



Kapag pumunta tayo sa isang bayan na hindi pa natin napupuntahan o kapag naglakbay tayo, may mga mapa tayo na makatutulong sa ating makarating doon. Magagabayan at matutulungan tayo ng mga mapang ito para hindi tayo maligaw.

Naghanda ang Ama sa Langit ng "mga mapa" na gagabay sa atin sa buhay. Ang "mga mapang" ito ay ang mga banal na kasulatan. Ito ay sagradong mga aklat na magpapaunawa sa atin kung bakit tayo narito sa mundo at paano tayo makababalik sa piling ng Ama sa Langit.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan na bawat isa sa atin ay anak ng Ama sa Langit at namuhay tayo sa piling Niya bago tayo isinilang. Nilikha Niya ang mundo para maging tirahan natin. Isinugo Niya ang Kanyang Anak, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, upang mamatay para sa atin at tulungan tayo kapag tayo ay nakagagawa ng mga pagkakamali o nalulungkot o nalulumbay.

Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan upang tulungan tayong maging katulad ni Jesucristo. Para masunod ang plano ng Diyos, kailangan nating magsisi kapag nagkakamali tayo, magpabinyag, at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo na papatnubay sa atin araw-araw. Ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan. Gusto Niyang makabalik tayo kasama ang ating pamilya upang mamuhay sa piling Niya at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

### Aktibidad

Basahin ang bawat reperensya sa banal na kasulatan sa pahina 65 at gumuhit ng linya papunta sa katugma nitong larawan. Magagamit ng inyong pamilya ang mga larawang ito sa pagtalakay tungkol sa plano ng kaligtasan sa family home evening. ■

MGA PAGLALARAWAN NI CASEY NELSON








D AT T 93:29

GENESIS 1:1

MOISES 5:4


3 NEPHI 17:18–24


3 NEPHI 22:13

ALMA 11:42

D AT T 76:92–96











# Ang Ating Pahina


Isang araw habang papauwi kami mula sa simbahan, may nadama ako sa aking puso na labis na nagpasaya sa akin. Nadama ko ang patnubay ng Espiritu Santo, at gusto kong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng taong hindi nakakaalam sa kagila-gilalas na gawaing ito na nagpabago sa aking buhay at sa pamilya ko. Pagdating namin sa bahay, pumasok ako sa kuwarto ko at nagbasa sa Aklat ni Mormon. Ang paborito kong banal na kasulatan ay Mosias 2:17, kung saan sinasabi sa akin na kapag pinaglingkuran ko ang iba, naglilingkod ako sa Ama sa Langit.
**Roberto C., edad 10, Bolivia**







**Elena Z., edad 9, Belarus**

Hinding-hindi ko malilimutan ang kaligayahang nadama ko nang binyagan ako. Ang tatay ko ang nagbinyag sa akin, at kinantahan ako ng mga kapatid ko. Itinanong ng nanay ko kung gusto kong magpatotoo, at sinabi ko sa kanya na gusto kong kumanta ng awitin sa Primary na natutuhan ko na nagpapahayag ng nadarama ko. Kinanta ko ang, "Hanap ko'y bahaghari sa t'wing umuulan, batid ang ganda ng mundong nilinis ng ulan" ("Sa Aking Pagkabinyag," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 53). Habang kumakanta ako, parang lumulukso sa tuwa ang puso ko! Hinding-hindi ko malilimutan ang mga mukha ng mga kapamilya ko at ang nadama ko noong araw na iyon. Iyon ang pinaka-espesyal na araw sa buhay ko.
**Esther F., edad 8, Costa Rica**





Marcelo B., edad 9, naninirahan sa Brazil. Siya ay may patotoo sa Tagapagligtas. Alam niya na si Jesus ay buhay, at alam niya na makababalik siya sa piling ng Ama sa Langit kung susundin niya ang mga kautusan. Gustung-gusto niyang basahin ang mga pahinang pambata sa *Liahona.*

PAGLALARAWAN NG PAGBIBINYAG NI JAMES JOHNSON




Ipinararating ng mga batang Primary ng Cabudare Ward, Barquisimeto Venezuela Stake, ang kanilang pagmamahal sa lahat ng batang Primary sa buong mundo. Gustung-gusto nilang kumanta ng mga himno, at nagdarasal sila para sa kanilang mga kaibigan sa Primary at para sa propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, at kay Sister Monson.



**Joshua A., edad 12, Pilipinas**



Nabinyagan ang mga magulang ko bago ako isinilang, kaya buong buhay ko ay nasa Simbahan na ako. Pinangalanan akong Joseph ng tatay ko dahil sa mga dakilang bagay na ginawa ni Propetang Joseph Smith at gayundin ni Joseph [Jose] na ipinagbili sa Egipto. Iniligtas ni Joseph ng Egipto ang marami mula sa taggutom, at ipinanumbalik ni Propetang Joseph Smith ang totoong Simbahan sa mundo. Ang dalawang Joseph na ito ay nagbigay-inspirasyon sa akin na ipamuhay ang ebanghelyo.

Gusto ko ang Primary, at gusto ko ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon. Ang paborito ko ay nasa Alma 8, kung saan sinunod ni Alma ang Panginoon at bumalik siya na kasama si Amulek upang ituro ang ebanghelyo sa mga tao ng Ammonihas. Gusto kong maging misyonero na matiyagang tulad ni Alma.

**Joseph O., edad 11, Ghana**

Kung gusto ninyong magbahagi sa Ang Ating Pahina, i-e-mail ito sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Our Page" sa subject line.

Sa bawat isusumite ay **kailangang** kasama ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad pati na pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at ang nakasulat na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para palinawin pa o iakma ang haba.

# Ang Gagamba

## at ang Marahan at Banayad na Tinig

*"Ito ay tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan, sa wari'y isang bulong" (Helaman 5:30).*

**Ni Joshua W. Hawkins**

Batay sa tunay na buhay



PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY; LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

Salamat sa pag-imbita sa akin, Jake," sabi ni Britton paglabas niya sa bahay ng kanyang kaibigan. "Kailangan ko nang umuwi para mananghali."

Nagpaalam sa isa't isa ang magkaibigan habang pababa si Britton sa maalikabok na lansangan na lagi niyang dinaraanan papunta at pauwi mula sa bahay ni Jake. Pagkatapos ay napatingin siya sa bukid na tinawag niyang "Gubat." Walang mga halamang tropikal o mababangis na hayop doon, basta makitid na daan lang sa mataas na talahiban at mga tuyong damo. Iyon ang pinakamabilis na daan pauwi.

Sandaling nag-isip si Britton at saka mabilis na lumusot sa mga haligi ng bakod na nakapaligid sa bukid.

Tok! Hisss! Naglagitikan ang mga tuyong sanga at damo pagtapak ni Britton sa daan. Lumagkit ang kamiseta niya sa pawis dahil sa init ng sikat ng araw sa kanyang likod. Pagkatapos ay medyo humangin, at nagpasiya ni Britton na makipaghabulan sa hangin pauwi.

Kumitid ang daan. Alam ni Britton na malapit na siya sa sapa, kaya medyo binilisan niya ang takbo. Pagliko niya, tatalunin



na sana niya ang sapa nang bigla siyang makarinig ng ***Tigil!***

Biglang tumigil si Britton at nakinig. Ang tanging narinig niya ay ang paglagaslas ng damo sa hangin. Sumimangot si Britton. Mahina ang tinig ngunit napakalinaw, na para bang may bumulong sa kanyang tainga. Ngunit wala siyang nakita.

Nagkibit-balikat si Britton at tatalunin na ang sapa. Pagkatapos ay natigilan siya. Kaharap na kaharap niya ang malaking sapot ng gagambang nakaabang na parang lambat sa daan sa tabi ng sapa. Sa gitna ng sapot ay naghihintay ang malaking gagamba.

Ilang sandaling nakatitig nang dilat na dilat si Britton sa gagamba. Pagkatapos ay tumakbo siya pabalik ng daan palabas ng Gubat. Nagpasiya siyang tahakin na lang ang maalikabok na lansangan pauwi.

"Inay!" "Inay!" Alam po ninyo?" Dali-daling pumasok si Britton sa pintuan at nagmamadaling hinanap si Inay. Humihingal na ikinuwento niya rito ang pagdaan niya sa Gubat, ang tinig, at ang pakikipagharap niya sa gagamba.

"Ganito na po ako kalapit sa kanya, Inay!" Itinaas niya ang kanyang mga daliri para ipakita sa ina.

"Naku! Nakakatakot naman," sabi ni Inay. "Saan sa palagay mo nanggaling ang tinig na narinig mo?"

"Hindi ko po alam," sabi ni Britton. "Wala namang tao roon. Hangin lang kaya iyon?"

"Naaalala mo ba ang napag-aralan natin sa family home evening tungkol sa marahan at banayad na tinig?" tanong ni Inay.

"Opo. Ganyan makipag-usap sa atin ang Ama sa Langit kung minsan, hindi ba?"


Kinuha ni Inay ang mga banal na kasulatan sa istante sa tabi ng mesa sa kusina at binuklat ito sa aklat ni Helaman.

"Ganito ang dinig ng mga Nephita sa tinig ng Panginoon," sabi ng ina. "'Hindi ito tinig ng kulog, ni tunog man ng napakalakas na ingay, subalit masdan, ito ay tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan, sa wari'y isang bulong" (Helaman 5:30).

"Uy! Parang ganoon nga po—isang bulong! Narinig ko po ang marahan at banayad na tinig!"

Ngumiti si Inay. "Tama, narinig mo nga. At nakinig ka tulad lang ng nararapat mong gawin. Ipinagmamalaki kita."

Niyakap ni Britton si Inay. Naging masaya ang pakiramdam niya dahil ipinagmalaki siya ng kanyang ina. At batid na nakinig siya sa marahan at banayad na tinig, mas naging masaya ang pakiramdam niya. ■



"Isang dasal lamang ang layo ng Ama sa Langit, at ang Espiritu Santo ay isang bulong lamang ang layo."


**Elaine S. Dalton, Young Women general president, "Sa Lahat ng Panahon, sa Lahat ng Bagay, at sa Lahat ng Lugar," *Liahona,* Mayo 2008, 118.**


# Maaari Din Akong Maging Misyonero

**Ni Estherlynn Kindred Lee**

Batay sa tunay na buhay

*“Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain” (D at T 4:3).*







MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK





## MGA TULONG PARA SA MGA MAGULANG

- Ipakita sa inyong mga anak ang isang larawan ni Ammon na pinoprotektahan ang mga tupa ni Haring Lamoni at ikuwento ito (tingnan sa Alma 17–18). Ipaliwanag na ang paglilingkod ni Ammon ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong ibahagi ang kanyang patotoo, tulad ng paglilingkod ni Brett sa kuwento na nakatulong sa kanya na ibahagi ang ebanghelyo. Gawin ang aktibidad na "Hanapin ang mga Tupa ni Haring Lamoni" sa pahina 72.
- Kasama ang inyong mga anak, gumawa ng listahan ng mga bagay na magagawa nila upang maging mga misyonero. Tulungan silang magtakda ng mga mithiing magawa ang ilan sa mga bagay na nasa listahan.



# Paghahanap sa mga Tupa ni Haring Lamoni

Ni Arie Van De Graaff



Naglingkod si Ammon kay Haring Lamoni sa pamamagitan ng pagbabantay sa kanyang mga tupa. Salamat sa paglilingkod ni Ammon, naituro niya kay Haring Lamoni ang ebanghelyo. Tulungan si Ammon sa paglilingkod kay Haring Lamoni sa paghanap at pagsulat ng X sa lahat ng 25 tupang nakakalat.

PAGLALARAWAN NI ARIE VAN DE GRAAFF



**Nilikha ni Jesucristo ang Daigdig para sa Akin**

"Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

# Mga Balita sa Simbahan

## Binigyang-diin sa Pagsasanay ang Kahalagahan ng mga Council

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010, kung saan ipinakilala ang mga bagong hanbuk ng Simbahan, binigyang-diin ng mga lider ng Simbahan ang kahalagahan ng mga epektibong ward[1] council sa pagtulong sa mga bishop na napakarami ang gawain at sa pagsasakatuparan ng mga gawain para sa kaligtasan.

"Hangad ng *Handbook 2* na bawasan ang gawain ng bishop sa pamamagitan ng pagdaragdag sa tungkulin ng ward council at mga miyembro nito" sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kabilang sa tungkuling ito ang pagtulong sa bishop "sa mahahalagang bagay sa buong ward" at sa "pagpapaaktibo at pagpapanatiling aktibo."

### Ang Kahalagahan ng mga Council

Sa pagsasanay noong Nobyembre, ipinaliwanag ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ang Simbahan ay pangangasiwaan sa pamamagitan ng mga council sa pangkalahatan, sa area, sa stake, at sa ward" at na "sa bagong mga hanbuk [pinalawak nang husto] ang papel ng mga council sa Simbahan."

Tinalakay ni Elder Cook ang tatlong pangunahing council sa ward na mahalaga sa pangangasiwa ng bishop sa mga gawain sa Simbahan at kung paano naaapektuhan ang mga council sa impormasyong nasa mga bagong hanbuk. Kabilang dito ang bishopric, ang priesthood executive committee, at ang ward council.

Gagampanan pa rin ng bishopric ang halos lahat ng dati nilang ginagawa. Bagama't ang PEC ay patuloy na magpupulong nang regular at gagawin ang ilan sa mga bagay na dating ginagawa ng ward welfare committee, ipinahiwatig ni Elder Cook na marahil ay mababawasan ang oras ng mga pulong ng PEC dahil malamang na dumalas ang pulong ng ward council.

"[Pinalalawak] ng bagong hanbuk ang papel na gagampanan ng ward council sa ilalim ng pamamahala ng bishop," sabi ni Elder Cook.

> *"Ang pangunahing pinagsisikapan ng ward council ay ang gawain ng kaligtasan sa ward."*
> Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol

### Pagpapalawak ng Tungkulin ng Ward Council

Pinalalawak ng mga hanbuk ang tungkulin ng ward council sa pagmumungkahi kung ano ang maaaring ipagawa ng bishop sa iba at pagpapalawak ng tungkulin ng mga miyembro ng council para matulungan siya.

"Ang pangunahing pinagsisikapan ng ward council ay ang mga gawain para sa kaligtasan sa ward," sabi ni Elder Cook. "Maraming isyu ngayon ang tuwirang inilalapit sa bishop. Sana magbago ito kapag ipinagawa na sa iba ng mga bishop ang mas maraming bagay sa mga miting ng ward council at/o sa isang tao, kabilang na ang mga gawaing pangkapakanan, pagpapanatiling aktibo, at pagpapaaktibo ng mga miyembro" at iba pa.

Ipinaliwanag ni Elder Cook na bagama't patuloy na pamamahalaan ng bishop ang "mga problemang nangangailangan ng hukom sa Israel," sa pahintulot ng miyembrong hangad magsisi, maipapakatawan ng bishop sa iba "ang masinsinang pagpapayo na maaaring kailanganin" para matulungan ang mga miyembrong nagpapagaling mula sa adiksyon o nangangailangan ng tulong sa pananalapi, sa mga bagay na pampamilya, o iba pang mga problema.

"Ginagawa ng mga miyembro ng ward council ang halos lahat ng kanilang gawain sa labas ng ward council meeting," sabi ni Elder Cook. "Nakikipagtulungan sila sa kanilang mga tagapayo at home teacher, visiting teacher, at iba pa sa pagtulong at pangangasiwa sa mga yaong . . . nangangailangan ng tulong."

Hinikayat niya ang mga lider ng priesthood at auxiliary na tukuyin at desisyunan ang mga problemang angkop na malulutas sa korum o organisasyon upang mabawasan ang pasanin ng bishop at ward council.

Gaganapin ang ikalawang brodkast ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno sa Pebrero 12, 2011, upang pagtuunan ang mga responsibilidad ng mga stake president at bishop, gawain ng mga korum at auxiliary, at mga partikular na hamon ng mga yunit na kulang sa mga miyembro at lider na magsasagawa ng buong programa ng Simbahan.

**Mahalaga ang Bawat Miyembro**

Sa brodkast, ang kahalagahan ng tulong ng bawat miyembro ng council ay binigyang-diin ng panel na kinabibilangan nina Elder M. Russell Ballard, Elder Jeffrey R. Holland, at Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol; Elder Walter F. González ng Panguluhan ng Pitumpu, at Julie B. Beck, pangkalahatang pangulo ng Relief Society.

"Palagay ko may maling akala tayo na lahat ng paghahayag para sa ward ay kailangang dumating sa pamamagitan ng bishop," sabi ni Elder Bednar. "Sa pamamagitan ng kanyang awtoridad, kailangan niyang tanggapin at kilalanin ito, ngunit hindi kailangang siya lang ang maging daan para matanggap ito."

Binigyang-diin ni Elder Bednar ang kahalagahan ng pagkakaisa sa sandaling makapagpasiya ang nangungulong awtoridad upang makakilos ang council sa ilalim ng patnubay ng Espiritu Santo.

Nagbabala si Elder Holland laban sa tendensiya ng kultura na balewalain ang halaga ng kababaihan sa mga council. "Kung minsan hindi natin gaanong inaanyayahan o hinihikayat . . . ang mga kababaihan na nasa council na siyang dapat nating gawin," wika niya. "Kailangan natin ang tulong ng kababaihan."

Binigyang-diin ng panel na ang mahuhusay na lider ay nakikinig.

"Ang kaloob na makahiwatig ay mas napapakinabangan kung nakikinig tayo sa halip na nagsasalita," sabi ni Elder Bednar.

Idinagdag ni Elder Ballard na ang alituntunin ng pakikinig ay angkop sa bawat miyembro ng council at hindi dapat dominahin ng isang miyembro ang usapan.

"Kapag [ang] Espiritu ang pumatnubay sa sistema ng council sa Simbahan, susulong ang gawain, at mas marami tayong matutulungang anak ng ating Ama sa Langit," sabi ni Elder Ballard. "Isang dakilang gawain ang pinagtutulungan natin." ■

**TALA**

1. Ang mga salitang *ward, bishop,* at *bishopric* ay angkop din sa *branch, branch president,* at *branch presidency*. Ang mga katagang *stake, stake president,* at *stake presidency* ay angkop din sa *district, district president,* at *district presidency*.

## MGA EPEKTIBONG WARD COUNCIL

Narito ang partikular na payo para sa pagpapatakbo ng mga epektibong council na ibinigay sa pangkalahatang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010.

**Ang mga epektibong council ay:**

- Gumugugol ng kaunting oras sa pagiiskedyul, pagpaplano ng aktibidad, at iba pang gawaing pang-administratibo.
- Nagtutuon sa mga bagay na magpapalakas sa mga indibiduwal at pamilya.
- Nag-aanyaya na lubos na magpahayag ang lahat ng miyembro ng council, na nagkakaisa namang sumuporta sa mga pasiya ng bishop pagkatapos.
- Pinagsasama-sama ang mga ginagawa ng mga organisasyon upang tugunan ang mga pangangailangan ng indibiduwal, pamilya, at organisasyon.
- Nagpupulong nang regular, mas madalas kaysa sa nakasaad sa dating mga hanbuk, ngunit karaniwan ay hindi lumalampas sa 60 hanggang 90 minuto.
- Iniingatan ang kompidensyal na bagay. ■



LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH

# **Magagamit na Ngayon ang** Bagong LDS.org

**Ni Breanna Olaveson**
Mga Magasin ng Simbahan


Mga limang taon na ang nakalipas mula nang ilunsad ang kasalukuyang LDS.org, na naglalaan ng mga database ng mga sanggunian para sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngunit napakalaki na ng ipinagbago ng Internet simula noon, at nang mag-ibayo ang kakayahan ng teknolohiya, gayon din ang mga posibilidad para sa LDS.org.

Ang bagong LDS.org, na tinatawag ding LDS.org 3.0, ay ginawa upang magamit ang ilan sa mga bagong kapasidad ng Internet, upang maging mas maganda itong tingnan, mas kapaki-pakinabang sa mga miyembro, at mas madaling gamitin.

Bagama't kasalukuyan pang ginagawa ang ilang bahagi ng site, magandang pagkakataon din ang pagkalikha ng bagong site para mabigyan ng muling pokus ng mga lider ng Simbahan ang estratehiya ng site.

"Maraming taon na tayong mayroong LDS.org, ngunit ang nilalaman nito ay mas ibinatay sa kailangang iparating ng mga departamento ng Simbahan kaysa mga pangangailangan ng mga gumagamit nito," sabi ni Elder Craig C. Christensen ng Pitumpu. "Sa pagdidisenyo ng site na ito, itinanong namin, 'Ano ang kailangan ng mga miyembro ng Simbahan, at paano sila matutulungan ng Simbahan?' "

Ang LDS.org 3.0 ay nakatuon sa pagbibigay-diin sa mga turo ng mga buhay na propeta, nagpapadali sa pag-aaral ng banal na kasulatan online, na nagbibigay ng mga paraan para maibahagi ang ebanghelyo, nagpapadali sa paghahanap ng mga materyal, at nagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika.




***Ang bagong LDS.org ay nakatuon sa mga turo ng makabagong mga propeta, nagbibigay ng mas magagandang kasangkapan sa pag-aaral online, at may higit na kakayahan sa pagsasaliksik.***

## Mga Turo ng mga Buhay na Propeta

Dahil maraming tinig ang nagpapaligsahan para mapansin sa Internet, ang bagong LDS.org ay nakatuon sa pagbibigay-diin sa isang partikular na tinig—ang tinig ng propeta.

Sabi ni Lee Gibbons, direktor ng LDS.org, ang layunin ay pahalagahan ang mga turo ng mga makabagong propeta at apostol sa paglikha ng "daan" na nakatuon sa kanilang ministeryo at sa itinuturo nila ngayon.

Tampok sa bahaging The Prophets and Apostles Speak Today ang mga bagong mensahe at nagbibigay ng mga personal na kabatiran mula sa buhay at ministeryo ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol.

## Mga Kasangkapan sa Pag-aaral ng Ebanghelyo Online

Ang dating bersyon ng LDS.org ay nagbigay ng akses sa mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal ng Simbahan, ngunit ang bagong site ay naglalaan ng mga kasangkapan sa pag-aaral online.

Sa pag-sign-in sa site, ang mga gumagamit ay maaaring markahan at salungguhitan ang mga talata, sumulat ng mga paalala, sumulat ng journal ng mga napag-aralan at isaayos sa mga file ang mga materyal para magamit kalaunan. Ang mga ito ay para sa lahat ng nilalaman sa bahaging Study ng

site, na kinabibilangan ng mga banal na kasulatan, pangkalahatang kumperensya, mga manwal ng aralin, mga magasin ng Simbahan, at iba pa.

### Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Ang nilalaman ng bagong site ay gumagamit ng iba't ibang uri ng media tulad ng video, audio, potograpiya, sining ng ebanghelyo, at iba pang graphics upang maiparating ang mensahe ng ebanghelyo. Ngunit ang nilalaman nito ay hindi lamang para sa mga miyembro ng Simbahan. Tulad ng ebanghelyo, dapat itong ibahagi. Karamihan sa nilalaman ng site ay isinama sa mga popular na social networking site at e-mail para madaling maibahagi ng mga gumagamit ang nilalaman nito at mahikayat ang kanilang mga kaibigan na matuto pa tungkol sa ebanghelyo.

"Hindi lamang may pagkakataon, kundi marahil ay may panawagan din sa mga miyembro na dapat silang higit na magbahagi," sabi ni Brother Gibbons. "Sinisikap naming maipagawa iyan."

### Bagong Kakayahan sa Pagsasaliksik

Ang isa pang mahalagang bahaging napaganda ay ang kakayahan ng site sa pagsasaliksik. Ang search bar, na nasa itaas ng halos bawat pahina sa site, ay nagbibigay ng maikling listahan ng inirerekomendang resulta, partikular na pinili para sa maraming paksang madalas saliksikin. Ang kumpletong listahan ng lahat ng materyal na tumutugma sa mga katagang sinasaliksik ay makukuha na rin.

Ang results page ay nagmumungkahi rin ng magkakasinghulugan na maaaring magbigay ng mas magagandang resulta at opsiyon upang mapahusay ang pagsasaliksik.

### Mga Wika

Ang New.LDS.org ay isang Web site para sa pandaigdigang Simbahan, at isasalin ito nang baha-bahagi sa 11 wika habang ang mga pagsasalin ay tinatapos at inaaprubahan. Tinatayang 90 porsiyento ng mga miyembro ng Simbahan ang nagsasalita ng isa sa 11 wikang ito: Cantonese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean, Mandarin, Portuguese, Russian, at Spanish. ■

# Nagsimulang Maglingkod ang mga **Bagong Temple President**

Simula noong Nobyembre 1, 2010, 53 bagong temple president at kanilang mga asawa ang nagsimulang maglingkod sa mga templo sa iba't ibang panig ng mundo. Kasalukuyang may 134 na templong nagagamit sa iba't ibang panig ng mundo at 23 pa ang ibinalita o kasalukuyang itinatayo.

| | |
|---|---|
| **Aba Nigeria** | Alexander A. at Theresa A. Odume* |
| **Anchorage Alaska** | Melvin R. at Sharon V. Perkins |
| **Birmingham Alabama** | Kent R. at Geniel R. Van Kampen |
| **Campinas Brazil** | George A. at Jeannette N. Oakes |
| **Caracas Venezuela** | Luis M. at Juana P. Petit |
| **Chicago Illinois** | Paul W. at Ann P. Castleton |
| **Ciudad Juárez Mexico** | Manuel at Elsa M. Araiz |
| **Cochabamba Bolivia** | Lee W. at Connie C. Crayk |
| **Columbia River Washington** | T. Dean at Patrice A. Moody |
| **Columbus Ohio** | Edward J. at Carol B. Brandt |
| **Copenhagen Denmark** | H. Hjort Nielsen at Ellen Haibrock |
| **Curitiba Brazil** | José M. at Aida C. Arias |
| **Dallas Texas** | Robert C. at Talmadge M. Packard |
| **Detroit Michigan** | Phillip G. at Margaret K. Pulsipher |
| **Draper Utah** | Russell E. at Christine C. Tueller* |
| **Edmonton Alberta** | Bryce D. at Kathryn Card |
| **Fresno California** | Paul B. at Judith H. Hansen |
| **Guadalajara Mexico** | Jaime F. at M. Teresa Herrera |
| **Halifax Nova Scotia** | Douglas M. at Carol Ann Robinson |
| **Hamilton New Zealand** | James at Frances M. Dunlop |
| **Hong Kong China** | John M. at Lydia C. Aki |
| **Johannesburg South Africa** | Kenneth S. at Muriel D. Armstrong |
| **Kyiv Ukraine** | B. John at Carol Galbraith* |
| **Lima Peru** | Robert W. at Kay Lees |
| **London England** | C. Raymond at Irene M. Lowry |
| **Manhattan New York** | W. Blair at Suzanne J. Garff |
| **Medford Oregon** | David J. at Pauline Davis |
| **Melbourne Australia** | Malcolm R. at Ruthje M. Mullis |

**Ang mga mag-asawang ito ay nagsimulang maglingkod noong nakaraang buwan.*

LARAWANG KUHA NI MATT REIER



*Ang Twin Falls Idaho Temple ay isa sa 53 templong nagkaroon ng bagong pangulo noong Nobyembre 1, 2010.*

| | |
|---|---|
| **Memphis Tennessee** | T. Evan at Lou Anne W. Nebeker |
| **Mérida Mexico** | Zeniff at Elizabeth Mejía |
| **Monterrey Mexico** | C. Juan Antonio at Isabel S. Machuca |
| **Nashville Tennessee** | R. Lloyd at Judy R. Smith |
| **Nauvoo Illinois** | Spencer J. at Dorothea S. Condie |
| **Nuku'alofa Tonga** | Pita F. at Lani A. Hopoate |
| **Orlando Florida** | David T. at Lana W. Halversen |
| **Panama City Panama** | D. Chad at Elizabeth B. Richardson |
| **Perth Australia** | Geoffrey J. at Lesley M. Liddicoat |
| **Portland Oregon** | Myron G. at Gearldine T. Child |
| **Provo Utah** | Robert H. at Janet L. Daines |
| **Raleigh North Carolina** | J. Mitchel at Z. Sue Scott |
| **Reno Nevada** | Franklin B. at Joyce C. Wadsworth |
| **Rexburg Idaho** | Clair O. at Anne Thueson |
| **Santiago Chile** | Julio E. at Elena Otay |
| **Santo Domingo Dominican Republic** | Larry K. at Joann W. Bair |
| **Seattle Washington** | Donald E. at Jane H. Pugh |
| **Seoul Korea** | Song Pyung-Jong at Yang Gye-Young |
| **Spokane Washington** | Charles H. at Elizabeth M. Recht |
| **St. George Utah** | Bruce C. at Marie K. Hafen |
| **St. Paul Minnesota** | C. Kent at Karen J. Hugh |
| **Tampico Mexico** | Barry R. at Risa L. Udall |
| **Tuxtla Gutiérrez Mexico** | Jorge D. at Irma Del Toro Arrevillaga |
| **Twin Falls Idaho** | Karl E. at Beverly C. Nelson |
| **Winter Quarters Nebraska** | Maury W. at Joan Schooff ■ |



# Mas Madali nang Makabili ng mga Materyal dahil sa Online Store

Nahihirapang maglakbay ang karamihan sa 14 na milyong miyembro ng Simbahan para makapunta sa isa sa 130 tindahan para makabili ng mga materyal ng Simbahan. Kaya binago ng Church Distribution Services ang proseso. Ang bagong online store na ang nagpapadala ng mga materyal sa mga miyembro.

Pinadadali ng Store.lds.org ang pag-order ng mga materyal sa pag-aaral ng ebanghelyo, musika, media, sining, garment at kasuotan sa templo, sangguniang pantahanan at pampamilya, at iba pang mga materyal. Walang bayad ang pagpapadala ng mga materyal sa iba't ibang panig ng mundo, at maliit lang ang bayad para mapabilis ang pagpapadala.

Tutukuyin ng mga gumagamit ng site ang kanilang bansa. Kapag mayroon nang online store para sa isang bansa, ipapakita nito ang mga produktong mabibili sa pangunahing wika ng bansang iyon at lahat ng presyo ay nakalista sa halaga ng pera sa lugar na iyon. May ilang libreng materyal na maaaring direktang i-download mula sa site.

Pinalitan ng bagong site ang ldscatalog.com at pinasimulan ito sa wikang English, Spanish, at Russian. Makukuha rin ito sa mga susunod na buwan sa iba pang mga wika, kabilang na ang Portuguese, French, German, Italian, Japanese, Korean, at Chinese, sa gayong pagkakasunud-sunod. ■

# KOMENTARYO

## Nagsisikap Maging Halimbawa

Nais kong malaman ninyo na gustung-gusto kong magbasa ng magasing *Liahona*, at alam ko na naroon ang mga salita ng propeta. May patotoo ako sa katotohanan ng Aklat ni Mormon at sa panalangin. Nagpapasalamat ako sa ebanghelyo sa aking buhay, at sinisikap kong maging halimbawa sa ibang mga kabataang hindi pa nakaaalam sa salita ng Panginoon.

**Tatiana G., edad 15, Uruguay**

## Nanuot sa Aking Kaluluwa ang Kapayapaan

Hindi pa ako miyembro ng inyong simbahan, ngunit napupuspos ako ng galak, pagmamahal, at kapayapaan dahil sa wakas ay natagpuan ko na ang katotohanan. Binigyan ako ng isang kaibigan ng kopya ng *Liahona* at ng Aklat ni Mormon para basahin, at kahit natagpuan ko ang katotohanan sa mga ito, nag-atubili ako dahil may ilang taong nagsabi sa akin na hindi maganda ang simbahang ito.

Ngunit dahil nadama ko ang mga katotohanan tungkol kay Cristo, muli akong nagbasa, at ngayon ay nanuot na sa aking kaluluwa ang kapayapaan. Ang mga turo ay malinaw at nagbibigay-inspirasyon—at dahil iyan sa presensya ng Espiritu. Walang yunit ng Simbahan sa lugar na tinitirhan ko, ngunit dalangin ko na magbukas ng daan ang Panginoon para makarating sa aking lungsod ang ipinanumbalik na ebanghelyo at mabinyagan ako.

**Konan Alphrede, Côte d'Ivoire**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

## MAIIKLING BALITA SA **BUONG MUNDO**

### Mayroon nang Japanese Triple Combination Online

Ang Japanese edition ng triple combination, na pinagsama sa iisang aklat ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas, ay makukuha na online sa scriptures.lds.org/jpn. Mayroon ding audio recording nito sa site na iyon at makukuha sa CD sa lalong madaling panahon. Ang site para sa mga banal na kasulatan ay may mga talababa, mapa, at larawan, at nagtutulot sa mga mambabasa na markahan ang mga banal na kasulatan at magsaliksik ayon sa mahahalagang salita. Ang site para sa mga banal na kasulatan ay nasa 19 na wika na ngayon.

### Nakakatulong ang mga Gabay na Sanggunian ng mga Kabataan sa mga Guro

Ang bagong mga gabay na sanggunian ay suplemento sa mga manwal ng mga aralin ng Aaronic Priesthood at Young Women, *Pagkasaserdoteng Aaron Manwal 3* at *Mga Kabataang Babae Manwal 3,* para sa 2011. Ang mga gabay ay naglalaan sa mga guro ng mga reperensya sa katatapos na pangkalahatang kumperensya, mga tanong na pantalakayan, mga karagdagang reperensya sa mga banal na kasulatan, at mga ideya sa aktibidad na tumutugma at nagpapaalala sa mga kasalukuyang aralin, para lalong maging angkop sa mga isyung kinakaharap ng mga kabataan ngayon. Makukuha ang mga gabay sa 27 wika sa mga distribution center ng Simbahan o online sa resourceguides.lds.org.

### Naghahanap na ang Simbahan ng mga Gaganap sa Proyekto sa Bagong Tipan

Sa pagsisikap na makaganyak ng mga kalahok mula sa iba't ibang panig ng mundo para sa proyektong pampelikula ng LDS Motion Picture Studio sa Bagong Tipan, gumawa ng isang Web site ang Simbahan, ang casting.lds.org, kung saan makakapag-aplay ang mga interesadong miyembro ng Simbahan bilang artista o ekstra sa lahat ng pelikula at video na gagawin ng Simbahan, kabilang na ang proyekto sa Bagong Tipan. Ang pagsasapelikula ay magsisimula sa tagsibol ng 2011 sa Salt Lake City, Utah, USA, at magpapatuloy hanggang sa tag-init.

### Mayroon nang mga Bagong DVD para sa Pag-aaral ng D at T

Tumutulong ang bagong set ng apat na DVD sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan. Ang set ay naglalaman ng mga interactive chart, mga sipi mula sa mga propeta at apostol sa mga huling araw, mga ipinintang larawan, at mga aktibidad sa pagkatuto. Tampok dito ang mga video tulad ng *Pamana, Bundok ng Panginoon,* at *Joseph Smith: Ang Propeta ng Panunumbalik,* na ipinalalabas na sa Joseph Smith Memorial Building noon pang Disyembre 2005. Ang *Doctrine and Covenants and Church History Visual Resources DVDs* ay mayroon na sa English, Portuguese, at Spanish. Mag-order online sa store.lds.org o tumawag sa 1-800-537-5971. Tingnan kung may mabibili na sa mga lokal na distribution center. ■

## MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Pagkatutong Makinig at Umunawa sa Espiritu,"** p. 24; at **"Ang Gagamba at ang Marahan at Banayad na Tinig,"** p. 68: Itinuturo sa atin ng mga artikulong ito ang kahalagahan ng pagkilos ayon sa mga pahiwatig ng Espiritu. Bago basahin nang malakas ang isa sa mga artikulo, anyayahan ang mga kapamilya na pakinggan ang mga paraan na makikilala nila ang Espiritu. Matapos basahin ang artikulo, maaari ninyong ikuwento ang isang pagkakataon na nadama ninyo ang Espiritu Santo at anyayahan ang mga kapamilya na gawin din iyon.

**"Mga Talinghaga ng Nawala at Natagpuan,"** p. 32: Upang maituro sa mga kapamilya ang kahalagahan ng paghahanap sa mga espirituwal na nawala, maaari kayong maglaro ng taguan. Pagkatapos ng laro, magbasa ng isa o dalawang kuwento mula sa artikulong ito at ibahagi ang natutuhan ninyo tungkol sa paghahanap sa mga nawala. Maaari ninyong tukuyin ang mga kapitbahay o kaibigang maaari ninyong bisitahin at kumustahin. Pagkatapos ay talakayin ang mga paraan para mapabalik ninyo sila sa simbahan.

**"Ang Ebanghelyo ay Para sa Lahat,"** p. 54: Itinuturo sa artikulong ito na "walang ulirang katangian para sa maaaring maging miyembro ng Simbahan." Upang maituro ang konseptong ito, isiping pagpalit-palitin ang mga tatak sa mga pagkaing de-lata o maglagay ng asukal sa lalagyan ng asin. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na pumili ng de-latang kakainin o tikman ang "asin." Matapos gawin ito, basahin ang artikulo ni Elder Godoy. Bilang pamilya, isipin yaong mga mababahaginan ninyo ng ebanghelyo—maging yaong mga hindi akma sa "ulirang katangian" ng magiging miyembro ng Simbahan.

**"Bubuhatin Ka Namin!"** p. 62: Bilang pamilya mababasa at matatalakay ninyo ang artikulong ito kapag ang mga kapamilya ay nakatulong na sa iba o napaglingkuran na ng iba. Pagkatapos ay mag-isip ng mga paraan para makapaglingkod. Magagawa ninyong aktibidad sa darating na family home evening ang inyong plano. ■

# ISANG UPUAN SA PIGING NG KASINTAHANG LALAKI

**Ni Melissa Merrill**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang pagpunta sa isang handaan sa kasal nang mag-isa ay hindi laging komportable. Ngunit nang imbitahan ako ng matagal ko nang kaibigan sa hapunan sa kanyang kasal, alam ko na hindi ko dapat palampasin ang oportunidad na magdiwang kasama niya at ng kanyang mapapangasawa.

Sa araw ng kasal, dumating ako bago magsimula ang hapunan. Nakakita ako ng bakanteng upuan at tinanong ko ang isa sa mga babae sa mesa kung may nakaupo na roon.

"*Imbitado* ka ba?" tanong niya, na may paghihinala.

Wala akong ideya kung bakit siya nagtanong—o kung bakit ganoon siya magtanong. Wala namang tumitingin sa listahan ng mga bisita. Ang mga upuan ay hindi nakatalaga sa sinuman. Dumating ako sa oras at maayos ang bihis ko. Ano kaya ang problema?

Kinakabahan akong ngumiti. "Kaibigan ako ng lalaking ikinasal," pagtiyak ko sa kanya. Tumango siya, kaya umupo ako at sinikap makipag-usap nang magiliw sa anim na mag-asawa sa mesa. Ang pagkaasiwa ko kanina ay mas tumindi dahil sa "pagtanggap" na naranasan ko. Desperadong inilibot ko ang aking tingin sa silid para maghanap ng isang tao—kahit sino—na kilala ko, ngunit maliban sa kaibigan kong ikinasal, wala akong makitang pamilyar na mukha saanman.

Ngunit may nangyari. Ang kaibigan ko, na nakaupo sa tabi ng kanyang asawa sa harap ng mataong bulwagan, ay tumayo. Nang nakatayo na siya, nakita niya ako sa kabilang panig ng silid. Huminto siya sandali, ngumiti, at inilagay ang kanyang kamay sa tapat ng kanyang puso na parang sinasabing, "Salamat sa iyong pagdating. Alam kong nagsakripisyo ka upang makarating dito. Napakahalaga sa amin na narito ka."



*Nakadama ako ng lubos na kapanatagan at kaligayahan. Anuman ang inisip ng iba, sa pagtaya ng bagong kasal, kabilang ako roon.*

Nakadama ako ng lubos na kapanatagan at kaligayahan. Anuman ang inisip ng iba, sa pagtaya ng bagong kasal, kabilang ako roon. Ngumiti ako habang ginagaya ko ang ginawa niyang paglalagay ng kamay sa tapat ng kanyang puso. Sana alam ng kaibigan ko kung gaano ko kagustong makipagdiwang at makibahagi sa kagalakan nilang mag-asawa. Anuman ang nadama kong pagkaasiwa ay naglaho sa 10-segundong iyon ng pagpapahayag ng pagkakaibigan, at ginugol ko ang buong gabi nang may sigla.

Makalipas ang mga araw, sa paghahandang magturo ng isang aralin sa Relief Society, pinag-aralan ko ang Mateo 22 at nabasa ko ang tungkol sa isang hari na naghahanda ng piging para sa kasal ng kanyang anak na lalaki, na kumakatawan sa Tagapagligtas. Tungkol sa mga talatang ito ng banal na kasulatan, itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Yaong sumusunod sa mga utos ng Panginoon at nagpapamuhay ng Kanyang mga panuntunan hanggang sa huli, [ay ang] mga tao na tanging pinahihintulutang maupo sa maluwalhating piging na ito. . . . Ang mga yaon na iningatan ang pananampalataya ay mapuputungan ng putong na katuwiran; madaramitan ng puting kasuotan; matatanggap sa piging ng kasal; mapalalaya sa lahat ng paghihirap, at maghaharing kasama ni Cristo sa mundo."[1] Ang pangakong iyan ay may bisa anumang oras, ngunit lalo na dahil sa naranasan ko noong araw na iyon.

Habang itinuturo ko ang aralin, natanto ko na pagsunod ang tanging kailangan para matanggap ang paanyaya mula kay Jesucristo upang magalak na kasama Niya, na magkaroon ng lugar sa Kanyang piging. At ang piging na iyan ay hindi kailangang ikabalisa ng mga bisita dahil sila ay *talagang* kabilang dito. Bagama't malayu-layo pa ako sa pagiging lubos na masunurin, umaasa akong magiging karapat-dapat ako balang-araw na salubungin ang Kasintahang Lalaki at masabi habang nakatutop ang kamay sa tapat ng aking puso—isang pusong sumuko sa Kanyang kalooban—na magsasabi, "Masaya ako't narito ako." ■

**TALA**
1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 192, 193.

LARAWANG KUHA NI JOHN LUKE



MGA SALITA NI CRISTO

*Mga Batang Naglalaro sa Bakod na Kahoy,*
ni Anne Marie Oborn

*"At tungkol sa pananamit, bakit kayo nangababalisa? Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung paanong nagsisilaki; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid man:*

*"Gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, na kahit si Salomon man, sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito.*

*"Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalonglalo na kayong pararamtan niya?" (Mateo 6:28–30).*



Sa mga talinghaga sa Lucas 15, gumala ang tupa, nawala ang isang piraso ng pilak, at nilustay ng alibughang anak ang kanyang mana. Ngunit ginalugad ng pastol ang ilang, winalis ng babae ang bahay, at hinintay ng mapagpatawad na ama ang pagbabalik ng kanyang anak. Tayo man ay makasusunod sa panawagan ni Pangulong Thomas S. Monson na "tulungan natin at iligtas ang mga naliligaw ng landas, upang wala ni isang mahalagang kaluluwang mawala." Basahin ang apat na kuwento sa "Mga Talinghaga ng mga Naligaw at Natagpuan," pahina 32.

TAGALOG
4 02096 82893 1